# ULOS

Agosto 2016

Pangkulturang Dyornal ng
Pambansa-Demokratikong Kilusan
sa pangangasiwa ng
Artista at Manunulat ng Sambayanan (ARMAS)
sa pamamatnubay ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM)

*Ang pabalat na nilikha nina Ka Artemio at Ka Firefoot ay nagpapahiwatig ng sining biswal na nakapaskil sa pader o street art. Pumapagitna rito ang armadong pakikibaka, sa likod ang rebolusyonaryong kilusang lihim, sa likurang flap ang hayag na demokratikong kilusang masa, samantalang sa unahang flap ang mga martir na sina Armando Teng, Lucio de Guzman, Melito Glor, Lorena Barros, Racquel Aumentado, Gregorio Rosal at Eduardo Serrano.*





ANG BAWAT LIKHANG-SINING SA ISYUNG ITO NG ULÓS AY MAAARING IPALAGANAP SA ANUMANG PARAAN O ANYO; ANG MGA AWIT, TULA, KWENTO, SANAYSAY AT SINING BISWAL AY MAAARING SIPIIN SA MGA PANUNURI AT ITANGHAL SA MGA PULONG-MASA AT MGA PAGTITIPON NG MGA REBOLUSYONARYONG PWERSA; MAAARING ISALIN SA IBANG WIKA AT ILATHALA SA MGA PUBLIKASYON NG PAMBANSA-DEMOKRATIKONG KILUSAN.

HINIHIKAYAT ANG LAHAT NG KASAMA SA KANAYUNAN MAN O SA LUNSOD NA MAG-AMBAG NG KANILANG MGA AKDA AT IBA PANG LIKHANG SINING. ANUMANG MGA PUNA AT MUNGKAHI AY MALUGOD NAMING TINATANGGAP SA DIWA NG IBAYO PANG PAGPAPAUNLAD SA ATING REBOLUSYONARYONG SINING AT PANITIKAN.

*Inihahandog*
*ng Artista at Manunulat ng Sambayanan (ARMAS) ang isyung ito ng ULOS*
*sa mga namartir na kadre at aktibistang pangkultura ng Timog Katagalugan.*

*Ma. Lorena Barros*
*Armando Teng, Ka Simeon*
*Gregorio "Ka Roger" Rosal*
*Pamela Jane Lapis, Ka Sol*
*Marjorie Manto, Ka Mawen*
*Eduardo Serrano, Ka Eddik*
*Raquel Aumentado, Ka Nika*
*Misael Burgos, Ka Gerard*
*Manases Tena, Ka Marlou*
*Emmanuel Florendo, Ka Edu*
*Marlon Caacbay, Ka Ope*
*Elmer Briña, Ka Maolen*
*Jayjay Monasterio, Ka Binbin*
*Jayson Pagalan, Ka Udyr*
*Emmanuel delos Reyes, Ka Wendy*
*Renante Medina, Ka Luis*
*Rowan Labo, Ka Devon*
*Symone Donacao, Ka Mario*
*Kristine Quevedo, Ka Mina*
*Karen Joy dela Cruz, Ka Lailee*
*Mark Anthony Velasco, Ka Rowan*
*Deborah Stoney, Ka Adela*
*Stephen Lester Barrientos*
*Armando Cerna, Ka Sixto*
*Marcos Valentin*
*Darwin Amay, Ka Rio*
*Arman Albarillo, Ka Jun*
*Ka Jed*

*Ang kanilang kasigasigan at mga obra ay nag-ambag ng matingkad na kulay sa kambas ng rebolusyonaryong kultura na patuloy na nagiging inspirasyon ng mga kasamang nagpapayaman sa kanilang nasimulan hanggang mabuo ang maliwanag na larawan ng tagumpay.*




# Timog Katagalugan

# Nilalaman


Paghahandog 3

Pambungad: Sa Tarangkahan ng Maynila Yumayabong ang Rebolusyonaryong Kultura
*Mula sa Patnugutan ng ULOS* 7

Pambukas: Pakikibaka at Pagpupunyagi sa Tarangkahan ng Kamaynilaan *ng Armas-Timog Katagalugan* 12

Pagpupugay 20

## KILUSANG MANGGAGAWA

MANGGAGAWA, MANDIRIGMA *ni Ka Lina* 26

AKO SI WENDY *ni Ka Ayto* 31

Ang Diwata sa Tabing Ilog *ni Ka Ayto* 36

Balita ng Paglaya *ni Ka Insiang* 41

Kalatas kay Lucio Tan at mga Katulad Niya *ni Silvia Madiaga* 44

Bihis ng Pagbabalikwas *ni Ka Alena* 45

## KILUSANG MAGSASAKA

Baguhin ang Partihan *ni Ka Sol* 50

Pikad Maglulukad *ng Pulang Bandila* 52

Ang Aming Hukbo *ni Ka Mindo* 56

Mga Ambahan 57

Sa Bulawanan *ni Ka Artsi* 58

Sa Minahan *salin ni Ka Artsi* 59

Ang Baka ay Maylupa ang Magsasaka ay Busabos at Dukha
*ni Ka Goryo* 60

Paalam, Ka Nestor *ni Ka Goryo* 61

## ARMADONG PAKIKIBAKA

Ubos Kaya *ni Ka Sol* 64

Ang Tatlong Sangkap *ni Ka Mindo* 66

Kumandera *ni Ka Oryang* 68

Destinasyon *ni Ka Althea* 73

BP at Baril *ni Ka JP* 75

Masalimuot ang asimut *ni Ka Eman* 77

Unang Pagsusulit *ni Ka Oxen* 78

Sulat *ni Ka Udyr* 82

Ang Masa Lamang ang Tunay na Bayani *ni Ka Andy* 84

May Isang Libo't Isang Paraan ang Masa *ni Ka Fiel* 88

Nanay, Tatay *ni Freida Miral* 90

Oktubre Katorse, Dosmil Kinse *ni Ka Daniel* 91

Alaala ng Iyong Paglisan *ni Lire Rosa* 92

SULONG, PULANG MANDIRIGMA *nina Ilyan, Mulan, Drew at Emman* 93

Amtam Yaman Nayaw *salin sa Buhid* 95

Gintong Silahis 95

## MGA ALON SA DAGAT NG NAKARAAN

Pagpupundar ng Rebolusyon sa Laguna at Batangas *ni Ka Nap* 98

Pagpundar ng Pakikidigmang Gerilya sa Mindoro *ni Ka Heremias* 110

Pagbawi't pagpapanibagong sigla sa Bondoc Peninsula *ni Ka Rolex* 119

Pangwakas: Ang Makabuluhang Papel ng Gawaing Propaganda At Kultura Sa Rebolusyonaryong Pakikibaka *ng Armas-TK* 130

Pasasalamat 136

Pambungad

# Sa Tarangkahan ng Maynila Yumayabong ang Rebolusyonaryong Kultura

*Mula sa Patnugutan ng ULOS*



Bira sa Maynila. Atras sa San Mateo, Montalban, Cavite. Mag*hold-out* at magpalakas sa Quezon. Ikot sa Laguna at bira ulit sa Maynila. Laban ba ito nina Matienza ng Batangas, nina Jacinto at Sakay ng Laguna, ng HMB sa Quezon, o ng BHB sa Timog Katagalugan? Naikintal na

sa kasaysayan ang matagal na pakikibaka ng rehiyong ito.

Sa unang pagkakataon ay itinatampok sa ***ULOS*** ang Timog Katagalugan. Ang rehiyong ito ang isa sa pinakamakapal ang populasyon at napakahaba ng tradisyon ng rebolusyonaryong pakikibaka mula pa noong panahon ng Katipunan, ng HukBaLaHap, HMB, hanggang sa matagalang digmang bayang inilulunsad ngayon.

Dahil nasa tarangkahan, nailagay sa natatanging katayuan ang TK na mabilis na nasasaklaw ng mga pagbabago sa Kamaynilaan at madali ring nalalaman sa sentrong lunsod ang mga kaganapan rito. Nakasalang ito sa walang kabusugang pananakop ng mga monopolyo kapitalistang dayuhan, malalaking burgesya kumprador at panginoong maylupa sa papalaking lupa para sa mga pabrika, mga *resort* at aliwang panturista, mga enklabo para sa dayuhang kapitalista. Umiiwas sila sa sikip ng Maynila at mas mataas na buwis nito at nahahalina sa lakas paggawang labis na pinamura ng lumobong dami ng magsasakang nawalan ng kabuhayan.

Tumatagos ang ganitong katangian sa nilalaman at anyo ng mga likhang-sining ng Katagalugan. Nabubuo ang kultura ng pinagsanib na mga pumapasok na pagbabago ng kalunsuran at ng nananatiling pagkaatrasado ng malawak na kanayunan, sa lunan ng malalim na tradisyon ng rebolusyonaryong pakikibaka at ng kasalukuyang matinding digmaan.

Inilalarawan sa isyung ito ng ***ULOS*** ang isang nakababagabag na tanawin ng mga pamilyang nawalan ng lupa at tahanan dahil "nililinis" ng gubyerno ang mga tabing-ilog o kaya'y nagtatayo ng *golf course* para sa mayayaman, ng manggagawang nakipagsapalaran at napahamak sa ibang bansa o kaya'y pinahihirapan ng walang katapusang pang-eendo.

Nakakaantig sa mismong pagkapayak ng kanilang pagsalaysay ang mga dagling **Ako si Wendy** ni Ka Ayto, **Magandang Balita** ni Ka Insiang, **Manggagawa, Mandirigma** ni Ka Lina, at **Ang mga Diwata sa Tabing-Ilog** ni Ka Ayto. Hindi maiwasan ng mambabasa na masangkot sa tiim-bagang na galit ng mga manggagawang nakikibaka sa kwentong **Bihis ng Pagbabalikwas** ni Ka Alena at tulang **Kalatas kay Lucio Tan at mga Katulad Niya** ni Silvia Madiaga. Sa huli'y taglay rin ng mga akdang ito ang lakas ng loob at pakikibaka ng mga manggagawa para sa mas maaliwalas na bukas.

Nakapalibot sa mga pabrika at enklabo ang malawak na kanayunang dumaranas ng kahirapan at kawalang katarungan, pagpapahalaga sa kapital at kayamanan kaysa sa mga tao. Kahirapan itong



naisalarawan ng tulang **Ang Baka ay Maylupa, ang Magsasaka ay Busabos at Dukha** ni Ka Goryo. Hanggang sa kasuluksulukan ng kanayunan, sa lugar ng mga katutubo, ay nariyan ang panghihimasok ng naghaharing uri. At dahil inaapi, lumalaban at ipinagwawagi ng mga magsasaka ang kanilang mga kampanya sa rebolusyong agraryo. Ang dula ng Pulang Bandila na **Pikad Maglulukad** at awiting **Baguhin ang Partihan** ni Ka Sol ang naging panawagan sa matagumpay na kampanyang magsasaka sa Bondoc Peninsula. Nariyan din ang panawagan sa pagkakaisa ng mga **ambahang** katutubo, at ang pagsanib ng katutubong kultura sa kultura ng rebolusyon. Isinama sa koleksyong ito ang **Gintong Silahis** bilang halimbawa ng maraming mga popular na kanta na isinalin sa katutubong lengguwahe at naging bahagi na ng katutubong kultura.

Ang ikatlong seksyon ng ***ULOS*** ay nakapatungkol sa armadong pakikibaka sa rehiyon. Nagpapakita ng pagkilos ng masang magsasaka para sa armadong pakikibaka ang tula ni Ka Fiel na **May Isanlibo't Isang Paraan ang Masa** at ang kwentong **Ang Masa Lamang ang Tunay na Bayani!** ni Ka Andy kung saan pinangangalagaan ng masa ang hukbong bayan bilang kanilang sariling hukbo. Katapat naman ng temang ito ang pagmamalasakit ng hukbong bayan sa magsasaka sa tulang **Ang Aming Hukbo** ni Ka Mindo. Sa tula ni Freida Miral na **Nanay, Tatay**, naging pagsisikap na ng buu-buong pamilya ang pakikibaka. At sa liham ni Ka Udyr sa kanyang karelasyon, nariyan ang pangingibabaw ng paglahok sa armadong pakikibaka bagaman masakit ang pagkakalayo sa mahal sa buhay.

Itinutulak at binibigyang sigla ang pagpupunyagi sa armadong pakikibaka ng awiting **Ubos-Kaya** ni Ka Sol at **Sulong Pulang Mandirigma** ng Pulang Bandila at pagbigo sa mga operasyon ng kaaway upang sumulong sa mas mataas na antas ng digmang bayan. Kabilang sa pagsulong na ito ang mga pagsisikap sa pagpapaunlad ng kakayahan ng

hukbong bayan sa tulang **Masalimuot ang Asimut** ni Ka Eman. Nariyan din ang pagpapaunlad ng ispesyalisadong gawain sa pag-isnayp at sa gawaing medikal na inilalarawan ng tulang **BP at Baril** ni Ka JP at kwentong **Unang Pagsusulit** ni Ka Oxen.

Sa matagalang digmang bayan, malaki ang papel ng Timog Katagalugan sa pagyanig sa kaaway sa kanya mismong sentro kahit nagpapalakas pa lang ang hukbong bayan sa buong bansa.



Itinatakda ng mga partikular na katangian ng digmang bayan ang pagtutuwang ng Timog Katagalugan at Gitnang Luzon sa pagkubkob sa sentrong lunsod, kaya't sa mas mataas na antas ng matagalang digma, kakatok ang mga armas ng rebolusyonaryong hukbo sa tarangkahan ng Kamaynilaan.

Sa gayon, ang digmaan dito ay lubhang mahirap at malupit. Napakaigting ng pagbabantay ng kaaway rito, kapwa sa kanilang pang-ekonomyang mga interes at sa pagtatanggol sa kanilang sentro ng kapangyarihan. Sa pagsimula pa lang ng unang mga industriya sa pagkain at kasuotan na itinayo sa Canlubang Sugar Estate at HaciendaYulo noong maagang bahagi ng dekada sitenta ay nakapusisyon na sa karatig ang Camp Vicente Lim ng PC at Camp Eldrige ng MIG-4. Mula sa Oplan Black Orchids noong 1976 na lumipol kina Ka Lorena Barros at nagtaboy sa BHB mula sa Kagitingan, sa Project Bold na bumiktima kina Rizalina Ilagan, Jessica Sales at marami pang ibang kabataan noong 1977, hanggang sa Oplan Habol Tamaraw ni Palparan noong 2000-2003 na pumatay ng napakaraming magsasaka at mga lider masa, at sa iba pang partikular na mga kampanya ng OBL 1 at 2 sa iba't ibang prubinsya, nakita ang lupit ng kaaway at ang ngipin-sa-ngiping pag-aagawan sa tarangkahan. Hindi kataka-takang ang rebolusyonaryong pwersa ay paulit-ulit na makipaggitgitan, mabigo, at bumangon muli, habang patuloy na sumusulong ang digmang bayan.

Pinalalamnan ito sa kwentong-kasaysayan nina Ka Nap, Ka Heremias at Ka Rolex sa ikatlong bahagi ng seryeng **Mga Alon sa Dagat ng Nakaraan.** Ipinakita sa **Mga Alon** ang pagtutulungan ng mga manggagawa at magsasaka laban sa komun na kaaway, ang kasaysayan ng pagkilos sa

Batangas at Laguna, ang pagkamulat ng mga estudyante sa tulong ng pakikibaka ng mga manggagawa, ang pag-oorganisa sa mga pabrika mula sa mga magsasakang kamag-anak nila sa karatig na mga komunidad, samantalang katuwang nito'y ang pagdami naman ng mga mandirigma ng hukbong bayan mula sa mga estudyante at manggagawa, at kung paanong muli't muling nakakabangon ang iba't ibang larangang gerilya mula sa matitinding bigwas ng kaaway.

Kaya't sa gitna ng mga kahirapan at mga pagsulong, isang katotohanan sa pakikibaka ang pagkakasawi ng mga kasama sa labanan. Malungkot ngunit nagbibigay ng inspirasyon ang mga elehiya o tulang parangal sa mga martir ng rebolusyon na **Alaala ng Iyong Paglisan** ni Lire Rosa, **Oktubre Katorse, Dosmilkinse!** ni Ka Daniel, at **Paalam Ka Nestor** ni Ka Goryo. Ngunit sa kabila ng mga lumilisan, mayroong nagpapatuloy at napapanday, tulad ng mga kasamang lumalaban sa kwentong **Kumandera** ni Ka Oryang. Mayroon ding pumapalit, tulad ng nangyari kay Elisa sa kwentong **Destinasyon** ni Ka Althea, at sa mga tulang **Ang Tatlong Sangkap** ni Ka Mindo, at **Sa Bulawanan** ni Ka Artsi.

Ang pambukas na paglilinaw sa katangian ng pakikibaka sa Timog-Katagalugan na tinaglay ng sanaysay na **Pakikibaka at Pagpupunyagi sa Tarangkahan ng Kamaynilaan** mula sa Armas-TK. Binuod naman ito ng kanilang pangwakas na sanaysay na **Makabuluhang Papel ng Gawaing Propaganda at Kultura sa Rebolusyonaryong Pakikibaka.** Ang Armas-TK ang katuwang ng ***ULOS*** sa paglikha ng isyung ito.

Ang nailathala rito ay ilan lamang sa napakaraming likhang-sining ng Timog Katagalugan. Sa patuloy na pagpupunyagi sa maramihang-aspetong gawain ng rebolusyonaryong pakikibaka sa rehiyon sa kabila ng maigting na atake ng kaaaway, tiyak na mas marami pa ang lilitaw na mga likha na nagsasalamin ng masigla, walang kupas at mataas na diwa ng rebolusyonaryong kultura.

# Pakikibaka at Pagpupunyagi sa Tarangkahan ng Kamaynilaan

*ng Armas-Timog Katagalugan*





Maringal ang rebolusyonaryong kasaysayan ng pakikibaka ng mamamayan ng rehiyong Timog Katagalugan. Mula sa panahon ng pagpupundar, sa pagpapasigabo sa demokratikong kilusang masa sa kalunsuran, sa unang mga kabiguan sa pagta-

tayo ng mga sonang gerilya, sa pagharap sa pasistang atake ng kaaway, sa pagbwelo ng armadong pakikibaka sa kanayunan, sa pagpapaigting ng mga kampanya at pakikibakang masa, sa tinamong pansamantalang pinsala at pag-atras, sa pagwawasto at muling pagbangon ng rebolusyonaryong kilusan at sa patuloy na pagpupunyagi sa pagrerebolusyon hanggang sa kasalukuyan—ang lahat ng ito ay buong-tapang na hinarap ng matatapat na kadre at kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas, ng magigiting na Pulang kumander at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan at ng buong rebolusyonaryong mamamayan sa rehiyon. At ang lahat ng ito ay nakalaan para sa pag-aambag sa kabuuang layunin ng rebolusyonaryong kilusan na kumpletuhin ang mga pangangailangan para makasulong mula sa gitna tungong abanteng bahagi ng estratehikong depensiba at ilatag ang batayan para sa estratehikong pagkapatas sa nalalapit na mga taon.

Dahil malapit lang sa Kamaynilaan, mabilis na kumalat ang apoy ng pakikibaka sa Timog Katagalugan. Umusbong ang progresibong kilusan sa rehiyon sa hanay ng mga estudyante at guro ng Unibersidad ng Pilipinas Los Baños (UPLB) noong kalagitnaan ng dekada 1960. Dito nabuo ang unang balangay ng Kabataang Makabayan (KM) gayundin ng Samahang Demokratiko ng Kabataan (SDK). Ang mga aktibistang ito ang naging bag-as ng mga kilos-protesta sa rehiyon.

Nang pumutok ang Sigwa ng Unang Kwarto, mayroon ding mga kasabayang aksyong protestang inilunsad sa Los Baños, Sta. Cruz at San Pablo sa Laguna. Ibinunsod ng Sigwa ang mabilis na paglat ng apoy ng pakikibaka, ng pagbubuo ng mga organisasyong masa di lamang sa hanay ng mga kabataan kundi maging sa sektor ng mga manggagawa at magsasaka. Sa pagtatapos ng taong 1970, nakapagbuo na ng mga organisasyon sa Laguna, Quezon, Batangas at Cavite. Pagsapit ng Enero 1971, namalas ang lakas na nakamit sa organi-



sasyon sa TK nang ilunsad ang pambansang protesta laban sa pagtataas ng presyo ng langis kung saan naparalisa ang maraming linya sa transportasyon sa rehiyon. Sa bahagi ng pambansang *highway* sa Los Baños, nagtayo ng barikada ang mga estudyante at mga drayber.

> **“Ang mga aktibistang masang iniluwal ng Sigwa ang pinagmulan din ng mga kadreng nagpundar ng mga binhi ng armadong pakikibaka sa rehiyon.”**

Bago ang deklarasyon ng Batas Militar, marami nang mga pagkilos ang inilunsad sa TK. Tampok sa mga ito ang mga pagkilos para kundenahin ang pagsuspindi ni Ferdinand Marcos sa *writ of habeas corpus*. Naglunsad din ng mga kampanya sa *relief* at rehabilitasyon dulot ng baha. Sa isla ng Mindoro, may mga pagsisikap na rin sa gawaing propaganda at organisasyon sa hanay ng mga estudyante.

Ang mga aktibistang masang iniluwal ng Sigwa ang pinagmulan din ng mga kadreng nagpundar ng mga binhi ng armadong pakikibaka sa rehiyon. Naging masalimuot ang unang pagtatangkang magbukas ng mga sonang gerilya sa iba't ibang bahagi ng TK. Sing-aga pa ng 1969 ay may mga pagsisikap nang magbukas ng sonang gerilya sa may San Pablo sa Laguna. Magkakasunod na nabigo ang mga pagsisikap dito maging sa bahaging Banahaw ng Quezon noong 1972 at 1973, sa kanlurang Batangas noong 1973, sa Oriental Mindoro noong 1973 at 1974, at sa *upland* Cavite at silangang Batangas noong 1974. Tanging ang larangang gerilya sa hangganang Quezon-Bicol ang nakapanatili noong 1975.

Maging ang pamunuan ng Partido ay hindi miminsang dumanas ng pinsala. Maliban sa mga napaslang sa kubkob ng kaaway, marami rin ang dinukot at hindi na kailanman inilitaw ng pasistang diktadurang Estados Unidos-Marcos (DEUM). Sunud-sunod na pinsala ang dinanas ng panrehiyong liderato noong 1970, 1973, 1974, 1975 at 1977. Sa kabila ng mga pinsala, patuloy na nagpunyagi ang mga rebolusyonaryong pwersa sa rehiyon. Sa bawat pagkawasak, puspusan nilang pinagsumikapan ang muling pagbubuo ng organisasyon ng Partido at mga yunit ng hukbo.

Dumanas din ng kahirapan at pagtamlay ang mga rebolusyonaryong gawain sa rehiyon bunsod ng pinsalang dulot ng paksyunalismo ni Apolinario o Phoebe sa loob ng Partido. Sa wastong gabay ng KTKS at Kilusang Pagwawasto, naiwaksi ang mga maling gawi at kaisipang lu-

maganap sa rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon. Mula sa pagtamlay, nakapagpanibagong-sigla ang lahatang-panig na pagsusulong ng rebolusyonaryong gawain sa TK mula taong 1978.

Kaalinsabay, masusing pinag-aralan ng mga rebolusyonaryo ang *Ang Mahigpit Nating mga Tungkulin* na nagsilbing gabay sa pagpupunyagi sa pagsusulong ng rebolusyonaryong kilusang masa, ng pagpapalakas ng BHB at armadong pakikibaka at ng pagbubuo ng malawak na antipasista, anti-imperyalista at antipyudal na nagkakaisang prente. Sa pagitan ng mga taong 1978 hanggang 1986, sumulong nang lahatang-panig at kumprehensibo ang rebolusyonaryong pakikibaka sa rehiyon.

Sa mga mobilisasyong masa, nahubog ang baseng masa kapwa sa kalunsuran at kanayunan sa mga multisektoral na pagkilos. Pinakatampok sa mga ito ang mobilisasyon sa Maynila sa pagdating ng Santo Papa at kampanyang boykot noong 1981, ang kampanya laban sa monopolyo sa niyog noong 1982 at ang kampanyang boykot sa eleksyon ng interim batasang pambansa noong 1984 kung saan nakapaloob ang makasaysayang Lakbayan at Sakbayan.

Napanday sa militante at rebolusyonaryong pakikibaka ang baseng masa sa rehiyon. Ang matibay na base ring ito ang naging languyan ng Partido at BHB sa patuloy na pagpapaigting ng pakikidigmang gerilya sang-ayon sa panawagan ng pambansang sentro.

Ininda ng reaksyunaryong gubyernong pinamumunuan noon ng diktador na si Marcos ang pagsulong ng rebolusyonaryong pakikibaka sa rehiyon. Dahil sa desperasyon nito, ipinatupad ang Oplan Cadena de Amor na naging *prototype* ng mas engrandeng pambansang kontra-rebolusyonaryong Oplan Katatagan. Ipinakat ang siyam na batalyon ng AFP sa hangganang Quezon-Bicol at sa South Quezon-Bondoc Peninsula ngunit binigo ito ng hukbong bayan. Matapos bumagsak ang diktadurang US-Marcos, mabilis na sumulong ang rebolusyon sa buong kapuluan.

Ngunit mabilis na nadiskaril ang pag-abanteng ito ng rebolusyon dulot ng pangingibabaw ng insureksyunista at putsistang linyang naghangad ng mabilisang tagumpay. At matapos ang idinulot nitong mga kahirapan at kabiguan, nalulong sa kahibangan ng pagdududa at ipinatupad ang madugong panunugis sa mga pinaghihinalaang impiltrador upang pagbuntunan ng sisi ng mga kabiguan dulot ng maling linya. Nagdulot ito ng pinsala sa rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon.

Mapagpasyang hinarap ng pambansang sentro ang mga idinulot ng maling kaisipang nakapasok sa Partido. Mahusay na iginiya ng Komiteng Rehiyon ng Partido sa TK sa pamumuno ni Kasamang Armando Teng ang pagbangon mula sa mga pinsala at muling pagpapalakas nang lahatang-panig ng rebolusyonaryong kilusan. Nalubos ng Partido ang tagumpay ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto sa rehiyon noong taong 1997, isang taon na mas maaga sa pambansang saklaw. Naging hudyat ito ng ibayong pagsulong pa ng rebolusyonaryong pakikibaka sa rehiyon.

**Mahusay na iginiya ng Komiteng Rehiyon ng Partido sa TK sa pamumuno ni Kasamang Armando Teng ang pagbangon mula sa mga pinsala at muling pagpapalakas nang lahatang-panig ng rebolusyonaryong kilusan.**

Sa unang malaking pagkilos ng mamamayan ng rehiyon, ipinadala ni Kasamang Armando Teng ang pinakamahuhusay na kadre para matiyak ang linyang bitbit sa propaganda at kultura. Samantala, mula sa dinanas na pagliit, nakabawi ang mga yunit ng hukbo at baseng gerilya sa kanayunan, bagay na ikinabahala ng reaksyunaryong gubyerno. Sumigla ang mga taktikal na opensiba ng BHB habang muling sumigla rin ang pagsusulong ng rebolusyong agraryo.

Para pigilan ang pagsulong ng rebolusyon sa rehiyon, muling kinonsentra sa TK ang mga atake ng Armed Forces of the Philipines at Philippine National Police. Ang rehiyon ay naging laboratoryo ng mga kontra-rebolusyonaryong atake ng kaaway at naging prayoridad ng Oplan Makabayan noong 1998. Samantala, noong 2001 hanggang 2004 naging pambansang prayoridad ang isla ng Mindoro ng Oplan Balangai. Sa panahon ding ito humigit-kumulang 28 batalyon ang nakadeploy sa rehiyon. Dito ikinonsentra ang mga ispesyal na yunit ng kaaway, maging ang paggamit ng mga makabagong kagamitang pang-surbeylans. Ang sumunod na rehimeng US-Macapagal Arroyo ay hindi rin nagpahuli sa paghahasik ng teror at pasismo sa mga kanayunan at kalunsuran ng TK sa pamamagitan ng kanyang Oplan Bantay Laya.

Ang walang kaparis na atake ng kaaway, sa laki ng ibinuhos na deployment ng AFP-PNP-CAFGU, sa walang paglubay ng malulupit na mga kampanyang

supresyon at mga operasyon ng paghanap at paglipol ng Oplan Bantay Laya I at II ng rehimeng US-Macapagal-Arroyo at ng Oplan Bayanihan ng rehimeng US-BS Aquino—at sa harap nito—ang walang kaparis na rebolusyonaryong determinasyon ng Partido, hukbong bayan at mamamayan ng TK na labanan at biguin ang mga Oplan na ito—ang namumukod na marka at katangian ng nakaraang 15 taon ng magiting na rebolusyonaryong pagpupunyagi. Sa saklaw ng panahong ito, umaabot sa 17 hanggang 20 panagupang batalyon ng AFP (di pa kabilang ang mga pwersa ng PNP at CAFGU) ang iniharap sa mga larangang gerilya ng BHB sa saklaw ng TK. Malayung-malayo na ito sa 8 hanggang 10 batalyong nakadeploy sa rehiyon noong 1993 hanggang 1997.

Naging biktima ng pasistang atake ang mga lider-aktibista ng kilusang masa sa lungsod. Halos magkakasunod ang mga pinaslang, iligal na inaresto at ibinilanggo, dinukot at hindi na inilitaw na mga kasapi ng iba't ibang organisasyong progresibo. Maraming mga komunidad ang nadisloka dulot ng malaganap na militarisasyon sa kanayunan, at maging sa mga komunidad ng maralitang lungsod.

Magiting na inilunsad ng BHB sa TK ang ilandaang mga matatagumpay na taktikal na opensiba upang parusahan ang kaaway, ipagtanggol ang base at bigyan ng hustisya ang mga mamamayang biktima ng pandarahas. Ang mga taktikal na opensibang ito ay nagkumpiska sa mga armas ng kaaway at nadagdag sa arsenal ng BHB.

Makabuluhan ang papel na ginampanan ng demokratikong kilu-



sang masa sa lungsod sa pagsisiwalat ng lahat ng kahayupang ginawa ng mersenaryong militar laban sa mamamayan. Itinanghal nito sa pambansang entablado ang pakikibaka para sa pagtatanggol sa kagalingan at karapatang pantao ng mamamayan .

Hindi rin pinalalampas ng mamamayan ng TK ang maiinit na isyung panlipunang kinakaharap ng buong sambayanan. Aktibong lumahok ang mamamayan ng TK sa mga kilos-protestang inilulunsad sa Kamaynilaan tulad na lamang ng pagpapataas ng sahod ng mga manggagawa, pagpapatupad ng tunay na repormang agraryo, pagtataguyod ng serbisyong panlipunan tulad ng edukasyon, kalusugan at pabahay, at paglaban sa korapsyon at katiwalian. Kahit sa mga kagyatang panawagan, mabilis na nakakatugon ang TK dahil karatig-rehiyon lamang ito ng Kamaynilaan.

Ang kalapitan ng rehiyon sa Kamaynilaan din ang dahilan kung bakit napakabilis ng reaksyon ng kaaway sa bawat rebolusyonaryong pagsulong sa TK. Pinanday ang rebolusyonaryong base sa gitna ng labis na kahirapang dulot ng matinding panunupil ng kaaway. Buhay na patunay ang karanasan ng rehiyon na patuloy na makapagpunyagi sa harap ng bawat malulupit na pagtatangka ng kaaway na gapiin ang rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan.

Ang punlang inihasik sa matabang lupa ng rebolusyonaryong pakikibaka sa rehiyon ay malaon nang umusbong at ngayo'y hitik na sa bunga. Nakatindig na ang kasalukuyang henerasyon ng mga




kuha ng ST Exposure

rebolusyonaryo sa inaning mga tagumpay ng mapunyaging pagpupundar. Sa tarangkahan ng Kamaynilaan, tiyak na titindi pa ang labanan sa pulitika, ekonomya at militar. Haharapin ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon ang kontra-rebolusyonaryong digma ng mga reaksyunaryong rehimen ng mas maigting na rebolusyonaryong digma. Iaambag ang ubos-kaya para makapag-ambag sa panawagan ng Partido na isulong ang digmang bayan sa mas mataas na antas.

*Si Phoebe ay isang kadreng taga-Bikol (BK) na kabilang sa RIB ng dating Komiteng Rehiyon sa Timog Luzon (KRTL). Nang hinati sa TK at BK ang KRTL napagpasyahang sa BK siya italaga. Naghihintay siya ng pagtawid sa BK nang gumawa ng kaguluhan. Habang naghihintay ng tawid, binigyan siya ng pansamantalang gawain sa RIB ng TK. Ito ang ginawa niyang tuntungan para pakawalan ang isang kaguluhan na nauwi sa paksyunalismo.*

*Sinimulan niya ang kaguluhan sa pamamagitan ng pagpapakalat ng intriga na inaapi at diskriminado ang mga kadreng Bikolano sa KALAYAAN (Larangang Gerilya ng Hangganang Quezon-Bikol). Ginatungan niya ang mga karaingan ng mga kadre at mandirigma para pasamain ang KRTK. Ginamit niyang behikulo ang pagbibigay ng pag-aaral bilang kagawad ng RIB. Nagmaniubra siya sa plenum ng KRTK noong 1977 para patalsikin sa katungkulan ang kalihim ng rehiyon at mailagay ang sarili na kalihim sa idinaos na halalan.*

*Tumulong ang Komite Sentral sa paglutas sa mga pangunahing problema ng organisasyon ng Partido sa rehiyon sa pamamagitan ng inilunsad na panrehiyong Kilusang Pagwawasto laban sa paksyunalismo ni Apolinario noong 1979.*

# Pagpupugay sa alaala ng mga pangalang patuloy na gumigiya sa tagumpay ng armadong pakikibaka sa Timog Katagalugan

Pinanday ang rebolusyonaryong pakikibaka sa Timog Katagalugan ng di matitibag na muog ng kabayanihan ng mga rebolusyonaryong martir. Hindi sila nag-asam ng puntod na libingan para sa nabuwal na katawan. Hindi sila humiling ng bantayog upang tanghaling monumento. Walang kundisyon nilang iniambag ang buhay, pagkatao at kamatayan sa paglilingkod sa sambayanan at pagsusulong ng rebolusyon sa rehiyon. At hanggang sa kasalukuyan, sa bawat tagumpay at opensiba ng armadong pakikibaka sa kanayunan, patuloy na lumilikha ng kasaysayan ang kanilang pangalan.

## Melito Glor

Tubong Atimonan, Quezon si Kasamang Melito Glor. Sa kanyang kabataan ay kinakitaan na ito ng potensyal sa pamumuno dahil sa angking husay at talino. Nag-aral siya sa Unibersidad ng Pilipinas at dito namulat sa panlipunang kalagayan.

Nang ipataw ang Batas Militar noong 1972, bumalik siya sa Quezon upang mag-organisa. Hindi nagtagal ay itinalaga siya bilang namumunong kadre at kumander sa mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan na sumasaklaw sa maraming prubinsya sa rehiyon.

Disyembre 1974 nang magkaroon ng engkwentro sa hinihimpilang bahay nina Ka Melito at dalawa pa niyang kasama, na ang isa ay ang kanyang asawa na siyam na buwang nagdadalantao. Nasawi si Ka Melito sa unang palitan ng putok.

Ipinangalan kay Kasamang Melito Glor ang kumand ng Bagong Hukbong Bayan sa rehiyong Timog Katagalugan.

## Apolonio Mendoza

Isang mapagpakumbaba at mapagmalasakit na pinuno si Kasamang Apolonio Mendoza o mas kilala sa pangalang Ka Gendo. Garantisado ang tibay at tatag ng kanyang kalooban sa harap ng kaaway. Mataas ang antas ng kanyang paggagap sa sakripisyo.

Kumilos si Ka Gendo sa Quezon-Bicol Zone at naging bahagi ng maraming malalaking taktikal na opensiba. Gumanap siya bilang kumander ng panrehiyong yunit panlaban at namuno sa mga taktikal na opensibang laking kumpanya hanggang batalyon.

Nasawi si Ka Gendo noong 1987 habang sinusuperbisa ang pagkalas sa mga eksplosibo sa South Quezon-Bondoc Peninsula.

Ipinangalan kay Kasamang Apolonio Mendoza ang kumand ng Bagong Hukbong Bayan sa Quezon.

## Lucio de Guzman

Taga-Quezon City. Ikalima sa pitong magkakapatid si Kasamang Lucio De Guzman. Sa loob ng seminaryo namulat si Ka Lucio sa mga progresibong ideya. Sumapi siya sa Samahang Demokratiko ng Kabataan noong 1970.

Sa kainitan ng Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970, sumapi si Ka Lucio sa Bagong Hukbong Bayan at nadestino sa Bicol. Noong 1982, itinalaga siya sa Mindoro at tumayo bilang kalihim ng Komite sa Isla ng Mindoro hanggang sa kanyang pagkapaslang.

Habang papasok ng sonang gerilya sakay ng isang motorsiklo noong Nobyembre 4, 1987, nasabat at nadakip siya nang buhay ng mga sundalong naglulunsad ng *pursuit operation* sa yunit ng BHB na naglunsad ng reyd sa bayan ng Magsaysay, Occidental Mindoro. Tinortyur at labis na pinahirapan sa Provincial HQ ng PC-INP subalit walang nakuha ni anumang impormasyon ang pasistang kaaway. Sinalbeyds siya noong Nobyembre 7, 1987 sa pinalabas na isang engkwentro sa Alitaytayan,

San Jose. Kasama niyang pinaslang ang dalawang aktibong mga lider magsasaka na taga-Bubog, San Jose na si Ka Roger Pesales at Hernani Jacinto.

Ipinangalan kay Kasamang Lucio de Guzman ang kumand ng Bagong Hukbong Bayan sa isla ng Mindoro.

## Eduardo Dagli

Ipinanganak si Kasamang Eduardo Dagli sa Rosario, Batangas, sa isang pamilyang magsasaka. Naging susing kasapi ng Partido si Ka Eduardo sa kanilang lokalidad.

Taong 1981 nang sumampa siya sa hukbong bayan, kung saan gumampan siya bilang giyang pampulitika at kadreng militar. Tumampok sa mga kasama at masa sa Batangas ang pagiging makata ni Ka Eduardo, isang katangian na mas lalong pinagyaman ng kanyang rebolusyonaryong pakikibaka.

Namartir si Ka Eduardo noong Nobyembre 1990 sa Brgy. San Francisco, Lipa City nang tambangan ang kanilang grupo ng PNP Mobile Group. Tumatayo siyang kalihim noon ng sonang gerilya sa silangang Batangas.

Ipinangalan kay Kasamang Eduardo Dagli ang kumand ng Bagong Hukbong Bayan sa Batangas.

## Cesar Batralo

Tubong San Pablo, Laguna, si Kasamang Cesar Batralo. Nakilala siya bilang Ka Raffy sa Kabikulan, Ka Edmund sa Katagalugan, Ka Ruben sa Rizal at Bart sa kanyang pamilya at kaibigan. Sing-aga pa noong dekada sitenta nang magsimula siyang gumampan ng mga rebolusyonaryong gawain. Nakilala siya sa kanyang husay sa pamumuno at kababaang loob.

Naitalaga siya bilang kagawad ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komiteng Rehiyon at iginiya niya ang mga erya na kanyang pinamunuan sa rebolusyonaryong landas.

Dinukot si Cesar Batralo noong Disyembre 21, 2006 sa pagitan ng San Mateo, Rizal at Maynila. Siya ang ika-94 na biktima ng pagdukot sa ilalim ng rehimeng US-Arroyo. Hindi na siya muling nakita mula noon.

Ipinangalan kay Kasamang Cesar Batralo ang kumand ng Bagong Hukbong Bayan sa Laguna.

## Bienvenido Valleber

Tubong Tagkawayan, Quezon at mula sa isang maralitang magsasaka. Sumapi siya sa Bagong Hukbong Bayan dahil sa dinanas na labis na kaapihan mula sa kamay ng mga Morato na konsesyonaryo sa pagtotroso sa bahagi ng hangganan ng Camarines Norte at Tagkawayan. Ang kanyang kapatid ay pinaslang matapos gahasain ng mga tauhan ni Morato. Kaya hinanap nya ang katarungan mula sa kaapihang ito sa pag-anib sa rebolusyonaryong kilusan.

Naging mahusay na kadre at organisador siya ng hukbong bayan sa hangganan ng Quezon-Bikol. Pinangunahan niya at ng kanyang naging kabiyak ang pagbubukas sa Guinyangan at Bondoc Peninsula para maging sonang gerilya noong 1979. Ipinadala siya sa Mindoro Oriental noong 1982 para buksan ito na bagong sonang gerilya. Noong 1989, muli silang ipinadalang mag-asawa sa Palawan para magpundar ng bagong sonang gerilya doon. Namatay siya pagkaraan tamaan ng matinding malaria noong 1990 habang gumagampan ng gawaing masa sa Palawan.

Sa kanyang alaala ipinangalan ang kumand ng hukbo sa Palawan bilang pagkilala sa mahalagang papel nya sa pagbubukas ng isla bilang panibagong larangan sa armadong pakikibaka.

## Narciso Antazo Aramil

Tubong-Binangonan, Rizal si Narciso Antazo “Ka Hulyo” Aramil. Namulat siya nang maging aktibong unyonista sa isang pagawaan sa Rizal noong 1974, at kumilos sa hanay ng mga magsasaka at mangingisda sa kapatagang rural ng Rizal at panabihang lawa ng Laguna sa bahaging Rizal

noong 1983. Isang taon makalipas ito ay naging kasapi siya ng Partido noong 1984.

Sumapi siya sa BHB noong 1985 at napabilang sa isang yunit ng Alex Boncayao Brigade (ABB). Nang madakip siya ng kaaway noong 1987, ipinagpatuloy niya ang pagmumulat sa mga kasama niya sa bilangguan. Bunga nito ay napagtagumpayan nila ang kahilingan sa pagdadagdag ng rasyong pagkain, pagluluwag sa dalaw at iba pang pagpapabuti sa kalagayan ng mga bilanggo. Nang makalaya noong 1990, walang inaksayang panahon si Ka Hulyo at kagyat na nagtungo sa kanayunan upang muling sumanib sa hukbong bayan. Di naglaon naging kagawad siya ng Komiteng Prubinsya ng Partido sa Rizal noong 1996.

Nasawi siya nang kubkubin ng kaaway ang yunit ng BHB sa lugar ng mga katutubong Dumagat at Remontados sa Sitio Sari, Brgy. Lumutan, Heneral Nakar, Quezon noong umaga ng Pebrero 14, 2000.

Ipinangalan kay Ka Hulyo ang kumand ng Bagong Hukbong Bayan sa Rizal.

## Rosario Lodronio - Rosal

Nagmula sa isang pamilyang magsasaka sa lalawigan ng Albay si Kasamang Rosario Lodronio-Rosal o mas kilala bilang Ka Soly. Di naging hadlang ang kanyang kasarian sa paggampan niya ng kanyang mga tungkulin sa rebolusyon. Sumapi si Ka Soly sa Partido Komunista ng Pilipinas at sumampa sa Bagong Hukbong Bayan sa saklaw ng Hangganang Quezon-Bikol noong Marso 1980 sa edad na 21.


Dahil sa mahusay na paggampan ng gawain, hinirang siyang kagawad ng Komiteng Rehiyon ng TK (KRTK) noong 1994 at nahalal bilang regular na kagawad nito sa ginanap na Ikatlong Panrehiyong Kumperensya ng Partido sa TK noong 1997, hanggang maging kagawad ng Komiteng Tagapagpaganap ng Partido sa rehiyon noong taong 2000.

Sa loob ng kilusan niya nakilala ang kanyang naging kabiyak, si Kasamang Gregorio Rosal o mas kilala bilang Ka Roger, ang yumaong tagapagsalita ng Partido.

Sa isang labanan sa Mauban, Quezon napaslang si Ka Soly noong Pebrero 7, 2011 habang magiting na lumalaban sa mersenaryong militar.

Ipinangalan kay Kasamang Rosario Lodronio-Rosal ang kumand ng Bagong Hukbong Bayan sa Sierra Madre sa bahaging Timog Katagalugan.

# KILUSANG MANGGAGAWA



# MANGGAGAWA, MANDIRIGMA

*ni Ka Lina*



Ako si Pola, 28 anyos, isang babae. Lumaki ako sa hirap. Kapag walang raket ang aking mga magulang, walang kita. At wala kaming pambili ng pagkain. Swerte na kung makaubos ng palamig, pansit, sopas, ispageti na nilalako namin ni Nanay sa baryo tuwing hapon. Sa kabila nito, iginapang nila ang aking pag-aaral para mapagtapos ako ng hayskul.

Tulad ng marami, isa ako sa nahumaling sa programa ng gubyerno na "study now, pay later". Akala ko nung una, mag-aaral ako katulad ng mga kabataang may kakayahang makapasok sa kolehiyo. Sino ba naman ang hindi nangarap na makapagtapos sa isang unibersidad at magkaroon ng maayos na trabaho kinalaunan?

Tuwang-tuwa ako noon nang makapasok ako sa isang eskwelahang *accredited* ng TESDA. Nakapasok ako sa isang *two-year cour-*

*se*. Ang pag-aaral sa loob ng akademya ay yung tinatawag palang *dual training system*. Inaangkin ng eskwelahan na estudyante raw nila kami dahil mayroon silang inisyung ID pero sa tatlong buwan ng pagpasok ko sa eskwelahan, ni wala kaming sariling klasrum. Maswerte na kung makahiram kami ng kwarto sa ibang klase dahil madalas, sa labas ng kwarto kami nag-aaral. At ang pinag-aaralan namin, pawang tungkol sa kumpanyang pagdadalhan sa amin. Pinag-aralan ko ang iba't ibang klase ng *wire*, *connector* at kung paano ginagawa ang *taping* ng mga ito para mabuo ang *harness* ng sasakyan.

Pagkatapos ng tatlong buwan, nakasama ako sa mga *trainees* na ipinasok sa pabrika. Nalula ako sa trabahong ibinigay sa amin. Kahit na sinasabing itinuturing pa rin kaming mga "estudyante" dahil saklaw pa ng *two-year course* ang pagpasok sa pabrika, para na rin kaming mga regular na manggagawa sa mga trabaho. Kami ang ginagawang *reliever* kapag kulang o di kaya ay naka-*leave* ang ibang mga manggagawa. Wala kaming SSS, walang benepisyo at ang sahod na natatanggap namin ay 240 piso kada araw. Dito na rin kinakaltas ang pambayad sa matrikula sa eskwelahan. Sa loob ng isa't kalahating taon, ang pabrika na ang nagsilbing eskwelahan namin.

Sa kabila ng mahirap na kalagayan sa loob ng pabrika, nagtiyaga akong pumasok araw-araw. Kako, matapos lang itong sinasabi nilang *two-year course* ay magiging *apprentice* na rin kami. Kinalaunan, isa ako sa mga nagdire-diretso bilang *apprentice* pero hindi pa man nagtatagal, kasama na rin ako sa mga na-*lay off*.

Sinubok kong pumasok bilang *saleslady* sa isang sikat na *mall* sa prubinsya namin. Naalala ko tuloy ang isang pagkakataon na ipinatawag ako sa buong *mall* dahil lang sa dala kong panyo na hindi ko nairehistro. Kailangan pala itong pangalanan dahil kung hindi, pwede kang mapagbintangang nagnakaw sa *department store*. Hindi ko kinaya ang ganitong pagtrato nila bukod pa sa sobrang nakakapagod ang maghapong nakatayo para maabot ang kota ng mga damit na ibebenta sa *brand* namin gayong napakaliit naman ng sahod na natatanggap namin. Matapos ang isang buwan, umalis na rin ako.

Pagkatapos sa *mall*, nag*walk-in* ako sa isa pang pabrika ng *electronics*. Ang ginagawa naman dito ay pagbubuo ng *male* at *female* terminal tulad ng mga ginagamit sa telebisyon. Pero pagkalipas ng humigit-kumulang apat na buwan, na-*early endo* na ako.

Nag*walk-in* naman ako sa pabrika ng pagkain pero hindi ako *direct employee* dahil sa mismong pabrika ay may *agency*. Dito, palagi akong may dala-dalang kutsara habang hinahabol ang mga tasa ng pagkain para i-tsek kung sapat ang dami ng *noodles* at *condiments* o kung kailangan itong palitan, dagdagan o bawasan. Kapag sira ang makina na naglalagay ng *lid* ng *cup*, kami ang manu-manong naglalagay nito.

Tatlo ang *shift* ng mga manggagawa sa pabrika. Kapag wala ang kapalit ko, naoobliga akong magdire-diretso ng *shift*. Kaya minsan ay umaabot ng 16 oras akong nasa loob ng pabrika. Pagkatapos ng limang buwan ko dito, na-endo na rin ako.

Nakipagsapalaran din ako bilang isang *caddie* sa *golf course* malapit sa amin. Naging *umbrella girl* ako ng dalawang buwan pero hindi ko rin natagalan dahil hindi ko maatim ang naranasang harasment mula sa mga naging amo ko.

Bumalik ako sa pabrika. Nag-*apply* ako sa isang *agency* sa Makati para makapasok sa pagawaan ng plastik. Mga takip ng bote ang ginagawa rito—mula sa takip ng Zonrox, *lotion* hanggang sa takip ng mga gamot na nakalagay sa bote. Nung una, ang linya ko ay sa *trimming* pero kinalaunan ay napunta ako sa *packing*. Kung minsan, nagiging *reliever* ako sa *operator* ng makina (moldehan ng takip).

Sa *trimming*, ang kota ko noon ay 6,000. Sa sobrang nipis ng takip, nasusugatan na ang mga daliri ko dahil wala naman kaming suot na proteksyon. Ang ginagawa na lang namin, nilalagyan ng kahit anong klaseng *tape* ang mga daliri namin dahil habang tumatagal, parang namamanhid na rin ang mga daliri ko. Sa *packing* naman, ang kota ko noon ay 200,000. Kapag hindi ako naka-kota, obligadong mag-OTY o yung sinasabing *overtime-thank-you* dahil magtatrabaho kami nang walang sahod. Na-endo na rin ako dito pagkatapos ng limang buwan pero nagtrabaho pa rin ako bilang *extra* ng ilang buwan. Kapag *extra* ka, kapareho lang din ng iba pang mga manggagawa ang trabaho mo pero di hamak na mas mababa ang sahod na matatanggap.

Sa hirap ng buhay, lahat papasukin para lang magkatrabaho at kumita. Naisip ko noon, iyon na ba talaga ang kapalaran ko? Bilang isang manggagawa, wala na ba talagang ibang mapupuntahan kundi ang mga pabrikang maya't maya na lang na magle-*lay-off* sa iyo o mag-eendo kailanman naisin ng kapitalista? Kapag isinilang kang manggagawa, ha-

bambuhay ka na lang bang magiging manggagawa na nakatali sa sistemang sahuran at magpapalipat-lipat na lamang ng mga pagawaan?

Minsang umuwi ako matapos ang isang maghapon sa pabrika ay nakilala ko ang mga kabataang-estudyanteng tumuloy sa amin nang ilang araw. Naglunsad sila ng pag-aaral sa aming komunidad.

Naanyayahan akong mag-*sit-in* sa isang pag-aaral na inilunsad nila. Pinag-aralan namin ang Lipunan at Rebolusyong Pilipino. Binuksan nito ang isip ko sa tunay na kalagayan ng mamamayan—ang labis na pagsasamantala at pang-aaping nararanasan ng kapwa ko manggagawa, ng mga magsasaka, propesyunal, mga kabataan, kababaihan at iba pang sektor ng lipunan. Hindi pala kapalaran ng ninuman ang maghirap dahil sinadya itong gawin ng mga naghaharing uri para patuloy silang makapaghari. At higit sa lahat, natutunan kong mayroong solusyon ang paghihirap na nararanasan ng mamamayan.

Hindi sapat ang salita kung paano isasalarawan ang nagpupuyos kong damdamin ng mga sandaling iyon. Ilang panahon ko ring pinag-isipan kung tuluyan na akong aalis sa pabrikang wala nang ibang ginawa kundi pigain ang lakas-paggawa ng mga manggagawa para magkamal sila ng malaking tubo. Hanggang sa nagdesisyon akong



tuluy-tuloy nang kumilos. Ito na siguro ang pinakamapagpasyang hakbang na ginawa ko sa buong buhay ko. Nagkaroon ako ng pagkakataong mag-iba ng pananaw sa buhay at magbukas ng iba pang mga oportunidad.

Minsang nagninilay-nilay ako ay bumalik ang masasaklap na alaala noon sa loob ng pabrika, sa *mall* at sa *golf course*. Wala na rin naman akong magagawa sa mga alaalang iyon. Bahagi na ito ng aking pagkatao. Pero ito rin ang naging matibay kong inspirasyon para kumilos at lumahok sa panlipunang rebolusyong magbabago sa kalagayan ng mga uring inaapi at pinagsasamantalahan.

Ngayon, ako na si Ka Lina, isang Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan. Hindi na kutsara, *wire*, *connector*, damit, payong o plastik ang hawak ko kundi isang armalayt. Ang malawak na kanayunan ang aking paaralan, at ang aming araw-araw na pinag-aaralan ay tungkol sa digmang bayang magpapabagsak sa lipunang malakolonyal at malapyudal na nagpapahirap sa buong sambayanang Pilipino.

Optimistiko ako sa hinaharap hindi na lamang para sa akin, sa aking pamilya kundi para sa mga susunod na henerasyon. Hindi ko man abutin ang tagumpay, tiyak akong darating ang panahong ang lilikhaing yaman ng mamamayan ay hindi na lamang para sa iilan kundi pakikinabangan na ng buong bayan. Iaalay ko ang lahat ng kaya kong iambag sa panlipunang rebolusyong magpapalaya sa buong sambayanan sa gapos ng pagsasamantala at pang-aapi.



# AKO SI WENDY

*ni Ka Ayto*

***Makabagong Alipin***

Nananakit pa ang aking katawan pero kailangan nang bumangon at pumasok sa trabaho. Dapat magmadali at kapag na-*late* na ako ng pasok ay baka hindi na ako mabigyan ng numero. Masungit pa naman ang *master* namin. Baka maparusahan ako kapag hindi sumunod sa gusto niya. Kahit nga hindi kasama sa trabaho namin, kami ang pinaglilinis ng CR, pinagwawalis sa *hallway* at pinag-aalis ng damo kapag masukal na. Walang bayad, parang kawang-gawa lang, pero inoobliga kami ng kumpanya.

Ang trabaho ko ay pagka-*caddie*. Baka sa iba ay bagong salita ito. Pero sa aming prubinsya, pangkaraniwang trabaho na ito laluna ng kababaihan na walang mahanap na trabaho. Karamihan sa amin ay mga gradweyt ng hayskul, habang ang iba ay mga may pamilya na rin na kailangang magbanat ng buto.

Noong una ay hindi ko matanggap na ganito ang aking trabaho. Dahil kapag *caddie* ka, wala kang tiyak na sahod. Wala ring benepisyo.


Hindi nga rin kami itinuturing na mga empleyado o manggagawa ng *golf course*. Basta yun lang, *caddie*, alalay ng *golfer*. Pumapasok kaming walang tiyak na kukuha sa aming *golfer*. Sa dami naming nagbabakasali na mag-*caddie*, minsan ay umaabot pa sa 300 ang numero ko. At kapag inayawan ka pa ng *golfer* dahil nagreklamo ka, pwede ka niyang hindi na bigyan ng bayad kahit pa natapos na ang serbisyong ibinigay mo.

Pero huwag mong sabihing ito'y simpleng trabaho lang. Maraming gawain ang isang *caddie* sa loob ng *golf course*, tulad ng pagdadala ng *golf equipment* na pagkabigat-bigat; pag-*operate* ng *golf carts*; pagtatala ng *score* ng mga *golfer*; pagbibigay ng teknikal na impormasyon sa *game rules* at *golf club selection*, katangian ng kurso at *pattern* ng hangin; at pagbibigay ng payo sa mga *golfer* sa tamang paraan ng paglalaro. Halos 5-6 na oras kaming pasunud-sunod sa mga manlalaro, dahil hindi naman kami pinapasakay sa sasakyan ng *golfer*. Kapag minalas pa at napalayo ang bato ng bola ng *golfer*, obligadong kunin namin ang bola. Ang iba namang *golfer* na karamihan ay mga Koreano, Hapon at Kano ay sinasadya pang pahirapan ang mga *caddie*, at sadyang inilalayo ang tapon ng mga bola.

Ang masahol pa, ginagawang katuwaan ng ilang *golfer* ang mga *caddie*. Pangkaraniwan na sa amin ang hinihipuan at pinagsasamantalahan. Dahil sa takot ng mga kasama kong *caddie*, hindi na lang sila nagrereklamo at tinitiis na lang ang pang-aapi sa kanila. Pero iba ako, n'ung minsang may nanghipo sa akin na Koreano, talagang inireklamo ko. Akala ko ay kakampihan ako ng *caddie master* namin pero ako pa ang nagkaroon ng *violation* at na-*suspend* ako ng isang buwan dahil sa pagrereklamo ko. Nakalagay kasi sa mismong patakaran ng *golf cours*e na bawal kaming tumanggi sa mga manlalaro, kaya kahit anong sabihin nila ay dapat sumang-ayon kami.

Ipinagmamalaki ng *golf course* na isa ito sa pinakamalaki sa buong bansa at maging sa buong Asya. Subalit ganito ang kanilang trato sa mga tao. Hindi na tao ang turing sa amin. Walang batas at institusyon na nangangalaga sa amin.  Pero sa hirap ng buhay, wala kaming masulingan.

Mahirap pa ring bumangon sa umaga, at walang katiyakan ang sahod sa araw na ito, pero tuloy pa rin. Nagka-*caddie* pa rin ako para sa pamilya, at nagbabakasakali na mapili ng manlalaro.



***Magsasakang Inagawan ng Lupa***

Mula kami sa pamilya ng mga magsasaka. Sa loob ng tatlong dekada, pinagyaman ng mga magsasaka ang napakalawak na lupaing ito na ngayon ay ginawa nang *golf cours*e. Maraming pangako noon ang mga ahente ng kumpanya ng *golf course.* Magkakaroon daw ng maraming trabaho para sa mga tao sa baryo. Mababayaran daw kami ng milyun-milyon para sa lupang sinasaka namin.

May mga nalinlang. Ang iba ay nanindigan na ayaw magbenta ng lupa, pero ginamit ng may-ari ng *golf course* ang mga nalinlang na magsasaka para gipitin ang mga tumangging magpabayad sa kumpanya. At noong nagmatigas ang mga magsasaka, tinakot at hinaras ang mga pamilya at naobliga ang mga magsasaka na ipagbili na ang kanilang lupa, kapalit ng pangakong kabayaran. Pero ang kabayarang ito ay hindi pa rin natatapos sa ibang mga nakuhanan ng lupa. Malinaw na niloko kami ng dayuhang kumpanya ng *golf course.*

Ngayon, wala na kaming matamnan, dahil sa kabahayan pa lamang ay kulang na sa mga tao sa baryo. Kung dati ay may kanya-kanya kaming lupang tinatamnan, ngayon ay magkakadikit na halos ang aming mga bahay, at ang maaari na lang tamnan ay mga paso.

***Nasa Panganib na Mademolis***

Mahirap ang buhay sa aming lugar, kahit pa ipinangangalandakan ng lokal na reaksyunaryong gubyerno na ang aming lalawigan ay itinuturing nang “Susunod na Metro Manila”.

Sa kabila ng katandaan, naobliga pa rin ang aking ama na pumasok bilang *construction worker*. Subalit naaksidente siya noong

nakaraang taon habang nasa itaas ng gusaling ginagawa nila, kaya nasa bahay na lamang siya ngayon. Ang Nanay naman ay iba't ibang trabaho na ang pinasok para makatulong sa pamilya. Naglalabada siya tuwing Miyerkules at Sabado sa isang apartment ng mga Koreano. Sa ibang araw naman ay naglalako siya ng mga pang-meryenda sa mga manggagawa ng *golf course*. Pero mahina na rin si Nanay, batid kong pinipilit na lang niya na maghanapbuhay dahil naaawa sa aking Tatay.

Si Kuya naman, matapos ma-endo sa pinagtatrabahuhang pabrika ay hindi na matanggap sa trabaho. Namumulot siya ng bola sa *golf course*, at ibinebenta niya rin ito sa mga manlalaro. Hindi rin naman biro ang ginagawa ni Kuya na pamumulot ng bola, dahil minsan sa kanyang kapangahasan na makakuha ng mas maraming bola ay pumapasok na siya sa "restricted area" ng *golf course*. Minsan na siyang napaghabol ng mga *security guard*, mabuti na lamang at hindi siya naabutan. Kung nagkataon, bugbog-sarado siya ng malulupit na sekyu.

Ang ipinangakong pabahay ng kumpanya ng *golf course* sa mga pamilyang nawalan ng lupang sakahan hanggang ngayon ay pangako lang. Ang tanging pinanghahawakan ng mga magsasaka ay kapirasong papel na hindi rin naman titulo. At ngayon, dahil wala raw kaming titulo sa lupa, may bantang idedemolis kami rito dahil may isang mayamang angkan na nagke-*claim* rin sa lupa. Subalit ang tunay na dahilan ay ang planong *road widening* ng reaksyunaryong gubyerno katambal ang malaking debeloper na wawalis sa aming komunidad.

Hay naku! Kapag naiisip ko ang laki ng problema namin, hindi ko na alam kung saan kami pupulutin. Dati ay nawalan kami ng lupang sakahan, ngayon naman pati lupang tinitirikan ng payak naming tahanan ay mawawala na rin. Pabirong sabi ng aking Tatay, "sa ilog na yata tayo pupulutin".

Sasagutin ko naman ng, "Tatay, pati mga nakatira sa tabing-ilog, pinapalayas na rin ng gubyerno."

### *Saan kami patutungo?*

Araw-araw, binabalikat ko at ng iba pang mga pinagsasamantalahang uri sa lipunan ang pasakit ng kawalan ng kita at pangtustos sa pamilya. Halos mamatay na sa kakatrabaho, hindi pa rin sapat. Lahat na ng santo ay dinasalan, wala pa ring saysay. Tinanggap na ang lahat ng pang-aalipusta kapalit ng kakarampot na halaga, pero lalo pa ring

pinahihirapan ng mga bundat sa kapangyarihan.

Sa pagkamulat ko sa ugat ng kahirapan at sa tatlong salot ng lipunan—ang pyudalismo, burukrata-kapitalismo at imperyalismo—napagtanto ko na kailangan kong manindigan at lumaban sa naghaharing sistema. Hindi na sasapat ang dati kong ginagawang pagrereklamo sa *caddie master* at *golfer*. Hindi na kami dapat magkasya ng aking mga kasamahan sa pagngitngit lamang dahil sa kawalan ng hustiya sa ating lipunan. Kailangan naming kumilos. Kailangang bumuo ng unyon. Kailangang buuin ang pagkakaisa ng mga magsasakang inagawan ng lupa. Dapat kaming makipagbigkis sa iba pang sektor ng lipunan na nahaharap sa malawakang demolisyon at dislokasyon. At kung kinakailangan, mag-aarmas kami para pahinain at tuluyang ibagsak ang sistemang nagpapahirap sa amin.



Ako si Wendy, alipin sa bagong panahon matapos agawan ng lupang sakahan, madedemolis ang pamilya dahil sa gagawing proyekto ng reaksyunaryong gubyerno—at ngayon ay handang lumaban, matibay nang pwersa ng rebolusyon.

# Ang Diwata sa Tabing Ilog

*ni Ka Ayto*

*Alay kay Ka Diwata ng "Tabing-Ilog Relocation Site" sa lalawigan ng Cavite na pumanaw dahil sa sakit.*

Pinagtagpi-tagping iskrap ang bahay ng pamilya ni Diwata. Sa pamilyang binubuo ng anim na tao, mahirap isipin kung paano nila pinagkakasya ang kanilang mga sarili sa apat na sulok ng kwadradong ito.

Kung ilang beses na silang nagpalipat-lipat. Tila siklong hindi matapus-tapos ang pagpapalayas sa tulad nilang maralitang lunsod. Hindi kailanman malilimutan ang matinding hirap at sakripisyo bago naitayo ang kanilang bahay sa Tabing-Ilog Relocation Site.




Taong 2007, naging tuntungan ng lokal na reaksyunaryong pamahalaan ang bagyong "Milenyo" at "urbanisasyon" para palayasin ang mga naninirahan sa tabing-ilog at ilipat sa mga *relocation site*, tulad ng Tabing-Ilog Relocation Site.

Mahahati ang *relocatees* ng Tabing-Ilog sa limang grupo. Mayroong nagmula sa kalapit na tabing-ilog ng baryo; likod ng malaking *mall* sa bayan; eryang sinagasaan ng proyekto ng Napocor; tabing-ilog malapit sa haywey; at tabing-ilog sa kabilang barangay.

Para daw mailigtas ang mamamayang naninirahan sa tabing-ilog sa panganib dulot ng bagyo at iba pang sakuna, kailangan silang idemolis at ilipat sa

tinukoy nilang mga *relocation site.* Pero karamihan sa kanila ay matagal na ring mga residente sa pinagmulang lugar.

Sa likod ng animo'y pagmamagandang-loob ng gubyerno sa mamamayan ay ang pagnanais ng mga reaksyunaryo na matuloy ang kanilang mga "proyektong pangkaunlaran", tulad ng naglalakihang *mall,* pook-turismo, pabrika at iba pa.

Tuwing alas-4 ng hapon, nakasanayan na ng kababaihan ang mag-umpukan sa bahay ni Diwata. Kinikilala si Diwata bilang matapang pero mabait na lider sa Tabing-Ilog, na hindi kailanman lumiban sa mga pagkilos para isulong ang kanilang laban para sa paninirahan.

"Pina, may tinda ka pa bang gulay? Wala kaming maiuulam ngayong gabi e," tanong ni Diwata kay Pina.

"Wala na, naunahan akong manguha nila Santing. Nagkaubusan na ng talong at sitaw kina Mang Temo," tugon ni Pina.

"E, di pambansang ulam uli," natatawang sabi ni Diwata.

"Tuyo na naman, *highblood* na 'ko sa tuyo, nanay," sagot ni Alec, bunsong anak ni Diwata.

"Siya, sabaw-kape ka kung ayaw mo ng tuyo," nayayamot na sagot ni Diwata sa anak.

"Bukas mangunguha kami ni Baby ng kangkong sa ilog, nabebenta rin naman 'yun, ipagtitira na kita ng kangkong," ani Pina.

Dumating si Aling Charing na tila may itsitsismis sa kanila ni Pina.

"Hoy, alam niyo ba, kawawa naman si Luming. Ngayon-ngayon lang, ninakawan. Iyon daw sinaing niya ay nasa tungko pa, ini-in-in na. Umalis lang siya saglit, wala na ang kaldero pagbalik niya," mabilis na kwento ni Aling Charing.

"Sus, tindi talaga ng hirap ng buhay. Kahit iyong kakainin mo na lang, mawawala pa," ani Diwata. "O heto, may tira pa kong bahaw kanina, ibigay mo na kay Nanay Luming," sabay abot ng kanin na nasa plastik.

"Sige, pabalik na rin naman ako. Salamat, Diwata. Syanga pala, namatay na si Sir Chedeng, yung nasa Homeowners. Inatake daw sa puso," dagdag na balita ni Aling Charing.

"Oo nga daw. Buti nga sa kanya, karma yan sa kakasingil niya sa atin. Kasabwat rin yan nila Mayora e," tila natutuwa pang sabi ni Pina.

"Sabi ng gubyerno, ito raw ay pabahay para sa mahihirap, pero

bakit ang daming pwesto rito ni Sir Chedeng? Meron pa nga siyang apartment," sabi naman ni Aling Charing.

"Kayo naman, hindi naman ibig sabihin na dahil namatay na si Sir Chedeng, tapos na ang problema natin sa panirahan. Lagi pa rin tayong nasa panganib na mademolis, laluna kung hindi tayo magiging mapagbantay sa mga pakana nila Mayora," mahinahong paliwanag ni Diwata sa mga kasamang kababaihan, na ipinagbubunyi ang pagkamatay ni Sir Chedeng.

May tatlong taon na ang nakalipas nang naipagtagumpay nila ang laban ng Boykot sa Paniningil sa itinakdang buwanang bayad sa ilalim ng Community Mortgage Program o CMP. Sa isang antas, pinakikinabangan nila ang tagumpay ng ginawa nilang sama-samang pagkilos. Kahit ang mismong ahensya na nagpapatupad ng Urban Development and Housing Act ay walang nagawa sa kanilang matibay na paninindigan.

"Akala natin hindi magagawang maipagtagumpay ang laban. Akala ko nga dati madedemolis na naman tayo, pero nagawa natin, mga kasama," bungad ni Pina.

"Ang sabi ni Mayora, ililipat daw kami para mailayo kami sa disgrasya. Pero ang pinaglipatan sa amin ay tabing-ilog rin pala," kwento ni Aling Charing.

"Katakut-takot na hirap ang dinanas namin bago namin naitayo ang bahay namin dito. Nung dinemolis kami, binigyan kami ni Governor ng P2,500 at si Mayora naman ay nagbigay ng P2,500. Akala namin ay tulong iyon sa amin, pero iyon pala pagdating dito ay obligado ring ibigay ang kabuuang P5,000 sa SIOMAI Realty and Construction Co., 'yung debeloper na kinuha ng gubyerno para idebelop ang lupa," dagdag ni Aling Charing.

"Mas malala 'yung nangyari kay Donita, iyong galing sa dinemolis na malapit sa haywey. Bago sila dalhin dito, parang basura silang inilagak sa bakanteng lote ng ibang bayan. Walang anumang istruktura ang lugar kaya sa damuhan lang sila natulog. Tatlong araw sila doon na hindi alam kung sino ang dapat nilang tanungin. Nagkasakit na ang mga bata at matatanda sa tindi ng sikat ng araw at hamog naman pag gabi," paliwanag naman ni Diwata.

"Nung ikaapat na araw saka lang kami dinala sa Tabing-Ilog Relocation Site. Ang gulo-gulo nung dumating kami. Hindi ko malilimutan iyon na may sakit pa ang anak ko, at wala man lang ka-

ming mahigaan. Pagdating namin ay nandun na rin ang ibang dinemolis mula sa ibang lugar. Kinabukasan pa kami nakapag-ayos, at nagtayo ng barung-barong," ani Relli, habang umiiyak sa harap ng mga kasama.

"Ang masama pa, dumating ang kinatawan ng SIOMAI, si Singkit Monte. Kailangan daw kaming magbayad ng minimum na P600 kada buwan sa loob ng 25 taon. Kung hindi mababayaran ay mapupunta sa iba ang lote. Pag gusto ng *full payment*, magbigay daw kami ng P77,000," kwento naman ni Tino.

"Ang gustong magkaroon ng kontrata ay dapat magbayad ng P150 na ang nilalaman ay kung hindi makakahulog kada buwan ay magbabayad ng 2% interes, at muling papatungan kung hindi uli makakabayad. Kung ayaw sumunod ay aalisin sa lugar, at ang lahat ng ibinayad namin ay mababalewala. Kumbaga, *back-to-zero*," sabi ni Liza.

"Alam namin na hindi namin kakayanin ang itinakda nilang bayad kada buwan, wala naman kaming regular na trabaho, pero anong gagawin namin, nandun na kami, napilitan kaming pumayag sa gusto nila," dagdag ni Liza.

"Hindi namin alam ang CMP na 'yun. Wala namang nagpapaliwanag sa amin. Basta, may naniningil sa amin. Ang naniningil ay 'yung mga taga-Homeowners' Association. Kapag may hindi nakakabayad, away-away na. Galit ang mga taga-Homeowners, dahil hindi daw lahat nakakabayad," mariing pahayag ni Celia.

"Ang sabi ng SIOMAI, idedebelop ang lugar na parang subdibisyon na para sa mahihirap. Pero hanggang ngayon ay problema rito ang tubig at kuryente. Siningil kami nang siningil para daw magkaroon kami ng maayos na linya ng kuryente at tubig," paliwanag ni Letty. "Pero alam mo ba ang nangyari? Iyon palang kinokolekta sa amin ay kinurakot ni Singkit Monte. Kaya pala nawawalan ng kuryente ang buong Tabing-Ilog ay dahil hindi naman ibinabayad ni Singkit yung perang kinolekta niya sa amin," dagdag niya.

"Inilaban natin ang Boykot sa Paghuhulog, at napagtagumpayan natin ito. Nanawagan tayong singilin at pagbayarin si Singkit Monte at ang SIOMAI Construction sa ginawa nilang panggagantso sa taong-bayan. Patuloy nating ilalaban ang ating karapatan sa disenteng panirahan, pagkain at sapat na serbisyong panlipunan," paliwanag ni Diwata sa mga kasama.

"Mabuhay ka, Diwata! Mabuhay ang mga taga-Tabing-ilog!"

Nagkatuwaan na ang bawat isa. "Mabuhay ang maglalako ng gulay!" malakas na sabi ni Pina.

"Mabuhay ang *construction worker*!" nahihiya namang sabi ni Roy.

"Mabuhay ang labandera at plantsadora!" pahiyaw na sabi ni Aling Charing.

"Mabuhay ang mananahi ng basahan!" ang sabi naman ni Letty.

"Mabuhay ang nagtitinda ng *ice candy*!" ang sabi ni Alec, anak ni Diwata.

"Mabuhay ang nagre-*repack* ng chicharon!" sabi ni Tomboy.

"Mabuhay ang magtataho!" ang masayang sigaw ni Abet.

"Mabuhay ang nagtataktak!" sigaw ni Leni.

"Mabuhay ang manikurista!" hiyaw ni Tabby.

"Mabuhay!"

Marso, 2012. *Abala sina Diwata at Pina sa magaganap na raling iglap sa Mendiola para sa ika-43 taong anibersaryo ng New People's Army. Inaayos na nila ang mga dadalhing bandila at pinaghati-hatian na ang mga polyetong ipapamahagi sa masa. Kasama sila sa dadalo rito, sa pangunguna ng Pambansang Katipunan ng Magbubukid sa Timog Katagalugan.*

*Nang magsimula nang sumigaw si Ka Andres ng "Mabuhay ang New People's Army!", kagyat na sumagot rin ng chant sina Diwata. Kahit unang pagkakataon nilang sumama sa raling iglap, nagampanan nila nang maayos ang isinagawang iligal na pagkilos.*

*Noong nakaraang gabi naman ay kabilang ang kanilang mga asawa sa nag-Operasyon Pinta sa kahabaan ng Aguinaldo Highway. Kahit kabado si Rolly, asawa ni Pina, masaya naman siya at natapos ang kanilang misyon. Ipinagmalaki niya agad sa kanyang asawa ang ipininta niya sa pader ng isang malaking* mall *sa lalawigan: "Isulong ang digmang bayan!"*



# Balita ng Paglaya

*ni Ka Insiang*




*Enero 12, 2012—Tatlong libong dolyar, ninakaw ng isang OFW.*

Parang isang balita sa telebisyon ang alaala ng pagkakakulong ng asawa ko sa Saudi noong 2012. Hindi ko makalimutan ang araw na iyon. Tumawag ang asawa kong umiiyak. Pinagbintangan daw siyang nagnakaw sa pinagtatrabahuhan niya. Labinlimang taon nang Checker sa USI Cargo noon ang asawa ko sa Saudi Arabia. Lumaki na ang mga anak kong hindi gaano nakikita ang kanilang ama.

Parang isang malaking batong ipinukpok sa ulo at dibdib ko ang balita. Nakabibingi ang balitang iyon—ang iyak ng asawa ko, ang kabog ng dibdib ko, at ang paligid ay para bang umiikot sa pagkagulantang ko.

Ganito nga siguro dumating ang masasamang balita mula sa ibang bansa. Para sa mga pamilya ng OFW, nakababahala ang bawat tunog ng telepono.

Maraming tanong ang nag-unahan sa isipan ko noon. *Paano na kami? Paano ang pag-aaral ng mga anak ko? Paano tatanggapin ng mga anak ko ang nangyari sa kanilang Tatay?* Tuluyang nakulong ang asawa ko dahil walang naibigay na abogado ang gubyerno. Kulang daw ang pondo.

Halos araw-araw ay pumupunta ako sa DFA. Lagi akong nagtatanong doon para alamin ang sitwasyon ng asawa ko. Lagi ring parang sirang plaka ang paulit-ulit na sagot sa akin ng *clerk* doon, “Wala pang *update*.”

Madalas ay pabalang pa at para bang naiirita sa akin. May

mga katulad kong kapamilya ng OFW doon na nakapila—namamalimos ng suporta mula sa ahensya.

Sa loob ng kulungan, nakakaranas ang asawa ko ng limampung hagupit ng latigo sa likod tuwing Biyernes habang nakaposas ng malaking bolang mabigat ang kamay at paa. Halos araw-araw ay may pinagsasamantalahan daw sa loob ng kulungan. Sa kabila ng mga balitang ito, kailangan kong maging matatag na ina para sa aking mga anak.

Hindi maaaring paghihintayin na lang ng gubyernong ito na mamatay ang mga OFW bago sila maiuwi. Naghanap ako ng kasagutang hindi maibigay kahit ng ahensyang DFA. Isang araw, bumalik ako sa DFA ngunit sa halip na pumila sa *clerk*, lumapit ako sa isang grupong nakatipon sa labas ng ahensya, nananawagan ng hustisya para sa mga OFW. Marami akong natutunan mula sa organisasyong ito laluna ang mga karapatan at saklaw ng batas para sa mga OFW at sa mamamayang Pilipino.

Binanggit ko ito sa asawa ko. Ang alternatibong ibinibigay ng organisasyong pinasukan ko. Nagalit siya. Sinabi niyang masama ang makipag-ugnayan sa organisasyon na ito. Pero tuloy pa rin ako sa pag-ugnay. Ipinakilala ako ng isang lider ng organisasyon sa *trade union*. Doon nagsimula akong pag-aralan ang mga batas. Maraming kaalaman ang naituro at naitulong sa akin ng organisasyong ito. Kasama ang iba pang kapamilya ng nakulong at inabusong OFW, natuto akong dalhin sa kalsada ang kaso ng aking asawa. Sa panahong nakakaramdam ang pamilya ko ng pagkadismaya dahil sa pagpapabaya ng gubyerno, nakakatagpo kami ng tunay na suporta, pamilya, at kaibigan sa mga progresibong organisasyon. Kasama namin sila sa mga mobilisasyon sa aming mga panawagan ng pamilya ko sa DFA. Matapos ang serye ng mga pagkilos, nabago ang sentensya sa aking asawa. Mula sa walong taong pagkakakulong, naging tatlong taon na lamang.

*Enero 2, 2014—OFW na nakulong ng tatlong taon sa Saudi, nakauwi na sa Pilipinas.*

Panatag ang loob kong sinalubong ang aking asawa. Kinausap ko siya at ipinaliwanag ko kung paano naipanalo ng sama-samang pagki-

los ang kanyang kaso. Sa kabila ng lahat ng nangyari, noong una ay nais niya na akong tumigil sa pagkilos.

"Huwag ka nang kumilos riyan at narito na naman ako," banggit niya sa akin.

"Bakit naman? Tinulungan na nga tayo," sinubukan kong kalmahin ang sarili at kumbinsihin siyang wasto ang aking ginagawa.

"Kung hindi mo ako susundin ay maghiwalay na lang tayo!" sagot niya sa akin.

Parang naulit. May isang malaking batong ipinukpok na naman sa ulo at dibdib ko. Kahit nahihilo sa lubhang pagkapoot sa nais ng asawa ko, kinuha ko ang bag niya at nagawa ko pang magsalita kahit na masikip ang dibdib ko sa sobrang pagkadismaya.

"Kunin mo na ang mga gamit mo at maghiwalay na tayo," pigil kong sabi habang inaabot ang kanyang bag.

"Nasanay na akong walang asawa. Labing-pitong taon kang wala. Kakayanin kong wala ka," dagdag ko pa.

"Tutal, ang mahalaga lang naman ay ligtas at nakauwi ka na. Sige, maghiwalay na tayo. Sa ngayon ay mas hindi ko kakayanin na iwanan sa ere ang organisasyon na tumulong sa atin," wika ko. Mahinahong-mahinahon na para bang matagal na akong nakapagdesisyon.

Hindi na nasundan ang pag-uusap na iyon. Hindi siya umalis. Hindi kami naghiwalay. Isang maikling panahon lamang ay naorganisa rin ang asawa ko. Kasama ko na siya sa organisasyong tunay na nagsusulong sa kapakanan ng mamamayang inaapi at pinagsasamantalahan sa lipunang Pilipino.

Napakarami nang balita ang dumating sa buhay ko. Sa ngayon, marami-rami pa rin ang balitang dumarating sa amin mula sa ibayong dagat. Parami na rin nang parami ang mga pamilya ng OFW na lumalapit sa amin at humihingi ng tulong. Hangga't may dumarating na mga balita—gaano man kasimple at kasalimuot—tutugunan at tutugunan namin ito katulad ng pagdinig at pagtugon sa amin noon ng mga kasama kahit hindi namin sila kaanu-ano.

*Mayo 2016 — Isang asawa at ina, namulat, lumaya, nagpapatuloy sa pakikibaka.*

Isang napakagandang balita. U

# Kalatas kay Lucio Tan at mga Katulad Niya

*ni Silvia Madiaga*



larawan ng ilps-phils.com

Kami'y manggagawa
Hindi taong tulad ninyo
Ginawang pyesa ng makina, granahe, turnilyo
Paluwalan ng tubo.

Pawis naming piniga, sa botelya inilagay
Pumuno sa kaha, paleta, trak, container van
Nang mga bangko ninyo'y malasing sa yaman
Pero ang sahod nami'y tagay-tagay lang
At mga baso kaming itinataob
Kapag wala nang laman.

*Lekat! Dekada na sa trabaho*
*Endo pa rin!*
*Tagumpay na sa korte ninyo,*
*Iniiskirol pa rin!*
*Nanood lang ang pulis*
*Nang kami'y bombahin*
*Sagaran na kayong mang-api sa amin.*

Kami'y manggagawa
Hindi taong tulad ninyo
Kundi taong may isip, may bisig, may kamao
Uring bumubuhay ng lipunan
Mulat sa aming karapatan
Nagkakapit-bisig, lumalaban
Handang sumuong maging sa digmaan!

# Bihis ng Pagbabalikwas

*ni Ka Alena*

*Payapa ang sakahan sa aming prubinsya. Mula sa bintana ay natatanaw ko ang ibang kubo at ang mga gaserang tumatanglaw sa kanila—mga talang nagpapahinga sa lupa. Tulog na sina Inay at Itay at nakapagtatakang hindi pa ako makatulog. Pinagmamasdan ko ang dilim. Maya-maya pa, papalapit nang papalapit ang mga tala — tinatakluban ng kalangitan ang aming sakahan. May lagaslas ng tubig akong naramdaman. Bumuhos ang malakas na ulan at bumulusok ang matatalim na bituin.*

Napabalikwas ako sa pagkakaupo.

"Gising! Gising!" tarantang sigaw ng aking karelasyon. Hatinggabi ay nabulabog ang aming pagpapahinga sa piketlayn. Inuulan kami ng



tubig, bato, bote at bubog mula sa mga *demo team* ng winewelgahan naming kumpanya. Mula nang pumutok ang welga sa pagawaan ng alak laban sa kontraktwalisasyon, ginawa na naming pahingahan ang piket sa tarangkahan nito.

"Bilis! Bumangon ka na dyan!" mahigpit ang pagkakahawak ni Ando sa balikat ko. Nangangatal ako. Paatras na ang mga kasama nang magising ako. Pinasakay ako sa motor ni Ando. Mahigpit akong nakayakap sa kanya habang sinasalag ng likod ko ang mga bato at pira-pirasong bote na pinupukol sa amin. Nang gabing iyon ng Mayo, bumulusok ang pananakot at panghaharas sa amin. Ginulat kaming lahat ng dispersal; gising na gising kami bago ang bukang-liwayway.

Simula roon, sinundan pa ng serye ng panghaharas sa hanay namin. Minsan ay hinagisan ang piket namin ng mga boteng may lamang ihi. Makailang beses ding binomba kami ng malansang tubig. Bagama't may takot, tuloy pa rin ang welga. Ang malinis at maputing pader ng pagawaan ay sinulatan namin ng: WELGA! Marami kaming kontraktwal sa piket at pilit naming pinagkakasya ang badyet para sa pagkain. Nagkusa akong mangolekta at manghingi ng tulong sa mga tao at sasakyang napapadaan. Mahigpit ang kapit ko sa karton ng Zesto na binalot ng panawagang: *"tulong para sa mga manggagawa"*. Nagbaka-sakali ako sa mga dyip, bus, at sa mga taong nagdadaan at nakakasalubong, "Kaunting tulong lang po para sa mga manggagawa sa piket." Paulit-ulit lang ako. Maghapong nakahalik ang araw sa mahaba kong buhok at tinutusok ng init ng araw ang aking balat.

Noong una ay may pangamba ako—paano nga ba namin lalabanan ang kapitalistang may-ari ng pagawaan? Isa ako sa mga unang napakilos noong tumaas ang panawagan laban sa kontraktwalisasyon. Sa tagal kong nagtatrabaho ay hindi pa rin ako regular. Ang iba kong kasamahan, nauna na sa tanggalan. Ginawan sila ng mga gawa-gawang kaso. Dahil kapos ang kaalaman namin sa batayang karapatan sa pagawaan, madali nila kaming natatakot.

Pakiramdam ko'y suntok sa buwan noong tatlo pa lamang kaming yumakap sa mga prinsipyo ng makabayang organisasyon ng mga manggagawa. Hindi naging madali ang pag-oorganisa sa mga kapwa ko manggagawa.  Umiiwas sila sa amin dahil natatakot sila. Sari-saring paraan din ang ginagawa ng kumpanya para takutin kami at para hindi kami sumali sa asosasyon. Nang panahong iyon, tinatakot




pa kami ng *management* ng *non-renewal*. Sa kabila nito ay tuloy pa rin ang pag-oorganisa hanggang sa maitayo namin ang asosasyon ng manggagawa sa pagawaan. May panahong sinuspinde ng *management* ang ilang kasama sa asosasyon. Binago rin nila ang ilang polisiya sa oras ng pagpasok—naging istrikto sa 8-oras at hindi pinapayagan ang manggagawa na mag-OT. May pagkakataon ding binigyan ako ng memo tungkol sa di-pangkaraniwang kilos, bihis, at galaw ko sa pagawaan.

Buwan ng Abril nang dinala namin ang DOLE sa pagawaan at dito nakwestyon ang patakaran ng kumpanya hinggil sa mga kontraktwal na manggagawa—dito pa lalong dumami ang sumama sa amin sa welga. Lalong uminit ang laban nang tanggalin ng maneydsment ang nasa 150 manggagawa.

Kasama ako sa mga tinanggal. Dalawang araw matapos nito ay pumutok ang isang makasaysayang welga. Tatlumpu't anim na oras naming hinarang ang *gate* ng pagawaan at walang nakapasok na empleyado. Noong araw na iyon, binomba kami ng *water cannon*. Marami ang nasugatan na manggagawa at tagasuporta namin. Sa kabila nito, sa tulong ng mga organisasyon, taong simbahan, progresibong samahan, mga maralita, taga-ibang bansa at gabay ng makabayang organisasyon, nagpapatuloy pa rin ang laban.




Ang buhay sa pagawaan ay masalimuot. Ang pabrika ay mas masikip, mahigpit, at mapang-mata sa mga may piniling kasarian. Maramot ang pagawaan sa katulad kong nais magsuot ng damit pambabae. Sa trabaho ko noon, masasabi kong may taglay akong tapang. Pumapasok akong naka-*fit* na damit at kilos-babae. Ngunit sa paglaon, lalo pa akong tumapang sa pagpili kong paglaban para sa aming karapatan. Sa gitna ng pag-oorganisa, napagtanto kong higit sa pagpapahaba ng buhok, paglalagay ng lipstik, pag-aahit ng kilay at pagpopolbos na parang isang tunay na babae, hinuhubdan ng aking pakikibaka ang lumang tanikala ng mga manggagawa.

Kasalukuyan akong *full time* sa samahan ng mga manggagawa. Masaya akong maging bahagi ng organisasyong nagtatanggol sa batayang karapatan ng mga manggagawang inaapi, isinusulong ang pagkakapantay-pantay, at kumakanlong sa masang anakpawis. Ang aking karanasan ay isang patunay na mahalagang bumalikwas mula sa tradisyon ng pyudal na lipunan. Ang rebolusyon ng mamamayan ay walang pinipiling kasarian. Umaasa akong dadami pa ang mga kabaro kong mamumulat at lalaban para sa tunay naming paglaya.


# KILUSANG MAGSASAKA



# Baguhin ang Partihan

*ni Ka Sol*

*(Sa tono ng Miss na Miss Kita)*



I
            C                           F
Sa aking paglulukad, pagtatapa magdamag
       G                    C
Lagi kong naiisip sinta
             C                                   F
Magsusulit na naman, pambayad lang ng utang
        G                     C
Lagi nang lugi sa hatian

Koro 1
G           C       Em            Am-Am7
O giliw ko, gipit na gipit kita
          Dm                          G
Magbababayad pa sa eskwelahan
          C        Em             Am-Am7
O giliw ko, gipit na gipit kita
         Dm                              G
Gusto ko’y magbago ang partihan

II

Kapag walang malukad, ako'y nagpapaupa
Pambili ng bigas at ulam
Minsa'y nagkasakit nga, anak nating sanggol pa
Tanong mo'y magkano pa ang pera

Koro 2

O giliw ko, gipit na gipit kita
Sa gamot wala nang pambili pa
O giliw ko, gipit na gipit kita
Gusto ko'y magbago ang partihan

III

Sa samahan ni ama ako ngayo'y sumama
Marso uno nag-asembliya
Kami'y nagdayalog laban sa resikada
Itataas ang presyo ng kopra

Koro 3

O giliw ko, may pag-asa kita
SMSF ay nakahanda na
O giliw ko, lalaban na kita
Babaguhin ang tersyong hukluban


*Marso 24, 2010*

---

*SMSF – Samahang Magsasaka ng San Francisco*

# Pikad Maglulukad

*ng Pulang Bandila*



**Voice Over:** Inihahandog ng Pulang Bandila ang dula na aantig sa inyong mga puso at muling bubuhay sa diwa ng katiyakan ng tagumpay. Ang kagila-gilalas na kwentong-buhay ni Pikad Maglulukad!

*(musika – Eye of the Tiger o Mission Impossible)*

Yan po ang ating bida. Makisig, matipuno, *small, dark and handsome…*

**Pikad:** Oops! Hindi ako si Piolo Pascual. Hindi rin ako si Niño Mulach. Mas gwapo ako dun. Ako si Pikad Maglulukad!

**Tagapagsalaysay:** Umaga palang (tik-ti-laok), babangon na ang ating bida. Pupungas-pungas. Mag-iinat!

"Pikad!!!! Magsaing ka na!!!" sigaw ng asawa. Kaya maaga palang mangangahoy na si Pikad. Mangangahoy, magsisibak, magtatabo, magsasaing na parang si Tsep Boy Logro, ang sikrito ng mga ikspirto! Magpapakulo ng tubig. Hihigop ng mainit na kape! Pweh!

Wala palang kape! Mainit na tubig lang areh!

Samantala, ang kumander ng ating bida ay naghahanda sa pagpasok ng kanilang anak. Magpapaligo ng bata, pupunasan, bibihisan, susuklayan, pakakainin.

“Nay! Baon ko?”

(titingin ang asawa kay Pikad)

Bubunot sa bulsa ang ating bida! Isa, dalawa, tatlo, apat…

**Bata:** Piso? Anong mabibili ng piso?
Mapapakamot na lang sa ulo ang ating bida.
Tama nga naman ang sinabi ng anak ni Pikad. Dahil mamamasahe pa, magpapa-*xerox*, ambagan sa pambili ng kurtina, at kulang pa sa pambili ng yema ni Ma’am.

Hanggang kelan tayo magiging ganito, Pikad? Hanggang kelan? Huhuhuhu…

Kaya wala nang ibang masusulingan si Pikad kundi maglukad. Magtatabas, magkakawit, mag-iipon, magpaparada, magtatapas, magpaparada, magbabaak, magsasalansan, maggagatong, magtitigkal, magtatapa, magsasako…

**Pikad:** Aray!

**Tao1:** **‘**Yan ba yung parang masel na pinipili-pilipit? Namimintig, at parang pinupunit?’

(tatango lang si Pikad)

**Tao1:** Aha! Maselpeyn na yan! Para sa masel peyn na dulot ng paulit-ulit na paglulukad, kailangan mo ng alaksanipar.

At ang ating bida ay handa nang magsulit ng kopra. Isasakay sa

kabayo. Hiya tigidig-tigidig. Hiya! (*and the running*…tipong Sta.Ana *jockey*)

Pagdating sa sulitan, abot hanggang tenga ang ngiti ng ating bida! Nang biglang…

Hep! Ibawas ang tara. Ibawas ang taktak. Ibababawas ang resikada! Ibawas ang mga utang…bigas, kape, asukal, asin, tuyo, betsin, langis… *Congratulations*!!!! (magtatatalon si Pikad) One, two, trenta pesos! (wowowee *gameshow sound*)

Trenta pesos?

Huwag kang mag-alala, Pikad. Sabi ng gubyerno, hindi ka mahirap kapag kumikita ka ng bente-siyete pesos sa isang araw.

Weh, di nga? Kahapon, nagtabas ako at kumita ng siyento bente singko pesos pero mahirap pa rin ako ngayon.

Iiling-iling at mapapakamot na lamang sa ulo ang ating bida.

**Tao:** Pikad! Bagong sulit ka! Pa-barik ka naman!

**Pikad:** Dina, tol! Good boy na to-its! Alak? Masama sa katawan yan! It’s liver-lover…boy!

**Tao:** Hooo! Si Pikad! Good boy na!

Weh! Hindi kasi sa kanya yung isinulit niya!

At nagpatuloy sa paglakad ang ating bida. Lulugo-lugo. Bagsak ang katawan. Mabigat ang paa. Pabigat nang pabigat! Hanggang sa natagpuan na lang niya ang sarili niyang nagtatrabaho ng mula sa konstraksyon. Naghahalo ng semento…matapos ang tatlong buwan…

Tapos na ang kontrata mo, Pikad!

Saan? Saan ako nagkamali? *(kanta)* Kaya nag-uling na lang siya… *(kanta)* "pagmasdan ang ulan, unti-unting pumapatak, sa mga halaman at mga bulaklak"

…ang uling ko!!!.

Nang tyempo namang may mapadaang…"ang Bagong Hukbong Bayan, sandata ng sambayanan…"
Kumusta po, Kasamang Pikad? Kumusta ang ating pamumuhay? Eto po, sikap nang sikap pero nananatili pa ring mahirap.
Nakakatatlong kahig na ako pero wala pa ring matuka eh.

*(kanta)* Tatlong kahig, walang tuka, ganyan kaming mga dukha…
Iminulat si Pikad ng mga hukbo.

Alam ninyo, Kasamang Pikad, hangga't namamayani ang imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo sa ating bayan, mananatili tayong mahirap dahil hindi magkukusa ang gubyerno na solusyunan ang ugat ng kahirapan. Kailangan tayong magkaisa, kumilos at lumaban. Tanging sa armadong pakikibaka lamang natin maibabagsak at mapapalitan ang naghaharing bulok na sistema.

*(rap)* Makatarungan ang maghimagsik, ang maghimagsik ay makatarungan.

Hanggang sa maglinaw ang kanyang isip. Kaya agad-agad siyang naorganisa at nag-organisa din ng mga katulad niyang maglulukad!
*Take note*: di lang niya kamag-anak yun! *(otso-otso song)*
One + one, namulat
Two+ two, naorganisa
Three + three, napakilos
Rebolusyong agraryo, isulong
Tayo'y magrebolusyon, rebolusyon, rebolusyon, rebolusyon na magrebolusyon, rebolusyon, magrebolusyon na!

(*Tableaux*, o kung sa radyo, dramatikong musika).

**TAPOS**

# Ang Aming Hukbo

*ni Ka Mindo*

Isang hatinggabi ako ay nagising,
Maraming bisita ang sa amin ay dumating,
Mga mukhang parang pamilyar sa akin
Wika ni ama, sila ang mga hukbo natin

Kinaumagahan nang imulat ang mata
Nagtanong ako, nasaan na sila?
Sabi ni ama umalis pero nagbilin,
Na sa ilang araw ay babalik din

Isang araw narinig ang balita
Mga sundalo, inambus ng NPA
15 ang patay, 7 ang sugatan
18 armas kanilang nasamsam

Muling bumalik makalipas ang ilang panahon
Ang mga hukbong kinasasabikan
nakakwentuhan, ako'y tinuruan
mga tula at awit ng pagmamahal sa bayan

Kinaumagahan sila ay kasama
Sa pagtatanim ng saging at mangga,
Ang iba naman dulos ang hawak
sa aming kaingin ay naggamas

Nang sila ay lumisan, tanging habilin
Paglaki mo sumama ka na sa amin,
Ipagtatanggol natin inaaping bayan
at upang makamit ang ating kalayaan




mula sa Himig ng Himagsikan, TK, 2006

# Mga Ambahan

*Pangkulturang anyo ng mga katutubong Mangyan*

**I.**

Tangday, tangday madoman
Haniyawag borirawan
Has indong,
has arawan
Fagtagindom didaan
Hiyamo banta abiyagan
Hiyamo hulin alikdan

**Paliwanag:**
Ang pag-iingat dapat laging tangan ng hukbo at masa.

**II.**

Suyong haybi nugdoyan.
Nugbilin salagnaw-an
Hagilis-gilis tay-tayan
Haganan goman rombongan
Ubay masginagdoyan
Wilihan ngagdangyawan
Tagpiliw didalikdan

**Paliwanag**:
Ang pagkakaisa ay kailangang laging matibay at hindi dapat masira.



# Sa Bulawanan

*ni Ka Artsi*

*Tula sa wikang Cuyonin ng Palawan*



larawang kuha ni Larry G. Price

Marakeng taw ang ara sadeling sakakan
Ara logtang matataneman
Ara makikitan para matawan adang pangangaylangan
Dige kanamen adang pangabwi ay magbulawan dinlang
Tenged marake renda ang agtaw anang kabwe
sa bulawanan o sa minahan
Liban sa nabardawnan, lemis pa sa ba ang taga kapatagan

Sa bulawanan mag apon magdamlag kaw say dalem ang logta
Ulas, pilay, dugo, puyat pati ang kabwi
Dya lang tamang puhunan para pamilya
me e bakal pagkaen pati ibang pangangailangan
Matapos limpyon ang bulawan dadarean sa baratang pabakalan
Abang ang me kapital ay aka dekwatro lang

Agalen sa ara kaparyo ko dati
Isarang manig bulawan, akeng pangabweyan
Alyag koy kabwe, tawan halaga
Paryo ang bulawang kasaysayan, e ang kabwe
ng mga bayani ng degmang bayan
Aneman dade akend engpakonan, beken sa bulawanan
Kundi sa Bagong Hukbong Bayan.


# Sa Minahan

*salin ni Ka Artsi*

Napakaraming taong sadyang walang sariling sakahan
Walang lupang mapagtatamnan
Walang mapagkakitaan upang matugunan mga pangangailangan
Dito sa amin, tanging hanapbuhay ay ang mangginto na lang
Subalit marami na rin ang nagbuwis ng buhay
sa gintuan o sa minahan
Bukod sa nabardawnan, lubog pa sa baha ang nasa kapatagan

Sa minahan, maghapon, magdamag ka sa ilalim ng lupa
Pawis, dugo, pagod, puyat pati na rin ang buhay
Ito ang tanging puhunan upang pamilya'y
may pambili ng pagkain at iba pang pangangailangan
Matapos linisin, ang ginto ay dadalhin sa murang bentahan
Habang ang may kapital ay naka-dekwatro lang

Nanggaling sa wala katulad ko noon,
Isang manggiginto na siyang tanging hanapbuhay
Ang nais ko'y buhay ay bigyan ng halaga
Tulad ng gintong kasaysayan ng buhay
ng mga bayani ng digmang bayan
Kaya ngayon, ang tungo ko'y di sa minahan
kundi sa Bagong Hukbong Bayan.



# Ang Baka ay Maylupa ang Magsasaka ay Busabos at Dukha

*ni Ka Goryo*

Mabuti pa ang baka, may lupa
Ang magsasaka, busabos at dukha
Doon sa bayan ng Coron at Busuanga
40,000 ektarya ay inagaw sa magsasaka

Mahabaging langit, mapagpalang lupa
Bakit ganito ang sa amin ay ginawa
Pamahalaan mismo ang siyang gumagawa
Ibinibigay sa kanyang kroni ang malalawak na lupa

Anong isip mayroon ang gubyerno
Binubuhay ang baka
Pinapatay naman ang mga magsasaka
Gamit ang PC dati, ngayon ay Marines at pulisya

Ito ang malaking pagpapatunay
Kanilang reporma sa lupa ay walang saysay
Ginamit ng estado at mga dilawan
Para linlangin ang magsasaka at pagkakitaan

Panahon na, mga kauring magsasaka
Tayo'y mag-aklas, lumaban at makibaka
Lupa, lupa ang sentro ng pakikibaka
Na siyang isinusulong ng mga mandirigma

Walang titigil, walang aatras sa labanan
Dapat na pabagsakin ang tatlong salot sa lipunan
Lahat tayo'y tumahak sa labanan
Dumagsa sa lansangan at akyatin ang kabundukan

# Paalam, Ka Nestor

*ni Ka Goryo*




Sa kilusang magsasaka, tayo'y nagkatagpo
Sa kilusang mapagpalaya, inihandog ang iyong puso
Sa kilusang rebolusyonaryo na iyong inaniban
Hanggang sa huling hininga mo ay hindi mo iniwan

Ako'y humanga sa iyong katatagan
Sa hirap at sakripisyo na iyong naranasan
Naging huwaran ka ng iyong kababayan
Na kumilos at nag-armas duon sa kanayunan

Hindi naging hadlang ang iyong karamdaman
Sa pagtupad ng gawain na sa iyo'y nakaatang
Iniwan mo ang pamilya at mahal sa buhay
Para lubusang paglingkuran ang buong sambayanan

Sa iyong pagpanaw ay malaking kawalan
Sa masang anakpawis na kailangan ang iyong gabay
Subalit katawang lupa mo lang ang sa amin ay napawalay
Pagkat kailan man ika'y pangulo na hindi namin malilimutan

Umaapaw ang aming pasasalamat at pagmamahal
Tanggapin mo ang mataas naming pagpupugay
Hindi ka mabibigo sa nasimulan mo nang laban
Pagkat aming itutuloy ang rebolusyon mong naiwanan

Paalam ka Nestor, paalam aming Tagapangulo
Paalam kasama, paalam aming dakilang ama
Hanggang sa tagumpay ng susunod nating lahi
Ika'y aming pagpupugayan at itatanghal na bayani

---

*Si Ka Nestor Villanueva o Ka Jess, isang maralitang magsasaka ng San Antonio, Laguna ay naging bahagi ng pagpupundar ng sona at larangang gerilya sa Hangganang Quezon-Laguna-Upper Sierra Madre noong huling bahagi ng dekada 1960, at sumapi sa BHB noong 1982.*

*Nang hindi na siya pwede sa hukbo dahil sa karamdaman, kumilos siya bilang magsasaka at naging tagapangulo ng Kapisanan ng Magbubukid sa Sierra Madre noong dekada 90, Pangalawang Tagapangulo ng Pagkakaisa at Ugnayan ng Magbubukid sa Laguna mula 1999 hanggang 2001, at Tagapangulo ng Katipunan ng Samahang Magbubukid sa Timog Katagalugan (KASAMA-TK) noong 2015. Kasapi siya ng Pambansang Konseho ng KMP at Pambansang Tagapagsalita ng Coco Levy Funds Ibalik sa Amin (CLAIM). Pumanaw siya noong Pebrero 27, 2016 dahil sa sakit na* pneumonia.

# ARMADONG PAKIKIBAKA



# Ubos Kaya

*ni Ka Sol*

Am-C-Dm-E (2x)

**Koro:**

Am E Am E
Panindigan na lumaban
Dm Am E
Panghawakan sa'n pa man
Am E Am E
Panindigan na lumaban
Dm Am E
Panghawakan kailanman

*(Sa huling Koro)*

Panindigan na lumaban
Ubos kaya sa'n pa man
Panindigan na lumaban
Katapangan, kagitingan
Panindigan, kailanman – Ubos-kaya!

**I**

*(base)*
Am Dm Am
Ubos-kaya, ating isulong ang matagalang digmang bayan
(base) Am E B
Opensiba ating pustura, biguin natin lahat ng oplan

*Ulitin ang Koro*

**II**

Ubos-kaya, platun gerilya, baseng masa lumalaban
Paramihin natin mga larangan, moog-tanggulan ng hukbong bayan

*Ulitin ang Koro*

**III**

Ubos-kaya ang digmang bayan
Isulong natin mula depensiba
Tutungo tayo sa pagkapatas
Opensiba hanggang paglaya




---

*Ang awit na ito ay ginagamit na pambukas ng Radyo Pakikibaka mula 2012.*

# Ang Tatlong Sangkap

*ni Ka Mindo*

Isang araw kami'y nasa kaingin
upang bisitahin ang aming pananim
ngunit ako'y nalungkot sa aking napansin
sa aming palayan mga baka ay nanginginain


Wala na kaming palay pagdating ng anihan
kinain na ng baka ng mga gahaman
lagi na lang kami ang nawawalan
kailan kaya magbabago ang kapalaran?

Dumating sila sa aming pamayanan
mukhang mababait at magagalang
sabi nila palayasin ang baka
dahil tao ang mahalaga

Isang araw aking nabalitaan
kanilang sinalakay ang bahay pastuhan
baril ng mga koboy kanilang sinamsam
sa takot, ang mga ito'y nagsipagtakbuhan

Kasunod nito'y kinuha na ang mga baka
sabi sa amin sakahin na ang lupa
Binuo ang samahan, binuo ang patakaran,
At nagpursige kami sa pagbubungkal

Nang sila'y bumalik kami'y tuwang tuwa.
Sa tulong nila kami'y nagkalupa,
Kami'y nag-aral at binuo sa grupo
At tumupad ng tungkulin sa pagtulong sa hukbo



Hindi pa raw lubos ang tagumpay,
kaya dapat kami'y mapagbantay
Pagkakaisa ang lagi nilang bilin
at 'wag lang ang sarili ang iisipin

Kaya niyakap ko armadong pakikibaka
upang makatulong sa maraming masa
ipaglalaban ang lupang sinasaka
mula sa kamay ng mga mapagsamantala

# Kumandera

*ni Ka Oryang*

"Gising na, lalakad na tayo," sabi ni Ka Odi sabay labas sa kubong tinulugan namin. Alas-3 na nga pala ng umaga, hindi kami pwedeng abutin ng sikat ng araw dahil kailangan naming makakalas sa baryo. Tiniklop ko na ang aking kumot. Maingat ako dahil baka magising ang ka-*buddy* namin. Nagulat ako nung narinig ko ang boses niya sa labas.

"Iayos na ang mga pinaglutuan at ibadyet na lahat ng pagkain."

Nagmadali ako para makakain na, baka mapansin kami ng aming *buddy* at mapuna kami. Lagi niya kasi kaming napupuna dahil mabagal kaming kumilos.

Istrikto si Ka LM pero napakabait niya. Naalala ko 'nung minsang ginabi kami sa pagdetats para sa isang gawain. Pagbalik namin, tinitiklop na niya ang naiwan naming maruruming damit na nilabhan niya. Hindi siya masungit. Ang angkop sigurong termino ay hindi siya liberal dahil lahat ng nakikita niya ay sinasabi niya para maiwasto namin.

Mataas daw ang ahon sa pupuntahan naming burol. Buti na lang nakauwi agad kami kagabi bago pa dumating ang kaaway sa sentro.


Dali-dali akong kumain. Ngayon ko lang napagtantong hindi na pala kailangang himayin ang daing laluna pag walang ilaw. Pagkatapos kumain, ininom ko ang mainit-init na kapeng maagang inihanda ng mga kasama at ipinak-ap ang aking *lunchbox* at baso. Hindi pa rin nawawala ang lasa ng daing sa lalamunan pero walang makapagyosi sa mga kasama dahil *red alert.*

"Kasama, eto ang kendi. Nakakaalibadbad ang daing, hindi makapanigarilyo," mahinang sabi ni Ka LM. Naninigarilyo din kasi siya. Sa aming apat na mga kababaihang magkakasama, siya lang ang naninigarilyo pero hindi naman kami naaapektuhan kahit kasama namin siya sa kubo.

"O sige mga kasama, tayo'y lalakad na, mga kalahating oras lang na ahon 'yun sa mabilis pero baka abutin tayo ng dalawang oras. Sakripisyo na lang muna sa pag-iilaw sa lakaran dahil dadaan tayo sa bahayan at hindi pwedeng mag-plaslayt. Mag-alalayan na lang sa pagtawid sa ilog. Umadbans ng kahit pitong metro ang Ulo

para tiyakin ang unahan," sabi ni Ka Odi sa *briefing*.

"Tiyakin lang ng Ulo at Buntot na nakapakat habang tumatawid ang Katawan sa ilog, medyo mabagal kami at aalalayan itong dalawang TOD," sabi ni Ka LM. Palagi siyang nagbibigay ng dagdag na mga gabay at utos laluna sa *briefing*. Bukod sa siya kasi ang pinakamatanda at pangunahing kadre sa yunit, sinasanay pa ang aming IL kaya marami pang nakakaligtaan.



Mabilis ang aming lakad, siguro dahil nga *red alert* kami at alam naming may *hot pursuit operation* ang kaaway para sa amin. Bigla ko na lamang napansin habang nag-aahon na lumiliwanag na pala. Pasado alas-6 ng umaga ay dumating na kami sa kaingin ni Tatay Manding.

Nasa baba ng burol ang kubo na palibot ng mga tanim na kamote, balinghoy at saging. Sa ibaba nito ay may maliit na sapa. Pumwesto lang kami sa kubo habang ang mga kasama ay nag-aayos ng pwesto para sa pagtataliba. Maya-maya, dumating na si Tatay Manding.

"Magandang umaga po, Itay!" ang mainit kong bati pero napatungo ako dahil sinita ako ni Ka LM. Masyado raw malakas ang aking boses.

"Magandang umaga mga kasama, wala na ang kaaway sa baba. Umalis din daw kaninang madaling araw at sumakay na ng bangka pa-bayan."

"Baka naman nagtago lang sa kung saang bundok ang iba at nagpakita lang ang ilan na umalis para i-*decoy* tayo," sabi ni Ka LM. Kinausap ni Ka LM si Tatay at maya-maya ay ipinatawag si Ka Odi at nag-usap silang tatlo.

"May dalang malagkit at niyog si Tatay! Magsinukmani daw tayo," sabi ni Ka Jess, siya ang pinakamalapit sa akin sa mga kasama at ang aking *good buddy* sa pormasyon. Inihanda na namin ang mga gagamitin sa sinukmani at nagkayod na si Ka Justin. Presentado siya dahil *hustler* daw siya dito. Taga-lokal kasi siya at laki sa niyugan.

"O, mga *buddy* ko dyan, *briefing* na," tawag ni Ka LM.

"Narinig naman ninyo ang ulat ni Ka Manding, wala na raw kaaway sa baryo. Pero syempre, hindi tayo lalagay na wala na talaga laluna't alam ng kaaway na may mga kasama sa *general area* at malaki ang hinahanap nilang yunit. Hindi sila basta aalis nang walang *contact*. Ang hakbangin natin, magpapasiyasat uli tayo sa baba kaya bababa si Ka Manding para magpakilos ng mga taong magsisiyasat sa baryo at sa mga karatig. Dito naman sa atin, dahil tiyak tayong sa kagyat ay walang panganib, ibababa na natin ang alerto sa *blue alert*. Bagama't ganoon, 'wag pa rin tayong magkampante at baka tayo masingitan. 'Yun lang muna at magluluto daw tayo ng sinukmani. Si Ka LM daw at mga ka-*buddy* niya ang magluluto," sabi ni Ka Odi.



"*Blue alert* pa rin, akala ko pa naman normal na ulit. Hay, kinakabahan na naman ako, beh," sabi ni Ka Jess sabay hawak sa kamay ko. Nginitian ko na lang siya para hindi gaanong mag-alala.

Pagkatapos ng *briefing,* naluto na rin ang sinaing na malagkit. Magsasantan na lang kami. Dito ko lang naranasang magluto ng sinukmani. Naisip ko na pag-uwi ko, magluluto ako nito sa amin. Habang niluluto ang santan, dumating ang ilang kasama galing sa dalawang pakpak.

"Luto na?" sabi ni Ka Aven.

"Ay, nagsasantan pa," sagot naman ni Ka Justin.

Alas-10 na. Dapat pauwi na si Tatay dahil malapit lang naman ang pinuntahan niya.

Pagkaluto ng santan, kinuha namin ang tutong ng malagkit at sinabawan ng santan. Naku, para akong nasa langit sa sarap! At ayun, nagkagulo na kami sa pagkain.

"O, yung bantayan ha, baka naman wala nang bantay sa inyong mga pormasyon. Alas-10:30 na wala pa si Ka Manding, baka mamaya, nagagapos na yun ng kaaway sa baba. 'Wag kayong mag-kampante," diin ni Ka LM. Nakaramdam na naman ako ng kaba. "Nasaan ba si Ka Odi?"

"Nagrekon po ata," sagot ni Ka Arlan.

"Mga baril 'nyo!" biglang sigaw ni Ka Odi. Nagulat ako at sa sobrang gulat ay nakalimutan kong suot ko ang baril kong tora-tora at hanap pa ako nang hanap. Hinagilap ko na rin agad ang mga sinampay namin at isiniksik lahat sa bag.

"Ano yun?" tanong ni Ka LM.

"May taong pumasok sa may sapa, naka-baril pero naka-tsino at naka-*bonnet*. Maureen! Pumakat kayo dyan! Yung Katawan, upo lang, upo."

"Pag pumutok, kumubli ka lang at sundin mo lahat ng sasabihin ko," sabi ni Ka LM. Ngayon ko pinagsisisihan ang hindi ko pagsali sa *mini-training* na inilunsad ng mga kasama.

Pak! Pak! Pak!

Praaaaak! Pak! Pak! Pak!

Dumami na ang mga putok at may naririnig pa akong mga pagsabog, isang napakalakas at ilang maliliit. Hindi ko na alam ang gagawin ko.

"Jessie! Sumunod ka sa'kin! Wag kang dadapa! Mababa ang tama ng bala," isinigaw ni Ka LM habang iminumwestra ang gagawin ko. Tiningnan ko muna siya, pagkatapos tumakbo ay biglang kukubli sa mga saging. Hindi ako masyadong kumpyansa sa kakayanan ng saging na idepensa ako sa bala pero dahil inaatasan niya ako at nakikita ko na ang satsat ng bala ng kaaway sa may kanan ko ay sumunod ako sa kanya. "Jess! Sumunod ka sa'kin!" sabi ko naman sa isa pa naming *buddy*. Maya-maya, kinailangang bumalik ni Ka Jess dahil nagloloko ang baril ng IL namin at gagamitin nito ang kanyang baril.

Kami na lang ni Ka LM ang magka-*buddy*. Ang ilan sa mga kasama ay lumalaban pa at nagdedepensa. Hanggang sa narating namin ang sapa. Pagkadating doon, nakita ko kung gaano kabilis niyang nilukso ang batang na nakaharang sa dadaanan namin. Pagbaba ng sapa ay kumubli siyang muli sa saging. Ni minsan ay hindi ko siya kinakitaan ng takot. Laluna nung nakita kong pumwesto siya at naka-ambang mamutok din.

"Sir, may mga babae!" ang narinig kong sigaw ng kaaway. At nang tumingin ako sa halos katapatan namin, naroon na nga siguro sila dahil malikot na ang mga damo at puno. Maya-maya, naramdaman kong pinuputukan kami. Hanggang sa uminit ang uluhan ko. Natakot ako, hinawakan ko agad ang ulo ko at tiningnan ang aking

palad. Walang dugo, wala akong sugat.

"Lumiban ka na!" Dun ko napansin na sinisigawan na pala ako ni Ka LM. At marami na palang kasama sa likod ko, umaatras na pala kami. Pero walang namamayong para sa amin. Umunang tumawid si Jess at tinamaan siya ng bala. Kitang kita ko ang pagtalsik ng dugo kasabay ng pagtama ng bala sa kanyang kaliwang hita at tumagos hanggang kanan. Nanginig ako. Hindi na ako makagalaw.

"Tita, may tama po ako," sabi niya kay Ka LM.

"Ok lang yan, wala pa yan sa sugat ng babae, kaya mo yan. Umatras ka na, bilisan mo," kumand ni Ka LM.

Pinipilit ko ang sarili kong gumalaw pero hindi ko kaya. Nang muli akong tumingin kay Ka LM, sabi niya, "habang namumutok ako, lumiban ka ha?" Sumagot ako ng oo. At nakita ko siyang tumayo sa likod ng puno ng saging at namutok. Doon nagising ang buong katawan ko at nagawa kong umigtad sa batang. Nakaalis na ako. Ligtas na ako. Pagdaan ko kay Ka LM, sabi ko, "Tara na po."

"Umuna ka na!" taboy niya sa 'kin.

Hinila ko ang bag niya. Hindi ko na naisip na wala ako sa kapasidad na ikumand siya at sinabi kong "Tara na po, sumunod na kayo sa 'kin". Hindi pa sana siya susunod pero dumating na rin sina Ka Odi at sinabihan na siyang umatras na.

Umatras na kami. May tensyon dahil may dalawa kaming sugatan—sina Ka Jess at Ka Odi.


Habang naglalakad, nagbalik-tanaw ako sa mga nangyari. Ngayon ko hinangaan ang katapangan at kumpyansa ni Ka LM. Habang ako ay kabang-kaba, takot na takot, siya naman ay kalmado lang. Parang alam na alam niya na ang gagawin niya. Siguro pinanday na rin siya ng mahaba na niyang karanasan sa pakikibaka. Bilang babae, higit ang paghanga ko dahil napatunayan kong hindi lang pala mga lalaki ang may kakayahanang maging kumander. Tulad niya, pangarap ko ring maging "kumandera" pero alam kong marami pa rin akong kailangang pagdaanang mga karanasan para pagkunan ng aral sa buhay.

---

*TOD – tour of duty*
*IL – iskwad-lider*
*santan – pinaghalong gata, asukal at katas ng dayap*

# Destinasyon

*ni Ka Althea*



Palingon-lingon si Elisa habang tinatahak ang madulas at maputik na daan. Mabilis ang tambol ng kanyang dibdib habang nakakapit sa bag ng kasama niya sa unahan. Magkakasunod sila habang naglalakad. Bawal ang plaslayt.

Nakailang ahon na sila. Ilang lusong, ilang gulong at ilang bangon na rin.

“Ayos ka lang, Kasama?” nakangiti habang inabot sa kanya ang kamay ng isang kasamang bakas sa mata ang pagod at saya.

Tinanggap ni Elisa ang kamay at bumangon.

“Malapit na tayo, huwag kang mag-alala,” pagpapanatag ng kasama.

Ngunit imbes na mapanatag ay lalong nag-alala si Elisa. Iniisip niya kung anong sasabihin sa magulang sakaling magkaroon ng labanan at magkahulihan. Naalala niya ang pagpapaalam niya sa kanila para makapasok sa sonang gerilya. Nagpaliwanag pa siya nang maayos para mapayagan ng ina.

Huminga nang malalim si Elisa. Hawak ang putikang tsinelas dumiretso na siya sa bulto ng maraming tao.

“Anunsyo sa lahat, ito ang ating numero para sa depensa,” malakas na paliwanag ng makisig na kasama.

Nanlaki ang mata ni Elisa. Wala sa isip na napagtapat niya ang dalawang palad at pumikit.

“Kung may marinig kayong putok, dumapa kayo at huwag mangamba ‘pagkat sa karanasan nitong yunit, laging tayo ang na-

kakauna sa kaaway."

Minulat ni Elisa ang kanyang mata at iniangat ang kanyang mukha.

"At sikapin ninyong dalhin lahat ng gamit natin dahil, naku! Nakakahiya kapag ipinamalita ng kaaway na nakakuha sila ng isang sakong tsinelas mula sa NPA."

Napasabay si Elisa sa malakas na tawanan.

"Ayos pala dito, mga *joker,*" bulungan sa gilid.

Maya-maya'y ipinakilala na ang lahat ng bisita mula sa iba't ibang rebolusyonaryong organisasyong masa at lahat ay hiniritan ng kulturang pagtatanghal.

Pinagmasdan ni Elisa ang bawat pagtatanghal nang mapatapat siya sa isang riple. Wala sa loob na napahawak siya rito. Ngumiti siya. Ang malakas na tambol sa dibdib niya ay nawala.

"Elisa, dito ang tulugan natin!" tawag sa kanya.

Paglapit niya sa kasamahan nila, sambit ni Elisa,


"Ate, magpapaiwan na ako."



mula sa Alab ng Bikol, 2016

# BP at Baril

*ni Ka JP*




Noong ako'y bata pa pangarap kong maging doktor
Habang nag-aaral pangarap aking tangan
Kahit pa ang baon ko'y kamoteng kahoy lamang
Hindi umaayaw pangarap ko'y maabot lang.

Ngunit sa kahirapan ng aking mga magulang
Hindi ako nakatuntong kahit hayskul man
Sapagkat sandaang piso bahagyang mahawakan
Kaya ang nais ko'y hanggang pangarap na lamang


Ngunit heto ako't nagpasyang maghukbo
Ang pangarap kong maging doktor ngayo'y naabot ko
Kahit ang maging dentista ng malawak na masa
Sa isang iglap lang pangarap ko'y nakamit na

Ngunit ganito pala ang maging doktor ng masa
Sa isang kamay ay pang BP,  baril naman sa kabila
Pagkat nais gamutin ang masa at palayain sila
Bunutin ang tatlong salot na pahirap sa masa

Ang pagiging doktor ng masa'y yakap nang buong puso.
Handang ialay maging kaisa-isang buhay ko
Pagkat ang masa at kasama'y siya na ring pamilya ko
At naging buhay ko na ang rebolusyong ito.

Naranasan ko man ang mahuli ng kaaway,
Piringan ng tatlumpu't anim na oras, gapos ang kamay
Pigilang magsalita sa likod ng rehas na bakal
Ngunit hindi natinag aking paninindigan

Pangarap kong matuto'y di nahahararangan
Kahit sa bangis ng libong kaaway
Hindi ako susuko sapagkat BP at baril ang tangan
BP, upang gamutin ang sakit ng mamamayan
at baril upang mapalaya ang inang bayan.



# Masalimuot ang Asimut

*ni Ka Eman*

Masalimuot ang asimut
Ruler, compass, bar scale at mapa, kailangang iayos
Contour lines, elevation, dalisdis at bundok
Lubhang kumplikado, kailangan calculator
Pagsisikapan, pagtutulungan, lahat maunawaan.

Syensyang militar, dati nang ginagawa
Range finder, GPS at krokis
Pinag-aralan at isinapraktika
Maligaw ka pa kaya?
Tagumpay pihado na!

Tamang uri at dami ng eksplosibo
Mahalagang salik sa demolisyon
Ekwipo, tangke, artilyari at lohistika
Wasakin, ipagkait sa pasista
Panghawakan kongkretong datos at disiplina
Pangangailangang militar ng kaaway
Mawawalang silbi sa ating bomba!

Prinsipyo ng Digma, mahigpit na tanganan
Pokus, kalinawan, iisang pagsisikap, di dapat iwala
Inisyatiba at Surpresa, layunin isauna
Determinasyon at bilis, panlalansi kalangkap pa
Taktikang gerilya, laging dala-dala.

Sining ang mga labanan at digma
Siyentipikong taktika at teknika
Ating itatanghal sa teatro ng digma
Tagumpay, alay sa masa!


---

***azimuth –*** *ang pagkuha ng mga degree ng direksyon sa kompas*

# Unang Pagsusulit

*ni Ka Oxen*

*Isinulat noong Hulyo 2015 sa Mindoro, matapos ang test mission ng pagsasanay sa isnayping*



Sa araw ng pagtatapos ng pagsasanay, punumpuno ng kaalaman. Nagbigay ang pagsasanay na ito ng kumpyansa sa bawat isa sa pakikihamok sa kaaway. Punumpuno din ng hamon. Ika nga ng mga instruktor, "Ang patuloy na paghahasa ng kaalaman ay ang paggamit nito sa praktika." Sa araw ng pagtatapos, umpisa rin ang isang mahabang pagsusulit sa isang matagalang digma.

Madulas ang bato, lumalalim at lumalakas ang agos ng tubig kasabay ng tuluy-tuloy na buhos ng ulan. May balitang bagyong parating. Palarga na ang mga tim para sa unang misyon.

Hindi kami pamilyar sa kalupaan, wala pang gaanong kilalang mga tao at hindi pa masyadong bihasa sa lenggwahe. May konting "takot" pa sa sinasabing maraming limatik ang aming dadaanan.

Malamig dahil sa pagkabasa namin sa ulan. Pinapawi naman ng init

na ikinukubli ng kapirasong pamandong na plastik at ng ngalay na balikat sa dalang pak ng mga daing, sardinas at iba pang pangangailangan na pinasarap ng mga baon na inspirasyon at hamon.

Hamon para sa lahat sa amin ang muling pagpapasigla ng mga opensibang militar ng mga larangan para mahatak ang ibang pwersa ng kaaway mula sa ibang larangan at rehiyon, tugon sa panawagan tungong estratehikong pagkakapatas. Hamon sa amin na maisapraktika ang natutunan. Ika nga, "Mapapatunayan ang talim ng gulok kung ito ay gagamitin, at patuloy itong magiging matalas kung ito ay laging hahasain."

Puspos ng inspirasyon ang aming unang misyon at ang dalang mga bagong kaalaman. Nagpatingkad ang balitang walang awang pagpaslang kay Ka Parago, isang kumander ng Pulang hukbo at dakilang kasama. Dapat igawad ang rebolusyonaryong hustisya para sa mga kasama at para sa masang patuloy na nilalapastangan ang mga karapatan.

Masaya ang mga kasama sa tim. Walang maramdamang tensyon. Lahat ay inspirado at desidido.

"May ibang tao, mga kasama, huwag muna kayong magpakita at baka makapagkwento," wika ng tagaroon sa baryo na aming target. Medyo matagal na hindi nababalikan ang lugar dahil sa labanang naganap dito, mahigit isang dekada na ang nakaraan. Hindi kami kilala ng masa pero marahil pamilyar sila sa mga kilos dahil sa matagal na pakikihalubilo sa mga kasama. Nagtiwala sila. Kami ay iningatan at pinatuloy kahit may pangamba. Dagdag nila, "May dalawang beses nang dito natulog ang mga marirok* nito lamang nakaraang taon. May pwede kayong pwestuhan na kaya pa naming makapagpaabot kapag may ibang tao o marirok na darating." Ramdam namin ang pagmamalasakit ng masa upang mapangalagaan ang hukbo.

Umuulan nang kami ay dumating sa kanilang bahay. Kahit na basang-basa, mainit kaming nakipagkamay at nangumusta. Sinalubong nila kami sabay ng sambit ng "matyis", ang salitang "malamig" sa lokal na lengguwahe. Masaya ang masa. Lagi silang nakangiti. Binigyan nila kami ng manok na pang-ulam. Nakakaantig.

Tuluy-tuloy pa rin ang pagbugso ng ulan, may isang linggo na. Matatarik ang daanan. Kailangan naming umiwas sa mga normal na daan upang hindi mapansin ng mga tao. Mahirap ang daan at masukal. Kailangang tiyagain.

Sa paglakad namin papunta sa aming target, mahapdi na ang mga paa namin sa alipunga, ika nga ay karne na. Hindi namin ito inantisipa. Maging ang singit at hita namin ay puro na 'yaes' at mga nakaika nang

lumakad. Nakakaang ang hita dahil mahapdi pero pursigido pa rin ang tim na makatuloy sa target.

Pagkalapit namin sa target, kailangang maghanap ng pwedeng mapwestuhan. Malakas pa rin ang ulan at katal na ang katawan sa lamig ng halos maghapong basa. Talagang hindi kayang pawiin ng ngalay ng bag sa balikat ang lamig.

Tinanaw namin ang target. Masukal na ang kampo. Halos walang masilip. Wala ring naglakad-lakad, marahil ay dahil maulan. Malayo rin ang pwestuhan. Kailangan muna naming bumalik, palipasin ang maulang panahon, at pag-usapan kung ano ang mahusay na magagawa upang makabira, gayundin, makapagpagaling ng mga alipunga at yaes.

Makalipas ang ilang araw, maganda na ang panahon, gayundin ang pakiramdam ng mga paa at hupa na rin ang mga yaes. Napagkaisahan ng tim na muling balikan ang sayt. Mga alas-9 ng gabi kami dumating sa tapat ng target. Medyo malayo pa rin ang distansya. Sa kapirasong talahiban, sinikap na pagkasyahin ang tim. Tahimik kami dahil mga dalawang metro lang sa likod at harap ay daan ng magsasakang may kaingin sa pinwestuhan.

Papaliwanag na, patuloy na naghahanap ng malinaw na masisilipan sa mga dahon ng talahib. Nakikita na rin ang nagtatawirang kaaway sa kapirasong pugwang. Medyo may kalayuan pa rin talaga ang sayt at hindi rin tumitigil ang kaaway sa makitid na pugwang.

Matingkad na ang init ng araw. Umiigting ang alinsangan dahil sa walang makapasok na hangin sa talahib at kugon. Nagpapabalik-balik ang kaaway sa kanilang mga kubo. Nakatagilid sila at hindi tumitigil sa pugwang. Tayang hindi tatama. Nag-usap ang tim at napagdesisyunang ituloy na ring putukan upang lumabas ng kampo ang kaaway at ang ikakasa nitong operasyon ang bibirahin.

Pang!

Pinakawalan ko ang unang putok kasabay ng malakas na tugtog ng videoke sa di kalayuan. Hindi tumama. Naglabasan ang ibang kaaway, nakatigil sa lawad at nakaharap sa pusisyon namin.

Pang!

Pinakawalan ng isang kasama ang pangalawang putok. Takbuhan ang kaaway sa mga kubo sabay sigaw na "kalaban nga!" Wala na kaming makita kaya umalis na kami.

Sa pangatlong araw, pinatawag sa kampo ang masa dahil pinaputukan daw ang kampo. Nag-abiso silang aahon at mag-ooperasyon ang mga ito. Ito ang hinihintay ng tim.

"Mga kasama, matagal nang alam ng mga sundalo sa kampo na may

mga ‘huwad’ sa lugar na ito, sangkot sa mga nakawan ng baka, ng aming mga saging at bondo pero hindi nila inaahon o pinupuntahan. Pero kapag nakabalita ng NPA, umaahon sila agad,” sumbong sa amin ng isang tagabaryo.

“Mga kasama! May mga kaaway sa ibaba at malamang na paahon dito!” paabot ng isa pa. Kagyat kaming pumakat sa natukoy naming pwestuhan bandang alas-10 ng umaga. Kagyat na naglinis ng pwedeng masilipan sa manipis na kugonan. Matingkad ang init, ala-una na pero hindi pa rin dumadaan ang kaaway. Kumukulimlim, umaambon na kaya nagpandong ng plastik ang tim.

“Yan na! Kaaway!” sambit ng isang kasama sa *shooter*. Nang tumanaw ako sa daan, nangingitim ang magkakalapit na kaaway.

Ang target ay ang unang tao. Alas-tres na ng hapon at lumakas na rin ang ulan.

Pang!

Pinakawalan ng isang kasama ang isang putok, timbuwang ang kaaway, hindi na gumalaw, hindi na bumangon sa pagkakalugmok.

Matapos ang putok ng kasama, kagyat na tumugon ng putok ang kaaway nang walang puknat. Malayo na kami ay tuloy pa rin ang putok nang mahigit kalahating oras.

Isang putok sa mga mersenaryong tropa na desidido at pursigidong tumugis at pumatay sa bawat Pulang mandirigma. Isang putok ng rebolusyonaryong hustisya para sa mga masa at sa mga kasama.

Sabi nga sa aming pagsasanay, “isang putok, isang patay.”

Gaya sa isang pagsusulit, ito ay isang ‘multiple choice,’ ngunit kailangang piliin ang pangunahin na may malaki o kagyat na sasaling sa epektibidad at moral ng kaaway. Isang ‘matching type,’ pag-angkop ng kapasidad ayon sa kakayahan. Isang ‘enumeration,’ sa taglay na kasanayan ay maaangkupan ang iba’t ibang kahingian ng pamamaril—malapitan, malayuan, nakatigil, gumagalaw, nakakubli o nakalantad, araw man o gabi—nang makatama nang terible. Isang ‘essay,’ kung paanong ang kumbinasyon ng salita ay nakabubuo ng mahusay na pangungusap, sa pagpapaputok naman ay kailangan ng kumbinasyon ng pasensya, tiyaga at maingat na pagkilos nang makalapit sa target upang sorpresa’y tiyak na makamit. At higit sa lahat, isang ‘fill in the blank,’ ang lahat ng ito ay mapupunuan at magkakaroon ng kaganapan kung target ay *bulls* na tatamaan.

---

*marirok – lokal na tawag ng masa sa sundalo*

# SULAT

*ni Ka Udyr*



Hello Gang,

Narito ako, naroon ka. Ganito na ba talaga ang buhay nating dalawa? Iisa lang ang oras sa relo natin pero magkabilang dulo naman ng Sierra Madre ang layo natin sa isa't isa. Ilang pindot lang sa telepono, pwede ko nang marinig ang tinig mo. Kaso, pati teknolohiya ay pinagkaitan tayo.

Narito ako, naroon ka. Magkaiba na ang buhay nating dalawa. Ang pangarap nating "White Wedding" noon ay wala na. Ang dati nating buhay ay hindi na normal sa akin. Walang normal na buhay sa malakonyal at malapyudal na lipunan. Ang sabi mo sa akin ay walang nabago sa pangarap natin, bagkus may nadagdag lang. Walang nadagdag, Gang! Sadyang nagbago na ang buhay natin. Hindi na ako 'yung dating Udyr na nakilala mo. Hindi na ako sibilyan. Isa na akong gerilyang komunista. Hindi na ako pwedeng magpagala-gala at magpa-DOTA-DOTA gaya ng dati. May mahigpit na akong tungkulin ngayon, Gang.

Narito ako, naroon ka. Sa puso ko, hindi ka na nag-iisa. Mahal na mahal kita, Gang! Ganoon din ang sambayanang kinabibilangan natin. Gusto kitang makasama, Gang at alam kong ganoon ka rin sa akin. Sana maintindihan mo rin, Gang na maraming masa at kasama ang nangangailangan ng tulong. Sa paggampan ko ng gawain dito, maaaring hindi na tayo magkita.

Maaaring sa susunod na araw, oras, minuto ay maging martir ako gaya ng ilang kasama dito na magiting na nagbuwis ng buhay para sa sambayanan.

Sa kabila ng mga hinaharap kong sakripisyo, Gang, patuloy akong kikilos at maglilingkod sa mamamayan at syempre patuloy kitang mamahalin.

I love you.

Udyr_tkr

PS.

I may fall just like a shooting star, but my heart will stay.



*Si Ka Udyr o Jayson Pagalan, isang kabataang Pulang mandirigma ay nasawi sa San Andres, Quezon noong Marso 20, 2015.*

# Ang Masa Lamang ang Tunay na Bayani

*ni Ka Andy*

Petsa 20 ng Marso nang ako'y isinama sa operasyong isparo laban sa isang masamang elemento at salot sa masa. Isang bantog na upahang mamamatay-tao.

Malinaw sa amin na ang tungkuling ito'y magbibigay ng kaginhawahan sa masang nagdurusa sa teror ng demonyong target. Napabilang ako sa tim na aktwal na nagsagawa ng pamamarusa.

Matagumpay naming naipatupad ang aktwal na paggawad ng parusa.

Subalit sa proseso ng operasyon, lumitaw ang ilang kahinaan sa kalkulasyon. Ang pag-ayuda sa target ng kanyang mga matong kasamahan ay nagresulta sa ilang minutong labanan.

Nag-alay ng kanyang buhay ang kasamang trigerman. Ako ay kabilang sa nagtamo ng pinsala at umatras na sugatan.

Sa pag-atras ay hindi ko ininda ang aking mga sugat. Subalit di maglalao'y mawawala ako sa direksyon. Sa tubugan ng kalabaw ako napadpad. Dito ko na hinugasan ang aking mga sugat at pinatid ang aking uhaw.

Matapos niyon ay nagtago ako sa sukalan. Inampat ko ang pagdurugo ng aking mga sugat sa pamamagitan ng tabako ng sigarilyo at ng kahuhugas pa lang na basang damit at panyo na ngayo'y tigmak na naman sa dugo.

Dito ko na lamang naramdaman ang labis na kirot sa aking mga sugat. Saka ako nakadama ng panghihina ng katawan. Nagpasya akong doon pansamantalang mamahinga at sa pagkagat ng dilim na lang muling lalakad. Kailangang maitago ang aking presensya sa mga nakasagupa naming tiyak na naghahanap na sa akin.

Nakalatag sa damuhan ang aking sugatan at pagal na katawan. Pero maya-maya lang ay agad akong nag-alerto nang maramdaman kong may papalapit sa akin.

Nang makatiyak akong sibilyan ang palapit sa akin ay tinawag ko ang kanyang pansin sa pamamagitan ng pagpalakpak.

Nang tumingin ay sinenyasan ko siyang lumapit sa akin. Dahil hindi ako makapagsalita dulot ng tama ng bala, ginamit ko ang aking *cellphone* at itinayp: “NPA AKO, TULUNGAN MO AKO”.

Nung una’y natakot siya subalit nagawa ko siyang kumbinsihin na wala siyang dapat ikatakot. Naging palagay ang kanyang loob kaya nagawa ko siyang pagkuwentuhin sa nangyayari sa paligid. Ang sabi niya sa akin ay, “Kasama, napatay ninyo ang hayop na kriminal na’ yon! Tama lang ‘yon sa kanya”


Ibinalita rin niya sa akin na ang isang kasama sa aming tim ay hindi nagawang makaalis. Sugatan siya at tuluyang pinatay ng mga kriminal. Aniya, hinahanap na ako ng mga kasamahan ng aming pinarusahan.

Nag-uusap kami sa pamamagitan ng pagtitipa ko ng gusto kong sabihin sa *cellphone*.

Nagpakuha ako ng paragos para maihatid sa kabilang barangay. Dali-dali siyang tumalima. Matagal-tagal akong naghintay sa kanyang pagbabalik.

Nagtakda ako ng oras sa sarili na kapag hindi pa nakabalik bago mag-alas otso ng gabi ang lumakad ay aalis na ako sa pinagkakitaan niya sa akin.

Halo-halo ang aking nararamdaman. Nagdadalamhati at naiiyak ako sa nangyari sa kasama. Itinaas ko ang aking kanang kamao upang personal ko siyang parangalan. Kasabay ang pagngiti ng aking sugatang labi dahil alam ko na nagtagumpay kami sa aming misyon.



Kasunod ay ang pagkirot ng aking mga sugat at tuluy-tuloy kong panghihina. Pinatibay ko ang aking sarili sa pamamagitan ng pag-awit ng Internasyunal sa aking isip.

Nagpakatatag ako sa pagharap sa ganung sit-

wasyon. Inisip ko na ito'y bahagi ng aking paglilingkod sa masa. At ang kamatayan ay bahagi ng sakripisyong maaaring harapin ng sinumang mandirigma ng sambayanan.

Pinanghawakan ko ang mga Regulasyong Militar na aking natutunan. Nag-alerto ako at sinikap bantayan ang sinumang lalapit at tiniyak kong ako ang unang makakakita, na hindi ako mauunahan.

Naging aktibo ang aking isip sa paghahanap ng paraan, kahit hindi ako pamilyar sa lugar. Tanging direksyon lang ang aking tinandaan.

Lumakas ang ulan. Saka ako nakadama ng pansamantalang kaalwanan dahil nabasa ang aking katawan ng ulan. Sumilong ako sa isang koprahang sira at dito ako nagpaliwanag dahil alam ko na maliligaw ako kapag ako'y nagpatuloy lalo pa't lalong dumilim ang palibot dahil sa buhos ng ulan. Bandang alas-5 ng umaga, ako'y muling lumakad. Kita ko nang pasikat ang araw. Mula doon ay natandaan ko na ang aking direksyon. Malapit na pala ako sa barangay na aking pupuntahan.

Nang makarating ako sa barangay ay agad akong humagilap ng tagaroon at kagyat kong ipinakita ang CP ko na may nakasulat na, "NPA ako, tulungan niyo ako!"

Hiniling kong dalhin ako sa bahay ng kasama sa lokalidad pero kilala ko lang siya sa koda. Dahil hindi kilala ng mga tagaroon ang koda na sinabi ko, dinala na lang niya ako sa isang sulok ng taniman at pinaghintay dun.

Pinalitan nila ang damit kong tigmak ng putik at dugo. Binigyan ng tubig. Dinalhan din ako ng pagkain. Tinipa ko sa aking CP na tubig na lang sapagkat ang aking bibig ay sadyang napinsala at di pa makanguya.

Lumipas ang ilang minuto, pinuntahan ako ng mga tanod at opisyal ng barangay. Gusto nila na sa *barangay hall* ako dalhin. Tumanggi ako at pinaagwat ko sila.

Lumapit ulit ang isa sa kanila at nagpakilala na ugnay siya ng mga kasama. Tinanong ko kung ano ang kalagayan ng lugar. Nagpapakuha sana ako ng sasakyan. Ang banggit niya ay hindi uubra dahil may mga kaaway na at kasamahan ng naparusahan na naghahanap sa akin.

Isinulat ko sa lupa ang pangalan ko at nakiusap na sabihin sa mga MB na nasa palibot lang ako. Sinabihan ko ang nagpakilalang ugnay na kausapin sa malayo ang mga tanod at ang mga opisyal ng barangay. Tumalima naman sila at kagyat akong umalis sa lugar at nagtago sa gulod.

Nagpatuloy ako sa paglakad at nakarating ako sa isang kubo na na-

tandaan kong nadaanan ko na. Dito ako nakaramdam na malapit na akong makaugnay sa mga kasama. Muli akong nag-isip ng plano. Magpapasama ako sa mga tagaroon, para ihatid ako sa isa pang magsasaka na magdadala sa akin sa mga kasama.

Nang ako'y papalapit na sa bahay ay kagyat akong sinalubong ng masa at sinabihan na huwag na akong umalis sa koprahan niya at kukunin na ako ng mga kasama dun.

Makalipas ang ilang minuto ay dumating ang dalawang milisya na nakasakay sa kabayo. Pinasasakay ako pero ang sabi ko ay hindi ko kaya. Kaya inalalayan nila ako at naglakad kami. Mabagal akong lumakad dahil sa mga sugat ko kaya tinawagan ng milisya ang isa pang tagabaryo at pinasakay ako sa paragos. Makirot ang mga sugat ko dahil sa tagtag ng paragos. Tiniis ko iyon at nang makalayo na ay muli akong lumakad.

Nang makarating kami sa kubo ay hindi ko na kayang lumakad, kaya naghanda sila ng duyan at binuhat ako.

Parang hangin sa bilis tumakbo ang mga MB habang buhat ako sa duyan. May nagtetsek ng daanan at may nagpapalitan na ako ay buhatin.

Nang makarating kami sa isang gulod ay dito naitawag sa mga kasama na hawak na ako ng MB at nalaman ang sitwasyon sa barangay na hinahanap ako ng 30 sundalo at isang iskwad ng mga pulis. Pati ang mga kasamahan ng pinarusahan ay naghahanap din.

Sa ganitong sitwasyon lalo kong nakita ang kadakilaan ng masa. Ang isang iskwad ng pulis ay nilansi nila. Anila, "Madaming NPA sa bundok" at magkakamatayan lang kapag umahon pa kaya hindi na dumiretso ang mga ito.

Ang mga sundalo na naghahanap ay agad ding nabantayan kaya nagawang antisipahin kung saan ang operasyon nila. Nagawa din ng masa na ako ay mailusot kahit ang kaaway ay nakakalat na.

Habang kapiling ko ang masa sa ganitong sitwasyon ay dito ko mas lalong napatunayan na ang masa ang tunay na lakas na hindi kailanman magagapi at dakila sila dahil hindi sila natinag sa kaaway na nakaambang puminsala.

Ang aking sugatang labi ay napangiti sa ganung pag-iisip. Mabuhay ang masang api! ang sigaw ko sa aking puso.

# May Isang Libo't Isang Paraan ang Masa

*ni Ka Fiel*



may isang libo't isang paraan ang masa
kung paano pangangalagaan ang mga kasama.

singkwenta-sandaang metrong pagitan
sumasalikop ang mga pasistang kaaway
ngunit bumabaril sila sa hangin
sapagkat ang hukbo'y kinakanlong ng masa.

may isang libo't isang paraan ang masa
kung paano lalansihin ang kaaway
"wala kaming nakitang hukbo"
"walang daan diyan sa gulod"
sa mga balisbis, ang hukbo ay ikukubli.

may isang libo't isang paraan ang masa
upang palakasin ang hukbong bayan
sa pusikit na karimlan, sila ang magsisilbing giya
pasisilungin ang mga kasama sa kanilang tahanan
walang pag-iimbot na iaalay ang kalanan
para makahigop ng kapeng mainit
at malamnan ang sikmura ng mga kasama.

may isang libo't isang paraan ang masa
upang itaguyod ang hukbo
mata at tenga laban sa kaaway
giya sa mga eryang himpilan at atrasan
nagbibigay ng mga kontak
sa mga bagong eryang binubuksan at kikilusan

inaari ng masa ang hukbo
pagkat ang hukbo ay mula sa kanila
at para sa kanila.

may isang libo't isang paraan ang masa at hukbo
para gapiin ang kaaway
tiyakin ang tagumpay
at itayo ang sosyalistang lipunan.

# Nanay, Tatay

*ni Freida Miral*

Nanay, Tatay
Mandirigma, gerilya

Iniluwal mula sa sinapupunan ng digma
Hinele sa pintig ng rebolusyonaryong adhika


Nanay, Tatay
Hukbo, rebolusyonaryo

Nagliliyab ang punglo at prinsipyo
Nag-aalab na mga anino

Nanay, Tatay
Partidista, komunista

Sumagupa sa ritmo ng bigwas at alon
Niyakap ang laban ng libong kahapon

Nanay, Tatay
Aking Nanay, Tatay
At Kasama.



# Oktubre Katorse, Dosmil Kinse

*ni Ka Daniel*

*Alay kina Kasamang Jhune Luis “Ka Sam” Cayao, Joel “Ka Panus” Velazco, Marjorie “Ka Fort” Manto at Diosdado “Ka Jing” Rempi, mga bagong martir ng Eduardo Dagli Command-BHB Batangas*

Araw ng inyong kabayanihan
Araw ng inyong kadakilaan
Araw ng inyong kagitingan
At araw na di namin
Kayo malilimutan!

Sa panahon ng kagipitan
Panahong duguan at sugatan
Panahong ibinuwis ang buhay
Kamatayang di ipinagkait kailanman
Sa kaaway ay handang lumaban

Nais naming magbigay parangal
Sa ipinakita niyong katapangan
Sa inyong walang kapantay
Na nag-alay ng buhay

At sa araw ding ito
Mamamakas sa aming mga mata
Ang poot at galit na nadarama
Handang lumaban magpakailanman!

At darating din ang araw
Na maipadama ito sa kaaway
Ang punglo na walang alinlangang
Tatarak sa kanilang mga dibdib

Kaya’t sa inyong paglisan,
Pulang saludo mga kaibigan
Mga kasamang tunay na
Bayani ng sambayanan!

# Alaala ng Iyong Paglisan

*ni Lire Rosa*

Pana-panahon kong tinitingnan ang iyong larawan
Natatakot ako na sa tagal ng panahon ang itsura
mo'y malimutan
May ilang taon na rin pala ang lumipas
Nang ang tuyong rosas na nakasipit sa libro mo'y
nanlagas

Isang libro, isang larawan at habambuhay na
pagkakaibigan
Mga alaala na sa akin ay iyong iniwan
Nariyan din ang tunay at hiram mong pangalan
Mga alaalang nakasipi na sa iyong kasaysayan

Subalit ang mga alaala ng iyong kabayanihan
Ang siyang mag-aalab sa iyong himlayan
Walang pag-aari, walang pangalan
Tanging ang pangako ng dugo mo sa bayan

At ang mga alaala ng iyong paglisan
Ay di mabubura ng iyong kamatayan
Sa lupang iyong libingan
Sisibol ang mga pulang bulaklak ng himagsikan



*Ang tulang ito ay isinulat bilang pag-alala sa anibersaryo ng pagka-martir ni Ka Jed—isang pintor, musikero at Pulang mandirigma.*

# SULONG, PULANG MANDIRIGMA

*Musika: Ilyan*
*Titik: Ilyan, Mulan, Drew at Emman*





```
Intro:    Cm–Fm–Cm–Fm–Cm–G-Cm
          Cm–Fm–Cm–Fm–Cm–G-Cm
Haa...

Koro:

Cm
Sulong  Pulang  mandirigma
  Fm                              Cm
Itaas antas ng teorya’t praktika
   Fm                        Cm
Magpakadalubhasa sa syensya ng digma
G                                  Cm– --G–G7
Kamtin ang ganap na paglaya.

  Cm, G, Cm,     G
Buong giting na ipatupad
                                Cm
Ang atas ng Partido Komunista
                 Cm7               Fm

Wastong gabay  sa pakikihamok
     G#     Cm          G#     G
Wastong linya ang itataguyod.
Cm, G,  Cm       G
Ang armas nati’y paglingkurin
                         Cm
Sa uring inaalipin
```

Cm7 Fm
Moog ng mga ganid ating titibagin
G# Cm G# G
Pagsasamantala'y ating gagapiin.

(Ulitin ang Koro)

Papalawak, papalalim na baseng masa
Rebolusyong agraryo ganap na isagawa
Pandayin kasanayan sa armadong pakikibaka
Tagumpay sa lahat ng teatro ng digma.

Ang pulu-pulong kalupaa'y aralin
Mataas man o mababa, gawing pabor sa atin
Sa malawak na kanayunan tungong kalunsuran
Itakda ang labanan, sa kaaway paglilibingan.

Cm–Fm–Cm–Fm–Cm–G–Cm–A–A7

Haa...

(Tataas ng isang Key)

(Ulitin ang Koro)

Huwag kalilimutan, ating kasaysayan
Haraping may pag-asa ang kinabukasan
Pananaliksik at pag-unlad walang kapaguran
Ubos kayang mag-ambag alang sa sambayanan.

Ang ating laban ay bahagi't kaisa
Ng sangkatauhang nakikibaka
Mahigpit na hawakan ang tangang sulo
Ng pandaigdigang proletaryong rebolusyon.


(Ulitin ang Koro)

*Nilikha habang nasa pagsasanay at inspirasyon ng BKO sa Timog Katagalugan, Pebrero 29, 2016.*

# Amtam Yaman Nayaw

*Awit salin sa Buhid*

*sa tono ng Song for Bobbie*



Tam lumahaw sas mwayan
Nginaraw tumurang digmang bayan
Nagawa kana paglutok o madamloy kat dalan
Ka mga mahuri tam bumulas lamang

Hasnog ng punglo'y tadwa na kog
Ambahan ng larangan ham dagan
Ngawa kana pag mahuri kag laban farigunan
Mga kalaban tam bumabaw lamang

Koro:

Amtam yaman nayaw sad sirang
Tam kabaya ambahan ng masa
Ngawa kana fag mahuri, Tam fagbol di fagaba
Anggan masa't hukbo'y nom sadi.

(ulitin ang Koro)

# Gintong Silahis

*sa tono ng Song for Bobbie*

Tayo'y lalakad sa ulan
Upang isulong ang digmang bayan
Anumang putik at dulas ng daan
Ang mga balakid ating lalagpasan

Angil ng punglo'y di pansin
Awit ng larangan ay dinggin
Anumang hirap, pakikibaka'y pataasin
Ang mga kaaway ating lulupigin

Koro:

Gintong silahis sa umaga
Mga ngiti at awit ng masa
Anumang hirap, mapapawi sa tuwina
Kapag ang masa't hukbo'y magkaisa

(ulitin ang Koro)

# MGA ALON
# SA DAGAT NG NAKARAAN



*Malawig at makulay ang kasaysayan ng rebolusyonaryong pakikibaka sa Timog Katagalugan. Dahil nasa tarangkahan ng Maynila, may kakaibang tindi, maraming ikot at liko, ang kahirapan dito, ngunit lumaro nang husto ang tulungan ng mga hayag na pangmasang pagkilos ng mga estudyante at manggagawa sa kalunsuran at ng kilusang magsasaka at armadong pakikibaka sa kanayunan. Ilang kasamang matagal na sa pagkilos ang nagbahagi ng mga karanasan sa kanilang personal na paglahok sa pagpapasulong ng rehiyong ito.*

# Pagpupundar ng Rebolusyon sa Laguna at Batangas


*Kwento ni Ka Nap*

*Agriculture* ang kurso ko sa unibersidad. Sa panahong iyon, maliban sa tradisyunal na organisasyon, hindi pa masigla ang pagkilos sa eskwelahan dahil nga batas militar. Pero sa kaunting pagluwag noong 1974, mabilis na nakapwesto ang mga aktibista, dahil meron nang mga lihim na organisasyon at aktibidad at natutunan ang paggamit ng iba't ibang porma ng mga organisasyon at pagkilos para mapasigla uli ang hayag na demokratikong kilusan.

Aktibo ako sa iba't ibang mga gawain ng estudyante—napasok sa isang progresibong *fraternity* at naging lider nito, sa dyaryo, nagbuo ng *history association* at naging aktibo sa iba't ibang aktibidad at maiinit na isyu sa kampus tulad ng isyu ng *dorm*. Panahong iyon, na sinimulang tanggalin sa *curriculum* ng UPLB ang Philippine History and Institution. Naging aktibo ako sa lihim na organisasyon at pagkilos at sa pagsisikap na makasama na paputukin ang lahat ng mga isyu na pwedeng pampakilos. Sa ROTC,

may isang estudyante na nagulpi, binugbog, nagreklamo. Maagap na pinangunahan ng mga lider-estudyante ang angkop na protesta, hindi pa nga martsa, eh, organisadong paglalakad lang bilang pagpapahayag at pagkondena sa abuso sa karapatan ng mag-aaral. May pangyayari din na sa simula ng pasukan, kapag may delay habang nagbabayad ng matrikula ay nagkaroon ng *noise barrage*.

Napaghusay ng mga aktibista noon na maging aktibo sa lahat ng pwe-




Rali sa UP-Los Baños bago mag-Batas Mlilitar

deng mapagdaluyan ng rebolusyonaryong ideya. Kaya maraming porma, tulad ng pag-isponsor ng paligsahan o “himigsikan” na mga progresibong kanta ang kinakanta, serye ng lektura sa kasaysayan, paglahok sa pagtutol sa pagpapalayas at demolisyon sa paligid ng Bundok ng Makiling nang idineklara itong National Park. May takbo-unahan. Mga makabayang pagtatanghal ng mga estudyante. Naitayo ‘yong Freshmen Bloc Assembly, para ‘yong mga freshmen ay maorganisa agad. ‘Yong dyaryo, pinakaaktibo, nagsimula sa mga magaan na progresibong ideya tulad ng “nasa pagkakaisa ang lakas” hanggang sa pinakamilitanteng inabot ko pa noon na “Kung hindi tayo kikibo, sino ang kikibo? Kung hindi tayo kikilos, sino ang kikilos? Kung hindi ngayon, kailan pa?”

Ang nangyaring “sunog” noong 1977 ang naging *turning point*, nagpul-

[1] *Ang “sunog” ay ang maramihang dukot na ginawa ng ISAFP sa Timog Katagalugan noong 1977, kung saan kabilang sa mga nawala sina Gerry Faustino na estudyante at Jessica Sales na guro sa UPLB.*

taym ako. Sa komunidad ako naitalaga, pinakilos sa loob ng pamantasan para sa pag-uugnay at pagbubuo ng rebolusyonaryong kilusang lihim, inugnayan ang Franklin Baker na may ilang tirang myembro na CLO. Buo ang unyon doon na naging dilawan na. Dadalawa ang sangay ng partido noong panahong 'yon sa labas ng QBZ—'yong sa SBP at sa San Pablo City. May ilang elemento ng Partido sa SPC na produkto bago ang Martial Law hanggang mag-ML at naipaloob ako sa Sangay doon. Naidisposisyon din at kumilos sa erya ng San Pedro, Biñan, Sta. Rosa, Cabuyao. Ang mga aktibista at kasapi ng Partido ay handa kung saan ka italaga at kailangan maging kadre ka, makapag-ugat sa hanay ng masa at maitayo ang rebolusyonaryong organisasyon at Partido sa hanay ng masa. 'Pag iniwan kang solo, diyan ka kailangang maggawaing masa. Pagkatapos ng isang taon, magpupulong ang kolektibo. Dapat may dala ka nang kasapi ng Partido, meron kang napapultaym. Dahil *deployed* ka ngang solo, kailangang makabuo ka ng, tawag noon, *territorial organ*, T.O., na ang ikokolektib mo doon ay mga kasapi ng Partido na napapultaym o napalitaw mo. Problema ko nga noon ang gabay, e. Pagtupad mo, tasa mo, lagom mo. Pag hindi mo natutunan 'yon at hindi ka nakaugat sa masa, *lie low* ka talaga. 'Yon ang pinakamahirap.

Umugnay din sa mga labi ng MASAKA-Olalia o sa mga magsasaka. Ang mga magsasaka ng Biñan noon, tantya ko'y mga 500 magsasaka ng ilang baryo, ang kasapi doon. Naipagtagumpay nilang maging independyente sa NIA ang sistema nila sa patubig. Hanggang huling kwarto ng '78, nakalubog ako doon sa mga magsasaka. Napag-aralan kong magpatakbo ng Kubota, ng *weeder*, mag-abono. Ang pinakamatagal kong natutunan, 'yong magpasan ng isang sakong palay, isang kilometro mula bukid hanggang malapit sa riles ng tren. Sa tiyaga, natutunan ko rin.

Pagkatapos ng "sunog" hanggang '80, maganda ang pag-unlad ng SBP, 'yong RKL at Partido ay lumawak at lumakas, 'yong kumbinasyon ng lihim at hayag na pagkilos, at ang paglitaw ng maraming mga lider-aktibista sa hanay. Sa simula, *indoor* pa lahat ang aktibidad. Nagsisimula pa lamang yong mga unang martsa-rali sa San Pablo City at Calamba. Dati sa likod pa ng simbahan, e. Hindi pa sa Crossing. Nakaka-isandaan din. May nagsisimula na rin sa parte ng Magdalena na mga unyonisadong manggagawa ng Sunripe Dessicated, na na-



Rali sa San Pablo City, Laguna noong dekada 70

tayuan ng sangay at diyan nagmula ang malalaking mobilisasyong uma-abot ng mahigit ng  limandaan. Ang isa pang aktibong unyon ay ‘yong Blue Bar sa bahagi ng Lusacan, Tiaong na naugnayan na noong ‘79 din. Naunang nag-aktibo ang Sunripe at Blue Bar  kaysa Franklin Baker kasi nakapagpaunlad ng mga pwersa sa loob ng unyon na tagaroon din sa mga baryo at komunidad, naipanalo ang laban na *disaffiliation* sa TUPAS at naitayo ang unang rebolusyonaryong unyon.


Ang mga natirang elemento sa sunog noong 1977 na kumikilos sa Batangas, Cavite, ang labi ng larangang Kagitingan nina Lorie Barros noon, inipon lahat ‘yan, at dinala sa Quezon-Bicol Zone. Noong panahon ng ‘79, ang Quezon-Bikol Zone ay maunlad na. Kaya nagdeploy ‘yan ng mga tim papuntang Central Quezon, Bondoc Peninsula, tapos  sa Silangang Batangas para magpalawak.

Habang ‘yong isang pagsisikap, mula naman sa SBP at Laguna, ay naghahanda na rin kami noon ng pagtatayo ng sonang gerilya. Naging puhunan ang  mga rebolusyonaryong pwersa ng Sunripe, Steprite at mga komunidad sa paligid nito at  malinaw ang  oryentasyon ng *zone preparation*.

Napaunlad din ang pagkilos sa bahaging Victoria dahil ‘yong mga manggagawang bukid sa Asyenda ng Cayco-Fernandez ay natayuan ng unyon. Palay na pang-*export* at pambinhi ang produkto doon. At ang mga rebolusyonaryong pwersang napagpultaym sa hanay ng manggagawa, manggagawang bukid, mga kabataan estudyante mula SBP ang bumuo sa mga yunit sa paghahanda sa pagtatayo ng sonang gerilya, mga sandatahang pangkat pampropaganda at napalawak ang baseng masa sa paligid ng Bundok Banahaw, paanan ng Sierra Madre hanggang Victoria, Bay, Calauan, Pila.

Ang isang mabilis na paraan para masustine ang pagpapaunlad ng rebolusyonaryong kabataang estudyante sa UP Los Baños ay ‘yong mahusay na integrasyon ng mga estudyante sa kilusang anakpawis. Sa welga ng Cayco-Fernandez, lahat ng aktibista at kasapi ng Partido ay pinalahok sa welga at kasama sa piketlayn. Nang maranasan ‘yong matinding panunupil na karaniwan noon, mabilis na namulat ang mga estudyante, daan-daan ang naiaangat sa kilusang lihim at maraming nagFT sa kanayunan, at inabot na naipakat sila sa halos lahat ng bahagi ng Laguna. Umugnay din ang mga kabataang estudyante sa mga mangingisda at sa mga samahan ng mangingisda sa lawa ng Laguna, nag-organisa at kumilos para iprotesta ‘yong mga *fishpen* na pag-aari ng kroni ni Marcos na nakakagipit na sa pangingisda ng mahihirap na mangingisda. Karaniwan diyan ang aming pulungan. Ang ganda pa ng Laguna Lake noon. May mga *fishpen*, may mga kubo.

‘Yan din naman ang panahong pumutok ang kilusang boykot. Lahat ngayon ng naipundar sa LB sa paraang lihim ay naging pundasyon ng hayag na pakikibaka laban sa pagtataas ng *tuition fee* kasabay ng pagtaas ng presyo ng langis. Nagkaroon na ng iba’t ibang aktibidad, mga *indoor type* pa rin, mga *ecumenical forum*, hanggang sa nakapaglunsad ng mga pagkilos sa mga sentrong bayan gaya ng San Pablo City. Dito nailunsad ang unang malaking pagtitipon ng mga manggagawa sa bandila ng Southern



memoriesofcanlubang.wordpress.com

Canlubang Sugar Mills noong dekada 70

Tagalog Alliance of Workers (STAW) na nagmula sa Sunripe, Blue Bar, Steprite at saka Franklin Baker. Nakapagpaunlad ng rebolusyonaryong lakas sa industriya na nakabase sa niyog tulad ng *dessicated* at *oil mills.*

May mga pagsisikap na ring mag-organisa ng mga manggagawa sa Calamba, sa dumaming mga *textile mills* na inilipat mula Maynila. Ang unang pabrika diyan, 'yong Canlubang Sugar Estate na nakabase sa industriya ng asukal. Ang Yulo Estate o Hacienda Yulo na umaabot hanggang bahagi ng Cabuyao, Santa Rosa at Biñan ang lugar ng unang mga kumbersyon ng gamit ng lupa sa industriya, komersyo at *recreational*. Sa saklaw nito at paligid, nagtayuan ang mga pabrika, mga enklabo, parke at sonang pang-ekonomya. Ang kilalang pabrika sa panahong iyon sa Sta. Rosa ay ang Filsyn, ang gumagawa ng *synthetic fiber* na ginagamit sa *garments.*

Tapos sa Calamba, bandang '77 ay naroon ang Robina Textile Mills, ang Evertex, ang Unisol, tapos naitayo din diyan 'yong Alpha Textile na pag-aari ng Cojuangco. *Garments* ang karamihan.

Sa Cabuyao, 'yong Nestle Philippines, ang RFM, Ram Foods, na nakaugnay sa linya ng industriya ng *food and beverages*. Nariyan din ang Holland Philippines, Kimberly-Clark, Alaska, sa bahagi ng San Pedro.

Sa bahagi ng San Pablo City, Franklin Baker at Sunripe sa Magdalena, Laguna, hanggang Red-V sa Lucena, Peter Paul sa Candelaria, Blue Bar sa Tiaong ng Quezon, matatagpuan ang industriya na nakabase sa niyog na nagpoproseso ng *dessicated*.

Bandang 1980 ay tuluy-tuloy na ang paghahanda ng sona sa parteng Banahaw at Lower Sierra Madre. Maigting at madugo ang naging karanasan. Dito pinaslang ang dalawang *organizers* na nahuli sa Calauan, Laguna noong Oktubre 1980 at pinalabas na labanan sa pagitan ng NPA at kaaway. Kahit hindi pa idinideklarang bukas na sonang gerilya at mga maliliit na yunit sa gawaing masa ang kumikilos, inoperasyon na ito ng isang batalyong Philippine Army [PA] noong Pebrero 1981. Sa okasyon ng pagdating ng Papa noong Pebrero 18, na panahon din ng katindihan ng militarisasyon sa bahagi ng QBZ – yong Guinyangan *massacre*, sinabayan ang malawakang operasyong militar ng asasinasyon sa isang kagawad ng sangay sa baryo ng Magdalena na kapatid ng *full time* na kasama na kumikilos sa erya bilang pagsisimula ng malawakang operasyong "nip in the bud" ng




AFP. Iyon ang unang opensiba ng kaaway sa baseng masa sa kanayunan, ang malawakang kampanya ng pagpapasuko ng mga baryo. Napigilan 'yong ganoong takbo nang makapagtipon ng mga panggitnang pwersa at taong simbahan mula sa NCR at sa rehiyon at nailunsad ang *fact-finding mission* at nagkaroon ng tuluy-tuloy na *projection* sa midya, paglalantad at nakakuha ng malawak na suporta para sa mamamayang apektado ng militarisasyon. Nakapagpakilos din sa sentrong bayan ng mga manggagawa sa Sunripe para kondenahin ang nagaganap na militarisasyon.

Ang mga napapaunlad na kadre, aktibista at kasapi ng Partido na FT ay ipinadala sa QBZ para sa mga pagsasanay at pag-aaral at nakalahok sa labanang militar. Nagtuluy-tuloy pa rin ang pagtatayo ng sonang gerilya at ang kilusang manggagawa at magsasaka na napaunlad sa erya ang gumampan ng susing papel para maisulong ang armadong pakikibaka, pagtatayo ng base at pagsulong ng rebolusyong agraryo sa sumunod na mga panahon. May paghupa pero nakapagpalawak uli. Pagdating ng 1982 pinasigla ang mga taktikal na opensiba at lumaki ang hukbong bayan at noong Marso 1983, naitayo ang isang SYP na kumikilos sa Lower Sierra Madre at kapatagan ng Banahaw – sa Liliw, Nagcarlan, Rizal, Majayjay, bahagi ng Pagsanjan, Magdalena, hanggang Pila-Calauan, Victoria at ang isang SYP naman sa Cavinti, Luisiana, bahagi ng Pagsanjan, Lumban, papuntang Mauban, Sampaloc, Lucban, at sa huli'y umabot ito sa Real ng North Quezon.

May pangkat ng kadre namang kumikilos sa hanay ng manggagawa sa industriya ng niyog bukod pa ang kumikilos sa institusyon pang-serbisyo sa manggagawa. Napasigla ang kilusang manggagawa sa *dessicated* tulad sa Blue Bar, sa Red-V, Peter-Paul, ang tatlong malalaking *dessicated company* sa Central Quezon. Merong bagong plantang naitayo 'yong South Pacific sa Candelaria na nakilusan ng

pangkat at natalo ang laban, habang nagpatuloy din ang matagumpay na pagkilos ng iba pang mga kasama sa parteng Calamba hanggang San Pedro. Namonopolyo ni Enrile ang industriya sa niyog. May nabuong alyansa ng mga manggagawa sa *dessicated* at alyansa kaugnay ng paglaban sa *coco levy* sa industriya ng niyog. Ang kinakayang mobilisasyon noon ay umabot ng libo. Pinatindi ang reaksyon, nagkaroon ng mga bagong batas, 'yong paggamit ng *temporary restraining order* [TRO] na hindi agad namin naintindihan para masupil ang sumusulong na kilusang manggagawa. Nahirapan ang mga organisador at dito nakalasap ng maraming pagkatalo sa legal na labanan pero patuloy ang paglawak at paglakas ng rebolusyonaryong pwersa sa hanay ng manggagawa na magpapatuloy dahil pinanghahawakan ang gabay ng *Ang Mahigpit Nating mga Tungkulin*.

Ang paghahanda sa silangang bahagi ng Batangas ay sinimulan noon pang 1979. Nagpasigla ng kilusang masa habang naghahanda at nakapaglunsad ng mga pagkilos, hanggang sa makapag-ipon kami ng bilang na handang magpultaym at ilang pultaym para sa pagbubuo ng hukbo. Pagdating ng Pebrero 1985 ay naitayo na ang isang SYP at isang MLP. Kumilos ito sa ilang bahagi ng Batangas City, Lipa City, Santo Tomas at bahagi ng San Antonio, Tiaong ng Central Quezon at sa San Pablo City at Alaminos. Solo naman ang hukbo sa kanlurang Batangas, kumikilos na walang likuran.

Naging marahas at maigting ang inabot na sitwasyon sa Batangas, lalo na sa kanlurang bahagi, dahil dito ang konsentrasyon ng malalaking burgesya komprador, panginoong maylupa, mga pambansang personahe na may mga ari-arian sa mga baybaying dagat ng Nasugbu, Lian, Calatagan. Ang pinakatampok ay ang pag-aari ng Don Pedro Roxas na 7,000 ektarya sa Nasugbu na natatamnan ng tubo, at ang pag-aari ng mga Zobel de Ayala na sakop halos ang buong Calatagan na umaabot ng 12,000 ektarya. May desisyon na ang Supreme Court na ibalik ang 2,000 ektarya na bahagi niyan pero hanggang ngayon hindi pa naibabalik sa mga magsasaka.

Kumilos agad ang masa para baguhin ang partehan sa isang panginoong maylupa. Pautang ng panginoong maylupa sa kasamá ang lahat ng gastusin. Dagdag ang presyo, maling kwenta. Tapos, pagkatanggal ng inutang, doon na maghahatian ng 50-50. Ang *trucking fee,* halos gastos pa ng magsasaka noon. Pinaghahatian nila ang gastos sa abono, sa preparasyon ng lupa. Mekanisado 'yan, trak-

tor ang nagbubungkal. Noon, hindi pwedeng magtanim ng anuman labas sa tubô. Pinatatabas ng panginoong maylupa ang anumang tanim. Tawag diyan ay saglaw o sitserya. Sa iba ang sitserya, meryenda yan. Pero doon, 'yan ang mga gulay, mga *cash crop*, kamatis, na itinatanim sa pagitan ng mga tubo. Mahigpit na bawal yan. Kaya 'yan, nagiging mga lihim na aksyon na 'pag nabisto, malupit na winawasak ng mga panginoong maylupa, o mga *caretaker*.

Ang bahay ng mga kasamá ay nakatirik din sa lupa ng pangino-



larawan mula sa memoriesofcanlubang.wordpress.com

ong maylupa kaya nakahanay o kaya nakatumpok sa isang lugar kung saan lang pinahintulot ng panginoong maylupa. Kaya kumpulan ang mga bahay diyan. Mahirap noong simula dahil nakaipon at konsentrado tapos malalawak ang mga taniman ng tubo na wala namang tao.

Bale ang naabot ay anim na bayan ng Batangas. Lemery at Taal lang ang hindi naabot ng hukbo, maliban sa mga operasyong partisano na naging masigla naman. Nakasabay tayo sa kasiglahan ng mga taktikal na opensiba sa buong bansa noong 1987. Naglunsad ang Batangas ng serye ng malalaking taktikal na opensiba na kada sampung araw ay may dalawang TO, kumbinasyon ng mga reyd sa detatsment, ambus sa *reinforcement*, pagdis-arma sa mga CAFGU.

Nireyd ang minahan ng semento—Fortune Cement. Kasi bagong tayo ng gubyerno ni Cory, nagtayo ng Presidential Commission for Good Government na nagpatupad ng *sequestration* sa lahat ng mga pag-aari ng mga Marcos at ng mga kroni niya. Kaya nakasuot kami

ng baga taga-PCGG. Tapos nakasakay ang mga *security force*. Ayun, diretso sa *gate*. Hinakot lahat ng dinamita at *blasting cap* na gagamitin sa mas malalaking taktikal na opensiba na pinaplano. Sa loob ng dalawang buwan, naglunsad ng kampanyang anti-LIC. Marami ang napalitaw na armas.

Sa huling malaking TO sa Kanlurang Batangas noong Setyembre 6, 1987 ay nagpadala naman ng isang iskwad na Hukbo mula sa Silangang Batangas na isinanib sa lahat ng hukbo sa Kanluran at nag-TO sa isang *detachment* ng PC sa Lian, Batangas na umabot sa malaking platun ang pwersa ng NPA. Kinaya doon ang ganoon kalaking pormasyon.

Nagulat ang bagong pakat na INP at PA, hanggang sa atakehin din 'yon nina Col. Galido ng 4th IB. Kayang kubkubin 'yong kinalalagyan ng taktikal na kumpanya, kaya lang nagkudeta. Ang ginawa na lang ng kaaway, dalawang beses nagpasabog ng *howitzer* sa bundok ng Banoy, sabay alis kasi nagbago na ang sitwasyon.

Sa pagpupunyagi ng hukbo diyan sa silangan, umabot sa maliit na kumpanya o malaking platun. Tapos magkakadepensiba, magbababaan, liliit, magpupunyagi, lalaki ulit. Hindi dumudugtong sa kanluran dahil may *natural barrier* ng lawa. 'Yong Taal Lake ang nagpakitid, tapos 'yong parte ng Taal at Lemery, may ilog na daluyan ng tubig mula Taal Lake papuntang dagat. Nagdidikit 'yan sa baybay dagat at lawa. Tapos may mga *industrial part* na, 'yong Mabini, Bauan, San Pascual, Batangas City. Baybay dagat na 'yan ng Batangas Bay, diyan nakakonsentra ang mga estratehikong industriya ng enerhiya.

Ang pinakaestratehiko, 'yong nagpoproseso ng langis ng niyog tungong *oleo chemical*, ay nakabase sa Batangas. Tapos yong *ship-building* tulad ng Keppel. AG&P, doon nakakonsentra. Caltex at Shell dati. Kaya makapal na ang populasyon doon.

Papasigla ang kilusang masa mula Setyembre 1989, mga pagkilos ng mangingisda, magsasaka, multi-sektoral; pero naging bahagi na ng disoryentasyon, kaya para sa paghahanda sa insureksyon. Dinesenyo na 'pag tinawag na ito, ano man ang sitwasyon, ke naka-*short*, ke naglalaba, basta pagdating ng panawagan ng pag-aalsa, diretso na yan. Umatake agad ang kaaway noong Pebrero 1990. Sa kanluran, mga 90 lider, 87 sa silangan, ang inilagay sa Order of Battle, pero hinarap 'yan ng kilusang masa. Nakuha namin ang ma-

bilis na pagpaparami ng pultaym mula sa mga anak ng mga magsasaka, mangingisda, sa komunidad. Kaya pagdating ng 1991 nang mag-IDKP, napakalaking bilang ang napundar ng Batangas sa hayag.

Ang hukbo naman ay patuloy na nagpunyagi sa kanluran, pero nagtuluy-tuloy ang pamomroblema. Ganun pala ‘yong aabutin ng disoryentado. Matumal na ang mga pag-aaral dahil syempre habol na nga sa tagumpay. Kaya ang lahat ng enerhiya mo, paano kamtin ang tagumpay. Unti-unting nagbababaan. Dumating ang panahon na maraming baril, ang magdadala, wala. ‘Yon ang kredit ng disoryentasyon. Maraming armas, maraming karanasan pero hindi talaga nasosolid. Pagdating ng Agosto 1993, wala nang hukbo ang kanluran.

Pagdating ng IDKP, may mga nanghina pa rin na hindi matanggap ang pagwawasto, marami pa ang nalaglag. Doon na nalantad ang akumuladong paglihis, ang pagkakasangkot sa gangsterismo nina Sonia at Hector na kalihiman ng komiteng larangan. Bukod sa sariling gangsterismo, nasangkot din sila sa Kidnapping for Ransom ng Red Scorpion ni De Leon. Talagang halos nawaldas ang mga pwersang napundar. Nawala ang hukbo sa kanlurang Batangas sa unang taon ng IDKP, habang tuluy-tuloy na humina naman ang silangang Batangas at Central Quezon laluna no’ng sumuko si Hector kina Punzalan, de Venecia, at Ermita.

Ibinongga siya bilang halimbawa ng NPA na nagbalik-loob, binuhusan ng pondo, ipinagtayo ng Kanayunan Foundation, Inc. na may mga proyektong *socio-econ* sa base natin mismo. Naging matindi ang agawan ng base noon laluna sa Central Quezon kasi doon nakabase si Hector. Nahila siya sa bahagi ng San Pablo, hanggang nagbase na nga siya sa bayan ng Sto. Tomas, at naparusahan na lang noong 1994 na nagpabago sa sitwasyon.

Nobyembre ‘97 nang nabuo na uli ang yunit sa kanlurang bahagi ng Batangas. Mabilis na ‘yon. Hinawakan namin ang mga susing aral, mga tagumpay ng rebolusyong agraryo, tamang paghawak sa mga armadong grupo, lahat ng mga kailangang pakitunguhan. Lumakas din ang nyutralisasyon sa ilang yunit ng CAFGU.

Nagbuo na ng sentro de grabidad, mga platun. Nakapaglunsad agad sa buong ST ng 13 mga operasyong platun. Lahat ng erya nakapaglunsad. Nakatugon kami ng isang TO noon.

Sa Batangas marami talagang armas. Ang mga magsasaka diyan ay mahigpit ang paghawak sa halaga ng armas sa kanilang depensa sa ka-

buhayan. May bahagi ring mga lumpen na nagtatago sa batas na reaksyunaryo. Nagtitigil sila sa mga lugar na bulubundukin, mga armado sila, may depensa at may base din, armado ng mga BAR, mga AK. Ang mga bahay, may mga trensera, mga *foxhole*. Naglinaw kami na sila ay biktima ng kahirapan, biktima ng mga dinaanang inhustisya, tapos nanawagan na magkaisa at magbago. Nilunsaran ng TO ang mga pinakapusakal sa hanay nila. Kapagka hindi naging maingat at lumaban 'yong alinman doon, mahihirapang makapagbuo ng base dahil 'yan ay kamag-anak din nila.

Malapot ang relasyong dugo diyan. Isa 'yon sa mga partikularidad na mahigpit na kinonsidera. Noong 1998, kabubuo pa lang ng SYP, may pina-*detach* na dalawang kasama para mag-ayos ng lilipatan sa bandang Nasugbu. Nahuli ng mga barangay tanod, nawala na lang. Hanggang ngayon hindi na nakita. Kapitan ng baryo ang nagpapatay, kasama ang kanyang mga tanod. Kagyat naman itong sinagot ng isang taktikal na opensiba ng isa pang SYP sa bahaging Calatagan. Kaya ngayon, bahagi ng pagsisiyasat ang pagbabalik sa kasaysayan ng mga angkan, maingat talagang dinedetalye 'yon.

Dahil sa igting ng atake ng kaaway, nalipulan ang Hukbo noong Oktubre 23, 2000 sa Haliging Kanluran, Batangas City. Walong mandirigma at upisyal ng LIG ang napatay at isang tagabaryo na humihingi ng tulong. Palipat sila para mag-TO nang abutan ng kaaway. Nakabawi pa rin tayo at patuloy na lumakas, pero noong Pebrero 2002, tinambakan ng Philippine Airforce, Philippine Army at nagparami ng mga CAFGU na umabot sa 8 kumpanya sa buong Batangas at dalawang kumpanya sa karatig na prubinsya ng Cavite. Nadagdagan pa ng isang *combat group* ng PAF noong 2005. Ang isang *combat group* ay katumbas ng isang batalyon sa PA. Sa Batangas, matatagpuan ang Fernando Airbase.

Umigting din ang atake sa *urban*, sa puting purok, pagdating ni Bush noong 2003.

Sa Laguna, sa harap ng paghina ng armadong pakikibaka mula ng 2000-2001, tuluy-tuloy na nagpunyagi ang legal na demokratikong kilusang masa laluna sa una at ikalawang distrito. Konsentrasyon na ng mga enklabo, parke at mga *special economic zones* ang Laguna at bahagi ng Batangas.

Dekada 2000, sinimulang patindihin ang ginawang panunupil, binarahan talaga ang ekspansyon sa kilusang paggawa. Tuluy-tuloy na

minamasaker ang mga regular na trabaho, largado ang pagpapatupad ng *labor flexibilization* o kontraktwalisasyon at kaswalisasyon ng paggawa. Dinurog ang mga rebolusyonaryong unyon at mga bago at itinatayong unyon na magsusulong ng pakikibaka para sa kaseguruhan sa trabaho, sahod at pag-uunyon. Bumara ang pagpapanalo ng unyon, ang tindi ng paggamit ng kapitalista ng mga bagong maniobra, paglilipat-lipat ng korte, paglalabas ng mga *injunction order*. Ini-AJ ng Secretary of Labor ang laban, tapos dinadaan sa ligal na arena para lubusin ang pagkatalo ng laban ng manggagawa. Tawag nga diyan ay parang sumusuot ka sa butas ng karayom at ang butas ng karayom ay nalagyan pa ng pasak. Ginamit ang kriminalisasyon sa mga lumalabang manggagawa at mga *labor-related cases* at inilunsad ang kampanya ng demonisasyon laban sa mga legal na pambansa demokratikong organisasyon ng manggagawa, magsasaka, kabataan-estudyante, kababaihan at mga progresibong kilusan, pinalaganap ang pagdukot.

Pagdating ng Enero 2005, nagdeklara na ang kaaway na humina na ang hukbo sa Laguna, kaya sasaklawin ng *civil-military operations* ang kalunsuran. Kasabay na pinatindi ang CMO sa kalunsuran ng rehiyon at laluna sa Laguna, inilunsad ang pag-EJK sa mga lider masa at susing masa, pinalawak ang militarisasyon sa kalunsuran na wala nang ipinag-iba sa kanayunan, sinampahan ng gawa-gawang kaso ang mga lider at NPA at hinuli ang mga lider masa.

Gayunman, bigo ang kaaway na supilin ang rebolusyonaryong kilusan sa kanayunan at kalunsuran ng Batangas at Laguna. Nakapagpunyagi ang kilusang lungsod sa pamumuno ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa. Naharap at nalabanan ang lahat ng opensiba ng nagpalit-palitang rehimen, binigo ang mga Oplan laluna ang Oplan Bantay Laya 1 at 2. Sa taong 2008, tumampok din ang 3 lakbayan na nailusad ng mga magsasaka, manggagawa at iba pang uri at sektor tulad ng kabataan, kababaihan, mangingisda noong Enero, noong Marso at noong Hulyo.

*LIG - Larangang Iskwad Gerilya*
*AJ - Assumption of Jurisdiction*

# Pagpundar ng Pakikidigmang Gerilya sa Mindoro

*Kwento ni Ka Heremias*




Barikada sa Gate ng UPLB noong dekada 70

Nasa hayskul ako noong napakalakas ng kilusang protesta laban sa malalaking kumpanya sa langis. Isamperang taas ng bawat litro, e nag-aalburoto na ang mamamayan, nag-aalburoto 'yong drayber, at saka mga opereytor. Ang tatay ko noon, nagkataon, opisyales ng isang samahan ng mga drayber. Sekretaryo. Naugnayan ng mga kabataan mula sa UPLB. Nang magkaroon ng welga noong 1970, e di doon tumigil 'yong mga kabataan-estudyante, at naglunsad sila ng mga *group discussion*, 'yong tinatawag na DGs.

Nang buo na sa sarili ko ang kapasyahan na sumampa, nagsabi ako sa tatay ko. Sabi niya, hindi masama 'yan, kaya lang, ang kinakailangan ay kapag nagpasya ka ay pangatawanan mo, hindi 'yong sasama ka, e pagkatapos ay isang araw ay babalik ka, hindi mo kaya. E kung gay-on din lamang, e huwag ka nang sumama diyan.

Noong Pebrero 1972, ako ay pumunta na sa HQ ng organisasyon ng kabataan sa Batangas. Doon ko nakilala ang mga kasama, doon ako nagkaroon ng mga pag-aaral. Maraming babasahin noong panahong iyon, bukas lahat sa pagbabasa. Walang hindi ipinababasa.

Naging kasapi ako ng Partido sa prosesong 'yon, kasabay si Ka Roger. Makalipas lang nang ilang araw pagkatapos ng aming pagkakasumpa ay ibinaba ang Martial Law, kaya nagkanayunan na kami.

Mga 1975 kasama akong pinalarga sa erya sa may *boundary* ng Tagkawayan-Calauag, hanggang dulong Camarines Norte. Sa panahong iyon ay tuluy-tuloy na 'yong *search and destroy operations* ng sundalo ni Marcos. Hinahamlet ang mga tao, kinontrol ang populasyon, inilagay sa kampo. Dumidikit kami sa mga kai-kaingin ng masa. Dun kinukumando 'yong masa para huwag maputol ang ugnay sa kanila at epektibong nagawa natin 'yon. Nakapagpatuloy hanggang sa magabayan 'yong masa kung papaanong gagawing pakikibaka sa panahon na sila ay hinahamlet. Sadyang nagbabaon sila ng sapat para ibigay sa mga kasama. Lahat ng mga masang ugnay na nahamlet, may mga kaingin, doon dinadala 'yong pagkain nila para kung sakaling may NPA, hindi magugutom 'yong mga kasama. 'Yon ang naging tuluy-tuloy na ugnay at suporta ng masa. Sa panahon ding 'yon, nagsimula na ang pag-oorganisa sa mga grupo, mga komite. Ang ginagamit ay ang Organizational Guide, dun nakabatay ang pagbubuo ng mga Barrio Organizing Committee.

Naputulan kami ng kontak sa sentro kasi tuluy-tuloy na *massive operations* ng kaaway na halos ang lahat ng barangay ay mayroong mga Scout Ranger. Ang nangyayari nga ay nagkakapalit-palit na lang kami ng tulugan, e. 'Yong tulog ng *army*, don din ang tulog ng yunit namin. Dahil may mga impormer na ring nakakakilala sa amin, naobliga kaming lima na mag-*shift* papuntang Guinyangan na labas na sa eryang saklaw namin, labas sa kubkob ng kaaway. Doon kami nakapag-ugnay, nakapag-*establish* ng aming maliit na erya, hanggang sa kami'y nakapagpapultaym doon, bago kami bumalik sa dating erya, noong relatibong maluwag na 'yong operasyon sa loob, hanggang mapaunlad na ang Bondoc Peninsula.

Noong 1980, kasama ang mga kadre na galing sa Bondoc Peninsula, pinamisyon kami na magbukas ng erya sa Mindoro. Kasi itong Mindoro, maraming *attempt* na itong buksan, kaya lang hindi nagtutuluy-tuloy.

Sinimulan pa ito nina kasamang Rey Andal. Yong mga KHIRO noon, mga seminarista na tagarito. Nagsimula sila rito noong 73. Kaya lang,

maaga silang nadale. Mga wala ngang karanasan, e. Maaga pa silang nakubkob sa may bahaging Gloria. Pero may sinasabi ditong isang kasama na kadre na nagtrabaho pa sa prubinsya para lamang makakuha ng *social investigation*, mayor na datos para sa pagpasok diyan. Maagang bahagi ng sitenta 'yon, hindi ko alam ang eksaktong panahon kasi hindi ko masyadong kilala 'yong kasama.

Pagkatapos niyan, mga 1975, 'yong tropa ni kasamang Lorena Barros, plano nila dito magpalawak. Nauwi din 'yon sa pagkabigo noong maagang natunugan at nalagay sa depensiba 'yong tropa. At pagkatapos, ang ikatlong pagtatangka, ay di 'yong OLALIA-MASAKA naman, na samahang magsasaka. Nagdala sila ng kanilang mga *organizer* dito. Ligal naman 'yan, e. Doon din sa erya na kung saan gusto nating kilusan, doon sa may bahaging Victoria *area*. Kaya lang maaga ding nawasak 'yon, naobligang umalis ang mga kadre.

Di ito na 'yong amin na sinikap ilarga ng sentro. 'Yon ay pasya ng sentro ng *region* ng Southern Luzon yata kung hindi ako nagkakamali, kasi 'yong unang-unang Southern Luzon Party Committee.

Mukhang iba ang nagtalaga noon dito. Hindi ako sigurado, pero ang aking tanda ay Regional Party Committee.

Ligtas naman na nakatungtong ng Mindoro ang mga kasama, nakapagsubok na 'yong tinakdang erya na kung saan ay doon sisikaping makapagsimula, ginawa naman 'yon. Ginampanan naman ng mga kasama 'yong paghahanap ng lugar na may mga kamag-anakan. Kaya lang, dahil sa bago tayo dumating ay binulabog na ito ng ilang pagsisikap ng mga kasama, hindi kinaya sa itinakdang prayoridad na erya na dapat doon makatungtong at makapagsimula ng digmang bayan. Kaya sa halip na sa gitna ng Mindoro, yong sentral na bahagi ng Oriental, doon sa bahaging timog na Second District na ng Oriental lumapag



'yong mga kasama. Doon nakapagbuo ng panimulang baseng masa — Bongabong, Bansud, Mansalay, Roxas, Bulalacao.

Kaya sa unang bahagi pa lang ng 1980 hanggang sa pagpasok ng 1981, nagkasama-sama pa kami ng mga pangunahing lider dito.

Kaya lang e di nagkaroon ako ng pagkakataon na nahiwalay ako dahil sa ako ay nasa labas, ako 'yong tumatayong tim lider ng *expansion team*. 'Yong ilang kadreng binanggit kong napatay doon noong panahong iyon, si Ka Emma, Pining, may nahuli, at maraming namatay na sa mga nagbukas. Maraming nadisgrasya. Meron ding mga lokal na nadisgrasya noong panahong iyon.

Ang kagandahan naman ay nagkaroon ng kasanayan ang kasama sa gawaing masa at organisasyon, sa kabila ng kanilang sunud-sunod na atakeng tinamo, kaya sila'y nakapagbuo ng dalawang yunit. Mga pito bawat isang yunit. Inabot sila ng mga dose yata o katorse na nasa armadong yunit. Tapos may apat kataong MLP sila noong panahong iyon. Ganun ang pinagsimulan niyan. Mula doon, may isang iskwad na papuntang Bansud sa norte.

'Yon ang direksyon ng isa. Ang isang yunit ang direksyon ay papuntang *south*. Ang MLP sa gitna. Sa mga katutubo sa may bahaging Mansalay-Bongabong *area* ang aming baseng likuran. Nakapagbuo tayo ng mahusay na relasyon sa mga katutubo dito. Kinaibigan muna talaga 'yong mga katutubo dahil ang katangian ng mga katutubo ay sa mahabang panahon nakapangibabaw ang pananakot ng mga tagapatag. E di lagi nang may kabang dala-dala ang mga katutubo na nawala lang nang utay-utay sa mahabang panahon ng mahusay na integrasyon ng hukbo sa kanila, pagbibigay ng edukasyon at pag-oorganisa sa kanila, kahit na sa pinakamababaw na paraan. Tapos ang ginawa namin, kung anong kultura nila, sakay muna sa kultura nila. Kung anong ayaw nila, sumusunod na kami sa ganoon para lang maging kaibigan nila. Ang aming unang naugnayan ay mga Buhid at Hanunuo. Sila ang unang katutubong umako ng responsibilidad sa pangangalaga sa hukbo. Nabuhay kami sa ganoong kaparaanan.

Mga huling bahagi ng '82, naugnayan din namin ang mga kasama sa Occidental. Mga pwersa sila ng isang *program* sa hanay ng mga magsasaka para sa pagbubukas din ng sona sa bahaging Occidental. Ligal ang nangangasiwa. Mabilis ang kanila doon. Kasi ang mga ta-

ga-Occidental, kalimita'y mga setler na may isyu sa lupa. Kaya mabilis ang pag-oorganisa doon. Dating sanay sila sa ligal na pakikibaka dahil may nauna na ritong repormistang organisasyon. Ang mga naugnayan namin ay dating mga tao ng organisasyong ito na ikinumbert natin na maging rebolusyonaryo. Naging mabilis ang *expansion* diyan kaysa dito sa Oriental. Sa loob lamang ng halos isang taon ay umabot na ang mga kasama sa may bahaging Magsaysay mula sa Sablayan at hanggang Mamburao sa bahaging Occidental papa-norte mula sa sentro. 'Yan ding panahong 'yan, kung hindi ako nagkakamali, nagsimula ding maitayo yong hukbo diyan, mga MLP sa lugar na 'yan. Noong panahong 'yon ang nangalihim dito ang idinagdag sa amin, si Lucio de Guzman noong '84. Mga 1985, may *white area* na kami, may sona. Dalawang prubinsya na ang sinaklaw.

Noong kasagsagan na, umabot sa mahigit dalawang daang pwersa ang hukbo natin dito sa Mindoro, nakapagtayo ng tatlong laking distritong larangan.

'Yong tinatawag na FAD, 'yong Felizardo Aquino District, 'yong DSD, Danilo Sonio District, pagtakatapos ay 'yong NVD, Noli Viña District doon sa North Central ng Oriental. Pagkatapos ay itong bahaging Occidental halos lahat dumating sa yugto na lahat ng bahagi ay wala nang hindi inaabot ng hukbo, ng mga yunit ng hukbo na kumikilos. Dumating sa yugtong 'yon.

Naging biro na gubyerno na natin, tayo ang naggugubyerno. Nag-*peak* ito mula pa noong 1986-87.

Matapos 'yong unang kumperensya ng Partido sa lugar na ito ay nabuo 'yong Island Committee. Humupa lang ito noong madale nga ni Palparan. 'Yong PNP Experiment, ito ang ginawang *prototype* ng PNP noong 1981. Dito unang nasubukan ang PNP sa operasyon. Hindi ito natinag. 'Yong oplan noong panahon ni Erap, hindi ito natinag. Noong ginamitan lang ng Palparan-*style* na karahasan, *national priority* na ito. Sa panahong iyon, marami tayong napapagpultaym.

Marami tayong naipamahagi sa iba't ibang teritoryo sa mga napagpapultaym natin. Ito ang isang naging kadluan ng mga bagong rekrut na ipinamahagi sa iba't ibang rehiyon at saka sanga. Pati sa nasyunal ay may nakakarating. Noong kasagsagan ng ganyang malawakang rekrutment, masigla.

Pagdating sa usapin ng aksyong militar, noong lihis tayo, nasa

balangkas pa tayo ng lihis mula ‘88 hanggang ‘89, tuluy-tuloy ‘yong mga opensibang militar dito, malakihan, mga reyd, mga ambus. Matapos ‘yon, ang kilusang pagwawasto, e di medyo noong panahon ding iyon, hindi naging masyadong masigla ang aksyong militar na nailunsad natin at ang ginawa naman ay ‘yong pagrekober ng ating mga erya. Sa gawaing masa tayo nagtutok. ‘Yong SDG, pati ‘yon, nasa gawaing masa, e. Kaya nagkaroon ng konserbatismong militar. Ang natutukan ay ‘yong *organizing*, *expansion*. Bagaman naglulunsad rin ng gawaing militar, madalang pa sa patak ng ulan, pagkatapos halos maliitan ang nagagawa. Mga reyd sa munisipyo, mga kampo, hindi na ‘yon nagawa. Mas mga ambus ang nailulunsad noong panahong iyon. Palagi noon ang naririnig kong nababanggit na parang kinakain ng konserbatismo ‘yong aming SDG dahil hindi nga nakapaglulunsad ng mga aksyong militar at kung minsan ay kulang sa mga plano kung paano pasisiglahin ang gawaing militar.

Ang isa sa natatanging malaking bira lang, ‘yong isang platun ang naubos, noong 1991, si Capt. Salapong at ang kanyang apat na sarhento.

Noong 2000, panahon na ni Palparan, isang panahon din na nagitla ‘yong buong komite sa isla at ‘yong buong pwersa na hindi inaasahang ganoong estilo, kasi nasanay sa mga atake ng kaaway na hindi kasing garapal ng kay Palparan, na walang patumangga. Kahit sino, basta’t na-*link* sa NPA, patay. Kaya’t naging mabilis ang pagkawasak ng ating baseng masa. ‘Yong mga organisado natin, ‘pag natukoy, dinudukot niya. At isang panahon din na nag-*self-constrict* tayo, napipilan. Nagkataong



guhit mula sa Hlmig ng Himagsikan, TK 2006

tayo'y inaatake, ang mga pwersa natin sa sentrong bayan ay ipinatawag sa pulong, binigyan ng pag-aaral sa halip na pinalabas na para lumarga. Nakaranas sila ng hirap na hindi nila naranasan, di bumaba ang *morale* ng ilan sa kanila dahil hindi nga ganon kahanda. Kaya noong 2003 na-*constrict* na tayo, ang mga kasama dito ay halos tipon, mga kulang-kulang isang taon din 'yon. Noong bago at pagkatapos, noong makalabas ng gubat ay hindi na agad nakalarga, napipilan, hindi na katulad ng dating sigla. Nagitla nga! Napipilan sa ekspansyon, 'yong pagbawi… 'yong pakikipagpatintero sa kaaway, hindi nagawa 'yon. Kaya sa aktwal, 2005 na nagsimulang bawiin ang baseng masa natin.

Kasi 2004, dineklarang halos balik sa sero ang baseng masa natin, hindi sa nawasak kundi hindi nabalikan ng mga kasama. Kaya buwag, at ang natira ay 'yong pinakahuling naorganisa noong Oplan Habol Tamaraw, noong OHT na, panahon na noong kay Palparan. Kaya 2005 lamang nagsimulang magbuo ng yunit para irekober itong bahaging Mansalay-Bulalacao-San Jose *area*, at Bongabong, kung saan maraming organisadong masa.

Nadeklara pagkatapos ng 2006 na narekober na 'yong *area*. Kasi sobrang takot ang inabot ng ating katutubo sa karahasan ni Palparan. Dito inilabas si Buan. Itinago siya ng dalawang taon, at dito inilabas sa Mansalay para sa *release*. Pagkatapos ay nagitla din 'yong estado dahil sa suportang masang inabot noong pagre-*release*.Pagkatapos na pagkatapos mai-*release* tumakbo lang ng isang buwan halos, dumagsa na 'yong Oplan Habol Tamaraw ni Palparan. Bago i-*release* si Buan itinigil muna namin siya sa isang bahay malapit sa kung saan siya ire-*release*, hindi ko na maalala ang pangalan. Doon kami nagpahinga. Pinugutan iyon ng kaaway. Matandang babaeng katutubo. Noong panahon ni Gloria ay dumagsa rito ang siyam na batalyon ng Philippine Army, *infantry* at mga SF Battalion—19SF, 18SF, 68IB, 16IB, di ko na matandaaan ang iba't iba pang batalyon, bukod pa 'yong pulis. May 22nd Recon Force, kaya sa kabuuan, inabot ng siyam na batalyon noong kasagsagan, hanggang sa naging anim, tapos naging apat, hanggang sa naging dalawa. 'Yon ang OBL 1 at 2. OBL 1 dito sa kanayunan. Ang OBL 2 naman doon sa mga sentrong bayan.

Noong lumiit na 'yong yunit, 'yong *front*, e di iniayon sa laki ng gano'ng panahon. Pero gay-on nga. Sa kabila ng bagong mga pangya-

yari, nalagpasan natin ang gayong mga krisis. Sa simula e di kalimitan ng masa may takot. Kasi ang panakot ng kaaway na ubós pati daga, e. Walang matitirang buhay ‘pagka inabot sa kani-kanilang mga bahay. Kaya kung maaari di matulog sa bahay. E di ang ginagawa naman ng mga kasama, kung nagpupunta, di nagtatagal. Di natutulog. E dahil sa matagal namang wala tayong malaking kamaliang nagawa sa masa, hindi naman naging mahirap na mabawi natin ‘yong tiwala nila. Sa ngayon sila pa rin ang ating matibay na likuran.

Noong 2007-2008 ay idineklarang bawi na ang eryang ito. Ibig sabihin napanumbalik na ang suporta ng mamamayan sa hukbo.



# Pagbawi't pagpapanibagong sigla sa Bondoc Peninsula

*Kwento ni Ka Rolex*

*College*, naorganisa ako sa panahon na ibinabangon ang kilusang kabataan-estudyante, bago pa ang panahon ng IDKP. 'Yan din ang panahon na sinasabing haluan ng tama at mali. Noong panahong iyon, ang unang mayor na putok ng pagkilos ng mga estudyante na nalahukan ko ay ang paglaban sa mahihigpit, hindi wastong patakaran ng DMST, pati 'yong pagpapapagupit at iba pa.

Naglunsad ng pagkilos, sumama ako. Nagdayalog, doon na ako na-*involve*. Noong mag-aktibo, nagboluntir na ako sa iba't ibang mga *program* ng *student council*, hanggang sa Volunteer Corps sa *freshmen bloc assembly*, hanggang sa nirekrut ako sa Kabataang Makabayan, maagang bahagi ng 90.

Sa panahon ding iyon, ipinutok 'yung malaking pagkilos ng mga mag-aaral sa *campus* namin. 'Yan iyong paglaban na sa bagong pinatupad na STFAP, Student Tuition Financial Assistance Program, na ipinatupad sa buong *system* ng UP noong 1989-90. Libu-libong

estudyante ang kumilos na nagparalisa sa buong eskwelahan. Kaya ‘yon na ‘yong hudyat talaga ng muling pagsigla ng kilusang kabataang estudyante doon sa eskwelahan namin.

Dahil nga haluan ‘yon ng tama at mali, naimbwelto kami sa paggamit ng putsistang mga pamamaraan. Karanasan namin noon ay mga mob namin ay maliit lang pero nais naming paralisahin ‘yong buong krosingan na *major route* ng mga sasakyan; naimbwelto pa kami sa paglalagay ng mga *spike* para mapatigil ang nagbibyaheng mga bus. ‘Yan na ang naging husga diyan, kaliwa, mali, tapos inilagay pa tayo sa alanganin.

Isa ako sa tumalima sa IDKP noong 1992. Nung *time* na ‘yon ay naging bahagi kami ng pagsisikap na makabig din ‘yong ilang mga nagre-*reject* sa kilusang pagwawasto. Noong panawagan para pumunta muli sa kanayunan ang mga kabataang-estudyante, e di tumugon doon. Dalawa kami noon, martir na ngayon ‘yong isa, namartir sa Cavite noong 2002.

Macalelon ang unang bagsak ko, unang pagkakataon kong lumakad nang mahabang-mahaba. Naideploy ako sa Jelmon Expansion. ‘Yon ang sumasaklaw ng limang bayan sa timog ng Bondoc Peninsula. Ang Bondoc Peninsula ay labindalawang bayan, sumasaklaw ng 3rd district ng Quezon.

Nasa Category B na larangang gerilya ang SQ-BP. Noong mid-80s, kategorya ito sa buong bansa na ibig sabihin ay sumasaklaw sa halos dalawang distrito, may minimum kumpanyang-laki na hukbo. Pero mas malaki pa roon ang larangang SQ-BP. May LYG siya. May Komiteng Larangan siya, bukod pa sa mga komiteng distrito sa ilalim na humahawak ng mga SMS, SYP. May isang lebel ng sapat na lawak at lalim ng baseng masang naitatag. Ang inabot ng SQ-BP sa kalakasan niya ay mahigit 20 libong organisadong baseng masa.

Doon ako naitalaga, sa panahon na ng nagrerekober, nagre-*reactivate*, kasi may malaking tipak ng base na napabayaan dahil sa regularisasyon, ang bahagi ng Buenavista, Guinyangan, malaking bahagi ng Lopez, malaking bahagi ng Tagkawayan, at Catanauan. Sa kasaysayan ng SQ-BP, noong tumalon tayo ng pagpapalawak mula sa Quezon-Bicol Zone, ang unang lumakas nating bayan, ‘yong Guinyangan, sa 54 na baryo niyan, 37 baryo may sangay tayo. Tapos, ‘yung Lopez, katabi niya, lumawak tayo, tapos Calauag, hanggang sa buong South

Quezon-Bondoc Peninsula na.

Noong panahon ng regularisasyon, 1987, binuo sa batalyon ang hukbo at dumayo sa Bicol para maglunsad ng kampanyang militar. Sinamantala 'yon ng kaaway. Nagbuo sila ng grupong paramilitar, 'yong tinatawag na Solo Brothers na siyang nandahas sa masa natin sa Guinyangan, sa Buenavista, sa Lopez, ganun. Halos isang taon 'yon. Noong bumalik ang hukbo diyan, wasak na ang base natin. Mga CAFGU na 'yong ibang masa, nagtayo na ng mga detatsment, mga lumayas na ang matitino natin, wala na doon sa erya nila. Marami na ang mga pinatay.

Nagkasa tayo ng pagsisikap na bawiin, pero *recovery by fire*. Ang tawag doon ay 'yong Oplan Pagbabalik Lawin noong 1988-89. Sa balangkas ng lantay militar na lapit, na paparusahan ang may mga kasalanan sa atin, bibirahin 'yong mga CAFGU detatsment, at hindi pa talaga mapagpunyaging gawaing masa. Kaya imbes na mapagaan 'yong pagbawi, lalo pang tumigas.

Noong panahon na ng IDKP, ang pagbabalik natin ay sa balangkas na ng matiyagang gawaing masa. Nagbuo ng *special commando unit* na talagang tiyagaing bawiin 'yong mga baryo natin. Nagpupuna tayo sa sarili. Nakakaranas na itinataboy tayo ng masa. "Ba't kayo nandito, ang tahimik ng buhay namin, guguluhin na naman ninyo kami," ganoʼn. Kaya magpupuna ang mga kasama, hindi papapasukin sa bahay, kahit sa labas lang, gabi. Tapos, matapos makapagpaliwanag, aalis din ang mga kasama, bandang huli, babalikan uli nila, ganun ang antas. Hanggang sa "umalis na kayo, isusumbong ko kayo sa mga sundalo". Kasi kung hindi sila magsusumbong, baka 'yong kapitbahay nila ang magsusumbong. Ganoon ang inabot. Hanggang sa makuha ulit 'yong tiwala nila, hanggang sa mapapasok na uli 'yong mga kasama, mapatuloy na uli sa bahay, hanggang mabawi na natin uli 'yong mga baryo. Pero dumaan 'yon ng taon din bago natin talaga nabasag 'yong ganoong klima.

Sa proseso, kalagitnaan ng 1994, ay pinatupad na ang pagbubuwag ng komiteng distrito tapos pinalitan ng KT-Sangay sa platun na tuwirang nakapailalim sa komiteng larangan. 'Yong aming sangay sa platun ay binubuo ng apat na iskwad na SYP na sumasaklaw sa apat na bayan. Ang iskwad namin, SYP, ay dito naitalaga sa San Francisco, San Andres.

Noong 1995, parang pinag-aaralan pa lang namin 'yong sitwasyon ng lugar. Lima-pito kataong SYP lang kami. Pinakamataas namin, siyam. Hindi pa namin masyadong sapul ang wastong manera, paano ang tamang dispersal, ang pagkonsentra, tapos paano ang tamang linya ng prop, tapos tutok ng sino ang dapat organisahin. Kaya isang GP bawat buwan lang kami. Tapos sa loob ng isang taon noong 1995, ang napasampa lang namin ay isa, kaya nadagdagan lang kami ng isa.

Pero pagdating ng 1996, lalo na noong magkonsolida na, naglunsad ng mga pagsasanay, ng pag-aaral, nasapul na namin 'yong saan talaga ang pokus ng pag-oorganisa. Tinumbok namin ang pangunahing populasyon na pinakamaralita at pinakaapi sa mga asyenda sa dulong Bondoc Peninsula. Kasi, 'yong dulo ng San Francisco, San Andres, San Narciso, Mulanay, Buenavista, 'yong tinatawag na *hacienda belt*. 'Yon ang pinasok namin.

Sa ginagawa namin, tinitiyak namin na bawat suliranin ng masa na inilalapit nila sa amin ay may malinaw na nagagawang solusyon, kaya nagiging inspirasyon ng masa sa pagtupad nila sa kanilang gawain. Mabilis naming naitayo ang mga GP hanggang naging KP, naging sangay, MB. Kinakaya naman nilang mag-organisa sa sarili nila. Ihahanda nila ang masa, darating kami, may mga karanasan kami na kausapin lang namin 'yong pinakasusi, tuturuan namin kung papaano uugnay, bibigyan namin siya ng iskedyul ng ganito. Pagdating doon, may nakahanda na siyang 30, 40, na bubuuin na namin. Kung trentang pamilya 'yan, e di kung ilang GP-magsasaka 'yan, kung ilang GP-kababaihan. Kaya sa isang upuan, makakabuo ka ng ganoon karami. Nakuha namin 'yong tempo, nakakapagbuo na kami ng halos isang GP isang araw. Nagaabereyds kami ng minimum 30 GP sa loob ng isang buwan, basta isang buwang singkad ng *masswork*. 'Yong bahaging Jelmon na 'yon, sa halos buong dekada '90, ang nagdala ng sulo sa usapin ng kilusang masa, ng bilis, ng sigla. Hanggang naging libu-libo na uli 'yong organisadong masa, duksong-duksong na uli 'yong mga baryo. Ilampung sangay ang naitayo namin, ilampung GP, ilampung milisya — daan-daan ang milisya. Tapos kaakibat niyan, 'yong plano sa mga kampanya sa rebolusyong agraryo.


Ang isang pakikibaka noong una, doon sa isang asyenda, ay bawal magtanim kasi tataniman ng mahogany. O, di ang pinlano namin, paano pakikilusin ang masa para ang mahogany ay mapatay, at

nagtagumpay naman. Dahil ang mais ang *staple food* talaga ng masa doon, e.

Tapos 'yong isa pang laban, 'yong upa sa lupa na sinisingil sa mais, 25% ng *gross*. Ang bilangan doon per puso ng mais. Kung isang daang puso, bentesingko ang sa may-ari, sitentay-singko ang matitira. Nagawang umabot ng 5% lang sa laban na 'yun.

Naging batayan din 'yon sa mabilis na paglaki ng hukbo, mula 1997-1998, pataas na 'yan, hanggang 2001. Hanggang sa nakakapag-padala na kami sa ibang mga yunit sa loob ng larangan at kahit sa labas ng larangan, sa ibang prubinsya, hanggang sa iba pang rehiyon. Nakapagpadala kami sa Cagayan Valley, sa Cavite.

Nagkaroon din ng ilang pag-aayos noong 1995 naman. Ipinatupad ang konsepto ng larangang gerilya na saklaw ng isang distrito, may laking kumpanyang hukbo, may minimum na dalawa hanggang apat na platun. Kaya ang buong SQ-BP, nahati sa dalawang larangan. Hating kapatid 'yon. Tig-singkwenta'y singko ang pwersa, hati sa lakas-pamutok, tig-isang *generator*. Nahati sa tinatawag na FSQ, Far South Quezon at saka Near South Quezon o 'yong NSQ. Pagdating ng 1998 ay ipinatupad na 'yong *provincialization* sa buong Quezon. Sinaklaw ng First District 'yong Real-Infanta-Nakar kasama ang Polilio Group of Islands. Tapos, 'yong Second District na sumasaklaw ng Tiaong hanggang Sariaya, kasama na 'yong *lone city* niya, 'yong Lucena. Binubuo 'yon bale ng apat na larangang gerilya, na may dalawang laking-kumpanya, isang pinalaking platun, at isang laking platun.



Noong 1997, naging parte kami ng pagpapasigla ng mga taktikal na opensiba sa buong rehiyong Timog Katagalugan. 'Yong erya namin, ilang TO din ang nailunsad noon—isang ambus na laking kumpanya, parsyal lang ang tagumpay pero tinamaan ang mismong pinuno ng batalyon ng 74th IB, June 2, 1996. Tapos 'yong reyd sa Tabugon HQ ng PMG, mga isparu, 1997 'yon. Hanggang sa mag-*provincialize*, naitayo rin ang pamprubinsyang yunit gerilya, 'yong PYG, na nanguna sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba sa buong prubinsya.

Ang matingkad na labang naipanalo mula 1998 ay sa asyenda ni Juansan (Juanito Tan) sa San Francisco. Isa siya sa pinakamalaking panginoong maylupa sa Bondoc Peninsula na nagpapatupad ng pinakamatinding pagsasamantala sa masa. Tersyo ang partehan sa niyugan, sariling gastos ng masa. Naipanalo na maging 60-40 na alis ang gastos sa tapas, kawit at saka hilada. Mula sa dating limampiso ang mura kaysa sa presyong bayan ng presyo ng bodega ni Juansan, ay naging presyong bayan. Kaya limang piso ang dagdag sa bawat kilo. Tapos mula sa dating 25% ang resikadang kinakaltas, naging 15% na lang, kaya 10% ang naipagtagumpay ng masa. Mula sa dating pinalayas ang mga magsasaka ay naipabalik sa pwesto 'yong ibang mga pinaalis. Tapos binuwag 'yong pastuhan sa loob ng asyenda at pinasaka sa mga magsasaka ang pwesto sa loob ng asyenda. Kaya naging isang *model* na laban 'yon sa halos buong prubinsya at 'yon ang naging *take-off* din ng laban at paglakas sa iba pang mga asyenda sa *hacienda belt* sa buong dulong Bondoc Peninsula. Syempre, nag-*react* din ang kaaway, at maraming ginipit na masa, winanted na mga lider, pero 'yong tagumpay na 'yon ay hanggang ngayon napapakinabangan ng mga magsasaka.


Ilampung libong ektarya na ang naipagtagumpay diyan simula nang dekada 80, nang sumulong tayo. Sa kalakhan ng SQ-BP ay naipanalo na ang tersyong baliktad. Tapos, noong nagkaroon ng ilang paghina tayo bunga ng kapabayaan sa gawaing masa, nakabalik sa 50-50, pero hindi na sa tersyuhan. Kaya ang kalakhan ng 50-50 ngayon sa SQ-BP ay dinulot 'yan ng tagumpay ng laban natin sa rebolusyong agraryo.

May mga lupaing inabandona ng panginoong maylupa, tulad ng libu-libong ektarya ng mga Cojuangco, na inayos na sa balangkas ng programa sa rebolusyonaryong gabay sa reporma sa lupa, para ma-

tiyak na tuloy-tuloy na mapakinabangan ng masang magsasaka at matiyak na patuloy na mapaglingkod sa rebolusyon at sa digma ang mga tagumpay ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka at ng rebolusyong agraryo.

Kasabay noon, nagsulong uli ng mga panibagong laban. Isang naging matingkad ay sa Quezon, 'yong noong 2000 na bumagsak ang presyo ng kopra sa halagang dalawampiso halos ang isang kilo. Dalawampiso, *two-fifty* ang inabot samantalang noong 1982 ay bumagsak din 'yan sa ganyan, e 1982 'yon, dalawampiso. E ngayon, 2000, bumagsak ng dalawampiso! Halos wala nang nagkokopras na mga magsasaka kasi lugi lang din. Tinutubuan ang mga niyog. Kaya naglunsad ng pamprubinsyang pagkilos ang mga magniniyog sa buong Quezon, kampanya sa pagpapataas sa presyo ng kopra. Tapos, pagpawi sa iligal na kaltas sa resikada, tara, saka taktak.

Hinarap natin ang Oplan Makabayan ng rehimen ni Erap. Sa kabuuan, pasulong, mabilis, lalo na nang makuha na yong tempo ng pag-aayos ng base. Sa kabila ng pagsisikap ng kaaway na mapigil, tuluy-tuloy ang paglakas. May ilang pinsala rin ang dinanas natin. Pinakatampok na diyan 'yong pagkakakubkob sa mga kasama na naglulunsad ng BKP sa Bgry. Landing, Tagkawayan noong Nob. 13, 2008 kung saan ay napatay ang apat na nasa hukbo at apat na lokal. 'Yong taga-lokal na mag-asawa, at 'yong isang buntis na babae ay nahuli ng 16th IB na buhay at tinuluyan nilang patayin, kaya tina-



tawag nating masaker na Tagkawayan 8.

Pagdating ng 2001–2002, Oplan Bantay Laya Uno na ‘yon. ‘Yon na ang simula ng pokus ng rehimen sa Timog Katagalugan, dahil isa ito sa mayor na nagpakita ng pagsulong noong huling bahagi ng dekada ‘90, kaya ginawang *national priority concern* ng rehimen ni Gloria Macapagal Arroyo sa pagwasak sa rebolusyonaryong kilusan. Sa Oplan Bantay Laya Uno, ang pinokosan ay ang hangganang Laguna-Quezon, Banahaw *area*. Syempre, kasabay din niyan ang SQBP. Ang dalawang distrito ng Quezon, hindi na nawalan ng dalawang Infantry Battalion na panagupa bukod pa ang *mobile group* ng PNP at ang mga CAFGU na pumokus sa pagwasak. Kinaharap diyan ang tuluy-tuloy na paglaban at pagbigo sa Oplan Bantay Laya Uno mula 2001 hanggang 2005.

Tumindi pang lalo ‘yan mula 2006 noong ideklara ang Oplan Bantay Laya Dos na inilagay na bilang *first priority* ng pagwasak ang larangan ng SQ-BP, ‘yong Far South Quezon lalung-laluna, at ang Near South Quezon, laluna dito sa may hangganang Quezon-Bicol. Dumanas tayo ng ilang mga pinsala. Ang pinakamatingkad na pinsala natin diyan ang pagkamartir ni Edilberto Escudero na kalihim ng Far South Quezon natin sa isang labanan na depensiba, kubkob sa Brgy. Punta, San Narciso, Quezon noong November 26, 2006. Bukod doon, ang serye ng labanan na pinakitunguhan mula sa Lopez, hanggang pumasok sa Far South Quezon, hanggang bahagi ng San Narciso, Mulanay, Catanauan. Disyembre 2007 ang kanyang taning na dapat ay wasak na pero napanatili nating nakatayo. Bagamat may mga pinsala at may ilang pag-atras, patuloy na napreserba natin ang sapat na lakas sa dalawang larangan para sumulong noong 2007, sa ilalim pa rin ng pamumuno ng komiteng rehiyon at ng komiteng prubinsya.

Nagsimula noong 2010 ‘yong huling bigwas ng Oplan Bantay Laya Dos, talagang medyo mabigat din ang kinaharap ng mga kasama diyan, at tumindi sa mga serye ng mga kubkob at mga pinsala, paghuli, na naganap nang unang hati ng 2012, na halos muntik nang ikawasak ng buong SQ-BP. Kaya ipinagmamayabang na noon ng kaaway, lalo na ng Heneral na si Año, na nasa-*closing curtain* na raw ang rebolusyonaryong kilusan laluna ang hukbong bayan at ang Partido sa Quezon, laluna sa SQ-BP.

Pinakamatitingkad na malalaking depensibang labanan natin

diyan 'yong nangyari sa San Narciso noong June 30, 2012, kung saan ay namartir ang labing-isang kasama, sa kauna-unahang pagkakataon, na pinamunuan ni Arman Arbarillo, si Ka Jun, si Ka Cristy, si Ka Royale, si Ka Elmer, si Ka Robin, 'yong anim pang kasama. 'Yon ang katindihan. Mas nauna pa roon 'yong depensiba, noong April 30 na ikinamartir nina Ka Sol o Pamela Jane Lapis at Ka Manilyn Carabot. Sa loob ng isang buwan ay may tatlong linggong may depensibang may patay tayo. Kaya 'yon ang medyo malungkot na sitwasyon 'yan, na umabot naman sa talagang masinsin ang pakat ng kaaway, umabot sa apat na batalyon—tatlong batalyong impantri, isang batalyong *special force*, halos dalawa't kalahating batalyong CAFGU, bukod pa 'yong isang batalyon ng *mobile group* na nakapwesto sa buong South Quezon-Bondoc Peninsula, bukod pa ang pwesto ng CMO Battalion ng 2nd ID. Talagang tinutukan para i-*blitzkrieg* na wasakin ang buong hukbo at Partido sa SQ-BP.



Si Pamela Jane Lapis o Ka Sol habang nagbibigay ng pag-aaral

Sa loob lang ng tatlong taon, meron tayong nasa sisentang pinsala, bente-kwatro ang martir na kasama, trentaydos na nadakip, at apat ang sugatan. Ngayon lang nangyari sa kasaysayan ng Timog Katagalugan ang ganoon kalaking pinsala sa maiksing panahon at sa isang maliit na erya. Talagang ininda natin at naobliga tayong pansamantalang lisanin ang buong SQ-BP para makapagpreserba ng lakas, makapagpahinga sa inang larangan. Mula doon ay muling nagpalakas para sa pagbalik.

Dahil ang baseng masa na naitatag at naipundar natin ay nakabatay sa tagumpay ng rebolusyong agraryo, tagumpay sa pulitika, ekonomya at kultura na inabot na ng mamamayan ng SQ-BP ay nagpa-

tuloy sa paglaban. Kahit walang hukbo, nadala nila sa lansangan ng Metro Manila ang paglantad sa pangil ng Oplan Bayanihan. Naitatag at naikampanya ang Save Bondoc Peninsula Movement. Kahit nakaranas ng mga pinsala ang hukbo, sa mamamayan mismo, naging pandayang apoy ng masa ang sitwasyong iyon para higit silang tumatag at higit na maging matapang sa paglaban sa kaaway. Kaya sa pagbalik ng yunit ng hukbo sa SQ-BP, naghuhumiyaw ang kanilang sigaw ng pangangailangan ng hukbo, armadong pakikibaka at sila mismo ay nagsipagsampahan.

Dahil wala naman tayong malalaking pampulitikang pagkakamali, maayos 'yong kilusang masa. May mga ilang umalis lang, pero halos kalakhan ay nandiyan. Pagdating ng 2014, ganap na muling nakapwesto ang mga yunit ng hukbo sa *mainland* ng South Quezon Bondoc Peninsula. Hanggang ngayon. 'Yon ang masayang kwento na pwede nating masabi.

---

*Resikada – ang moisture content o tubig sa kopra na kinakaltas ng negosyante dahil daw kikipis o gagaan ang kopra matapos ang isang takdang panahon, umaabot ng 25%-30% ng timbang.*

*Tara - ang kinakaltas na dalawang kilo para sa bigat raw ng mismong sakong pinaglagyan ng kopra*

*Taktak- dalawang piso bawat sako na ibinabayad ng magkokopra para sa mga tauhan ng negosyante na nagbubuhat ng sako para ilagay sa timbangan.*

*Nagpapatuloy ang kasaysayan ng pakikibaka sa Timog Katagalugan. Marami pang mga kadre at mandirigma ang makapagbabahagi ng kanilang mga kwento at karanasan, marami pang kahirapan at kabiguan ang haharapin dahil sa tindi ng pagbabantay ng kaaway sa kanilang tarangkahan. Ngunit mas maraming tagumpay ang makakamit at naghihintay sa pagkatok dito ng rebolusyunaryong pwersa.*

*Pangwakas*

# Ang Makabuluhang Papel ng Gawaing Propaganda At Kultura Sa Rebolusyonaryong Pakikibaka

*ng Armas-TK*



Mahalagang rebolusyonaryong tungkulin ang pagsusulong ng gawain sa larangan ng propaganda at kultura bilang bahagi ng kabuuang pagsisikap na isulong ang digmang bayan mula estratehikong depensiba tungong estratehikong pagkapatas. Mahalaga rin ito sa pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa malawak na hanay ng mamamayan sa landas ng rebolusyon.


Naging makabuluhang bahagi ng paglulubos ng mga tagumpay ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto ang pagsusulong ng gawaing propaganda at kultura sa rehiyon. Pinakamasisigla ang mga taong 1996 hanggang 2005. Naging malaganap at masaklaw ang gawaing propaganda at kultura sa rehiyon—mula sa mga nakasulat na propaganda, mga rebolusyonaryong awitin hanggang sa mga pelikula at ang paggamit ng iba't ibang daluyan: brodkas, pelikula at tanghalan.

Regular na inilathala ang KALATAS, ang rebolusyonaryong pahayagang pangmasa sa rehiyon. Ito ang naging daluyan ng mga pagsusuri, panawagan at paninindigan ng Partido sa maiinit na usaping kinakaharap ng mamamayan sa Timog Katagalugan. Taun-taon ding inilalabas ang DAGITAB, ang rebolusyonaryong lathalaing pampanitikan ng Artista at Manunulat ng Sambayanan-TK (ARMAS-TK). Naglalaman ito ng mga likhang tula, sanaysay, maikling kwento, dula, awit at mga dibuho ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan, mga kasapi ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa at ng pambansa-demokratikong kilusan.

Sa mga panahon ding ito inilabas ang dalawang album ng mga rebolusyonaryong awitin, ang *Dakilang Hamon* at *Alab ng Digmang Bayan.* Inilabas sa pakikipagtulungan sa katabing rehiyon ang *Martsa kan Bicolandia*. Breyktru din ang pag-ere ng Radyo Pakikibaka, ang rebolusyonaryong himpilang panghimpapawid sa rehiyon na pinangunahan ni Kasamang Gregorio "Ka Roger" Rosal. Magiliw itong inantabayanan ng mamamayan sa 100.7 FM tuwing Linggo.

Sa larangan naman ng *multimedia*, iniluwal ng masiglang kilu-

sang masa sa kalunsuran ang magkakasunod na mga bidyo ng mga pakikibang bayan tulad ng *Oust Erap* at *Red Saga*. Ipinakita naman ang marahas na kamay ng rehimeng US-Arroyo at ng mersenaryong militar sa *Alingawngaw ng mga Punglo*. Binigyang mukha ang buhay at pakikibaka ng mga dakilang martir sa mga bidyong *Armando Teng*, at *Eden at Eddie*. Naglabas din ng *instructional video* ng *Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino* na mabisang paraan sa pagtuturo ng paksa at nakapaglunsad ng mga palihan sa malikhaing pagsulat at pagguhit, gayundin ang paglikha ng *shadow play* at bidyo hindi lang sa kalunsuran kundi maging sa loob ng mga sonang gerilya.



Naging mainit sa mata ng kaaway ang ipinamalas na pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon. Bunsod nito, inilagay ang TK sa pambansang prayoridad ng mga Oplan na ipinatupad ng mga nagdaang rehimen. Ang mga rebolusyonaryo sa kalunsuran ang sumapo sa lupit at pasistang teror sa anyo ng mga ekstrahudisyal na pagpaslang at pagdukot sa mga lider at aktibista ng kilusang masa. Binuhusan din ng libu-libong mersenaryong tropa ang mga larangang gerilya sa kanayunan at mga komunidad ng mga magsasaka.

Ang pasistang atake ng kaaway ay nagdulot ng dislokasyon sa makinarya sa propaganda at kultura sa rehiyon. Sa gitna ng pagganap ng mga kasama sa pangrehiyong istap sa propaganda at kultura, tatlo sa mga haligi nito ay napaslang sa labanan. Aktibo silang nakibaka kasama ng mga Pulang mandirigma ng BHB at mamamayan sa kanayunan. Ibinunga nito ang pansamantalang pagkatigil ng regular na paglalabas ng Kalatas at Dagitab, at ng mga nasimulang proyekto sa pagpapalaganap ng mga rebolusyonaryong awitin at likhang sining. Gayunman, ipinamalas ng mga rebolusyonaryo at progresibo ang pambihirang tibay sa pakikipagpukpukan sa pasistang kaaway. Tuluy-tuloy na pinagsumikapan ng mga rebolusyonaryong pwersa ang pagpapasikad ng mga gawain sa propaganda at kultura. Ang nalikhang pugwang ay pinunan ng iba't ibang anyo ng propaganda na nakadikit sa mga kampanyang masa.

Sa pamumuno ng panrehiyong

sentro ng Partido, itinulak ang pagsisistematisa at muling pagpapasigla ng gawaing propaganda at kultura sa rehiyon. Bunsod nito, muling umingay ang pamamahayag sa publiko ng mga rebolusyonaryong organisasyon tulad ng National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) at mga kaalyadong organisasyon nito tulad ng Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA), Kabataang Makabayan (KM), Pambansang Katipunan ng Magbubukid (PKM), Revolutionary Council of Trade Union (RCTU), Artista at Manunulat ng Sambayanan (ARMAS-TK) at Christians for National Liberation (CNL-ST). Sumabay din ang pamamahayag ng mga tagapagsalita ng mga lokal na kumand ng Bagong Hukbong Bayan na nagtatanghal sa mga tagumpay ng armadong pakikibaka sa kanayunan.

Muling sumigla ang paglulunsad ng mga palihan hanggang sa loob ng mga sonang gerilya. Taong 2013 ay matagumpay na nakapaglunsad ng pagsasanay sa paggawa ng bidyo at pagguhit na dinaluhan ng mga Pulang mandirigma mula sa iba't ibang *subregional military area*.

Bahagi rin ng araw-araw na pampulitikang gawain sa mga larangan ang paglulunsad ng balitaan na tinaguriang Radyo Pakikibaka. Sa pangunguna ng Seksyon sa Pulitika ng BHB, araw-araw na nangangalap ng maiinit na balita sa ekonomya, pulitika, militar, ibayong dagat, lokal at iba pa na nilalapatan ng kaukulang mga pagsusuri. Ang programa ay tipong *live broadcasting* kung saan may *anchors* na nagbabasa ng balita, *reporter* na tinaguriang Ronda Gerilya at ang Tinig ng Rebolusyon (TNR) kung saan pinalalalim ang pagsusuri sa mga tampok na balita at kaganapan na siyang magsusuma sa balitaan. Ang TNR ay pagpupugay din sa kauna-unahang brodkaster ng Radyo Pakikibaka na si Ka Roger.

Sa karamihan ng mga larangang gerilya sa rehiyon, inilulunsad mula Lunes hanggang Biyernes ang regular na edisyon ng Radyo Pakikibaka. Ang araw ng Sabado ay nakalaan sa ispesyal na edisyon na kinatatampukan ng pagsusuma sa mga balita sa nakalipas na linggo o di kaya ang pagtalakay sa mga nilalaman ng Ang Bayan, Kalatas at ng rebolusyonaryong pahayagang pangmasa sa lokal. Espesyal na programa naman ng mga rebolusyonaryong awitin, tula at dula ang itinatanghal tuwing Linggo. Maliban pa rito, regular na inilulunsad ang mga kapihan at mga pangkulturang programa sa tuwing may mga ispesyal na okasyon.

Ang masiglang gawain sa rebolusyonaryong propaganda at kultura ay nakahihikayat sa pagsigla ng progresibo at makabayang kultura sa hayag na kilusang masa. Masigla rin ang iba't ibang tipo ng mga aktibidad tulad ng *art exhibits*, *factsheet*, *benefit gigs* na nagtatampok sa mga isyu ng kahirapan, pambubusabos, paglabag sa karapatang pantao at kawalan ng serbisyo. Sa pamamagitan ng mga ito, nagkakaroon ng daluyan ang malikhaing sining ng iba't ibang mga artista at naigigiya ang kanilang obra sa paglalarawan ng tunay na buhay at pakikibaka ng masa. Inilulunsad ng kilusang masa ang mga regular na *photo exhibit* na tinaguriganag LIGALIG. Ang *FACTSHEET art exhibit* naman ay mga obrang hango sa mga *factsheets* ng mga *human rights violations* na isinasagawa taun-taon tuwing Disyembre 10. Maging ang mga bilanggong pulitikal ay nakapagbahagi ng kanilang mga likha sa OBRA MULA SA KARSEL. Inilunsad ang mga nasabing *exhibit* sa mga pormal na *galleries* sa mga *mall*, sa mga eskwelahan at simbahan at maging sa lansangan kasabay ng mga pampulitikang pagkilos ng mamamayan. Ipinakita ng mga larawan at mga likhang sining ang kalunus-lunos na kalagayan ng mga manggagawa, magsasaka, kababaihan, kabataan at iba pang aping sektor ng lipunang Pilipino. Itinampok din ang paggamit ng *wheatpaste art* na nagpakita ng mga imahe ng armadong pakikibaka sa mga pader sa kalunsuran. Katuwang ng mga ito ang regular na mga *mobile propaganda teams* (MPT) at *propaganda-agitation and organizing teams* (PAOT) na sumusuyod sa mga komunidad.

Masigla ring inilunsad sa mga kalunsuran at kabayanan ng rehiyon at maging sa Kamaynilaan ang mga raling iglap ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa tuwing anibersaryo ng Partido, Hukbo at NDFP, at ang mga martsa-parangal para sa mga martir ng rebolusyon. Hayagang ipinaparada ng mga mamamayan sa malikhaing paraan ang mga bandila ng Partido, BHB, NDFP at ng mga rebolusyonaryong organisasyong masang kanilang kinakatawan, at mga istrimer o *mural* na nananawagan ng pagsapi sa hukbong bayan at ibayo pang pagpapaigting sa digmang bayan. Isa nang tradisyon ang paglulunsad ng mga hayagang parangal at pagpupugay sa mga martir at bayani ng rebolusyon.

Para sa mga rehiyong kanugnog ng Kamaynilaan tulad ng Timog Katagalugan, may mahalagang lugar ang pakikipagpukpukan sa labanan sa pulitika at ekonomya para yanigin ang kaaway sa kanyang sen-

tro habang nagpapalakas pa lamang ang armadong pwersa sa kanayunan. Isang papalaking hamon sa mga rebolusyonaryo ang higit pang pagpapasigla ng gawaing propaganda at kultura, at pagpapaunlad ng iba't ibang mga tipo nito para makapag-ambag sa pagsusulong ng armadong rebolusyon sa kabuuan. Sa huli, tunay na masusukat lamang ang epektibidad ng gawaing propaganda at kultura sa pagdaluyong ng bilang ng masang namulat, naorganisa, napasapi sa Partido, napasampa sa hukbong bayan at napakilos sa landas ng rebolusyon.



# Pasasalamat

Nagpapasalamat ang Patnugutan ng ***ULOS*** sa lahat ng kasamang nag-ambag ng obra at tumulong sa pagbubuo ng isyung ito. Salamat kay Ka Art sa pagtulong sa panayam, at sa mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan, Melito Glor Command, na nagbigay ng panahon para maibahagi ang naka-pupukaw nilang mga karanasan; at sa publikasyong ***Dagitab, Kalatas*** at ***Himig ng Himagsikan*** ng Southern Tagalog at ***Alab*** ng Bikol na pinagkunan ng ilang mga likhang sining na ginamit sa isyung ito.